

PAGSULONG NG KULTURA NG PAGPIGIL SA TORTYUR SA TIMOG-SILANGANG ASYA

Mga karanasan mula sa Indonesia at Pilipinas:
Mga kabanata mula sa pananaliksik
“Does Torture Prevention Work?”

DISYEMBER 2018



association pour la prévention de la torture
asociación para la prevención de la tortura
association for the prevention of torture

The Association for the Prevention of Torture (APT) is an independent non-governmental organisation based in Geneva, working globally to prevent torture and other ill-treatment.

The APT was founded in 1977 by the Swiss banker and lawyer Jean-Jacques Gautier. Since then the APT has become a leading organisation in prevention of torture. Its expertise and advice is sought by international organisations, governments, human rights institutions and other actors. The APT has played a key role in establishing international and regional standards and mechanisms to prevent torture, among them the Optional Protocol to the UN Convention against Torture (OPCAT) and National Preventive Mechanisms.

The APT's vision is a torture free world where the rights and dignity of all persons deprived of liberty are respected.

Association for the Prevention of Torture – APT
P.O. Box 137
1211 Geneva 19
Switzerland

Tel: + 41 22 919 21 70
Email: apt@apt.ch
Facebook: [apt.geneva](https://www.facebook.com/apt.geneva)
Twitter: [@apt_geneva](https://twitter.com/apt_geneva)
Web: <https://apt.ch>

© Ang mga kabanatang ito ay kinuha mula sa "Does torture prevention work?" ni Dr Richard Carver dan Dr Lisa Handley, na nailathala ng Liverpool University Press, 2016 at at muling nilimbag at isinalin nang may pahintulot ng tagapaglathala.

Cover picture: © Hands and Bars, Shazeera Zawawi

ISBN: 978-2-940597-13-0

TALALAMANAN

PAMUNGAD	i
TUNGKOL SA PANANALIKSIK	ii
ANG MGA MANANALIKSIK	iii
PILIPINAS	11
Panimula.	11
Mga pagkakataon ng tortyur	12
Batas sa Pagkakakulong.	19
Batas ng Pag-uusig at pagsasagawa	30
Reklamo at Pagmamanman batas at pagsasagawa	41
Konklusyon	49
INDONESIA	51
Kontekstualisasyon ng tortyur sa Indonesia	51
Mga Pagkakataon ng Tortyur	57
Tortyur sa batas ng Indonesia.	69
Ang pagsasagawa	77
Mga Reklamo at Pagmamanman (batas at pagsasagawa)	87
TALABABA.	99



PAMUNGAD

PAGTATAGUYOD NG ISANG KULTURA NG PAGPIGIL SA TORTYUR AT PAGMAMALTRATO SA TIMOG SILANGANG ASYA

“Walang sinuman ang dapat mapasailalim sa tortyur o sa malupit, di-makatao o nakahihiyang pagtrato o parusa.” Ito ay hindi lamang ang pangako na ginawa ng Universal Declaration on Human Rights, 70 taon na ang nakararaan; Ang Artikulo 14 ng 2012 ASEAN Declaration Human Rights ay kinikilala din ito.

Ang diwa ng Artikulo 14 ay ang pagpipigil: ang lipunan ay gagawa ng mga hakbang upang ang tortyur ay hindi magaganap. Kinikilala rin nito na walang Estado ay ligtas mula sa panganib ng tortyur at pagmamaltrato: lahat ng mga Estado ay dapat na gumawa ng mga hakbang upang ito ay mas malamang na hindi mangyari. Ang pagpipigil ay batay sa pagtutulungan sa halip na pagbabatikos, sa pag-uusap sa halip na paghuhusga. Sa nakasanayan, ang epektibong pagpipigil ay umaasa sa pagpapatupad ng Estado ng isang hanay ng mga kongkreto at makabuluhang mga hakbang. Kapag ang mga hakbang na ito ay pinagsama, isang pagpipigil na ekosistema na pinoprotektahan ang buong pamayanan laban sa lason ng tortyur ay nilikha.

Ang Association for the Prevention of Torture (APT) ay naging aktibo sa pagpapakilos ng mga Estado na pabor sa pagpigil sa tortyur at pagmamaltrato sa nakaraang 40 na taon. Ang aming gawain ay hindi lamang batay sa aming pananalig ngunit ito din ay suportado ng ebidensiyang empirikal. "Does torture prevention work?" -Isang malayang akademikong pananaliksik na inatasan ng APT- at inilathala noong 2016 ang nasuri ng mga pagsisikap sa pagpigil ng tortyur, sa loob ng 30 na taon (1983-2014) sa 16 na bansa na kabilang ang Indonesia at ang Pilipinas. Ang pananaliksik ay isinagawa sa pamamagitan ng kwalitatibo at kwantitatibo na pamamaraan upang suriin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga pagsasagawa ng tortyur at mga panukala sa pagpigil sa batas at pagsasagawa.

Ang mga resulta ng kabuuang pananaliksik ay kapaki-pakinabang at napapanahon para sa rehiyon ng Timog Silangang Asya. Matatagpuan ang pinakamatinding epekto sa pagbabawas ng panganib ng tortyur sa mga panukala na binasag ang lihim na nakapalibot sa pagkulong at tiniyak ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga bilanggo at mundo sa labas:

- Ang di-opisyal at lihim na pagkulong ay bumubuo sa isa sa mga pinakamataas na panganib na kadahilanan para sa tortyur at pagmamaltrato. Ang lahat ng uri ng lihim at incommunicado na pagkulong ay samakatuwid dapat na ipagbawal. Ang pagkatuklas ng isang lihim na piitan sa isang kulungan sa istasyon ng mga pulis sa Maynila noong 2017 ng Komisyon ng Karapatang Pantao sa Pilipinas ay nagpakita kung paano ang paggamit ng mga di-opisyal na pagkulong ay nagpataas at nagdagdag sa panganib ng pagpapatupad ng batas na gumagamit sa tortyur at pagmamaltrato.
- Ang abiso ng pamilya kaagad matapos maaresto ay isa din sa pinakamataas na epekto sa pagbabawas ng panganib ng tortyur. Ito ay isang simpleng hakbang na praktikal at sulit. Ito ay ang unang mahalagang ugnayan sa pagitan ng naaresto at ng kanyang pinagkakatiwalaang mga tao na maaaring makatulong na matiyak ang kanyang kaligtasan at kapakanan habang nasa pangangalaga ng pulisya.

- Ang pagbibigay daan sa paggamit ng abogado mula sa mga unang oras na nasa pangangalaga ng mga pulis ay ang ikalawang pinakamataas na ugnayan sa pagbabawas ng tortyur at pagmamaltrato. Ang mahalagang pananggalang ito ay nakinita sa pagbabatas sa karamihan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya, pati na sa Indonesia, Pilipinas at Thailand. Gayunpaman, sa pagsasagawa, ang paggamit sa isang abogado ay humaharap pa rin sa maraming balakid, tulad ng mga pagkaantala sa abiso ng pag-aresto, kakulangan ng mga walang pinapanigang abogado, kawalan o mahinang sistema sa ligal na pagtulong.
- Sa wakas, ang walang pinapanigang panlabas na pagbabantay ng mga lugar ng pagkulong ay may isang papel na ginagampanan at epekto sa pagpigil sa tortyur at pagmamaltrato. Ang pananaliksik ay nagpapakita na ang hindi hayag na pagbisita sa lugar ng pagkulong at ang posibilidad na magsagawa ng mga pribadong panayam sa mga taong pinagkaitan ng kalayaan, (halimbawa, labas sa paningin at labas sa pandinig ng nagpapatupad ng batas) ay makakatulong sa pagbabawas ng panganib ng tortyur at pagmamaltrato. Ang paniguraduhin ang malayang pagbisita sa lugar ng pagkulong ay ang susi, na naitatag sa kapwa karanasan ng mga Indonesiyo at Pilipino na nabanggit sa itaas.

Ang pananaliksik na ito ay nagtatampok din ng isang mahalagang agwat sa pagitan ng mga batas at pagsasagawa. Sa karamihan ng mga bansa, ang batas ay mukhang maganda sa papel ngunit dimabuti ang pagpapatupad. Ang kontradiksyong ito ay tinutukoy bilang “doble kara” (dalawang mukha) sa kabanata ng pananaliksik sa Pilipinas.

Panghuli, ang mga pananaliksik at ang mga kabanata ng dalawang bansa ay nagpakita din na ang higit na nararapat na pagsasalay sa mga pag-amin sa loob ng sistema ng hustisyang kriminal ay bumubuo sa isa sa mga pangunahing insentibo para sa tortyur at pagmamaltrato. Ang mga interogasyon ng pulisya na may kasamang panganib ng sapilitang pag-amin ay dapat mapalitan ng isang bagong mabisang pamamaraan ng panayam na bahagi ng isang

imbestigasyon. Sa Indonesia, ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay sa kasalukuyang sinasanay sa paraang ito at ang mga katulad na pagsasanay ay nagsisimula na ring gamitin sa Thailand. Bukod pa rito, ang APT ay kasamang namumuno tungo sa pag-unlad ng isang grupo ng mga tuntunin sa panayam na bahagi ng isang imbestigasyon at kaugnay ang mga pananggala na nagmumungkahi ng isang kongkretong kasangkapan para sa isang mas propesyonal na pamumulis.

Ang pananaw ng APT ay ngayon ang tamang panahon upang ibahagi ang mga importanteng natuklasan at mga mensahe sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. Bilang isang lipunan, ikinokondena natin ang pagpatay ng lahi at ang pang-aalipin bilang mga sumpa sa sangkatauhan. Ngayon na ang panahon upang gumawa ng katulad na pagkilos laban sa tortyur. Upang maipalaganap nang mas malawak sa rehiyon ang mga natuklasan sa pananaliksik, tayo ay gumagawa ng unang hakbang sa paglalathala ng mga kabanata ng dalawang bansa ng mga pananaliksik sa Pilipinas at Indonesia sa Bahasa Indonesia at Tagalog. Umaasa tayo na ang publikasyon na ito ay magbibigay ng inspirasyon sa lahat ng tao, mula sa ang mga awtoridad hanggang lipunang sibil upang ipagpatuloy ang kanilang laban at pagsisikap sa pagpigil sa tortyur.

“Ang pagpigil ay mas mahusay kaysa sa lunas” – sa diwang ito sa isipan, tayo’y humaharap sa paglalakbay na ito nang magkasama!

Barbara Bernath
Punong Kalihim
Geneva, 29 Oktubre 2018

TUNGKOL SA PANANALIKSIK

"Gumagana ba ang pag-iwas sa tortyur?" Noong 2012, kinomisyon ng Association for the Prevention of Torture (APT) ang isang independiyenteng at malalim na pananaliksik upang matugunan ang katanungan. Isang pangkat ng mga mananaliksik na pinamunuan nina Dr. Richard Carver at Dr. Lisa Handley, ay pinag-aralan ang epekto ng mga hakbang sa pag-iwas sa tortyur sa mahigit na tatlong dekada (1985-2014), gamit ang isang kumbinasyon ng kwantitatibo at kwalilatibong pag-analisa. Ang mga kwantitatibong pag-aaral ay kinilala ang mga ugnayan sa pagitan ng pagkakataon ng tortyur sa 16 na bansa na sakop at isang hanay ng mga panukalang pagpigil na nakapangkat sa apat na kumpol: mga pananggala sa pagkulong, pag-uusig, pagmamanman sa mga lugar ng mga mekanismo ng pagkulong at reklamo.

Ang mga resulta ay nailathala noong 2016 kasama ang mga kabanata ng mga bansa, kabilang ang Indonesia at Pilipinas. Kinukumpirma ng pananaliksik sa unang pagkakataon na ang pagpigil sa tortyur ay gumagana. Ang mga pananggala sa pagkulong na isinasagawa ay may pinakamataas na ugnayan sa pagbabawas ng tortyur, na sinusundan ng pag-uusig. Ang mga hindi inihayag na mga pagbisita sa mga lugar ng pagkulong at pagmamanman ay may malaking epekto din. Ang mahalaga para mabawasan ang panganib ng tortyur ay hindi mga batas sa aklat ng batas kundi ang pagsasagawa sa mga lugar ng pagkulong.

Ang pag-aaral ay nagpapakita na ang tortyur ay maaaring mangyari sa magkakaibang mga socio-pampulitika na kapaligiran at kalagayan at ang pag-iwas samakatuwid ay kinakailangan sa lahat ng dako at sa lahat ng oras.

ANG MGA MANANALIKSIK

Richard Carver

Si Richard Carver ay may higit sa 30 taon na karanasan bilang isang mananaliksik ng karapatang pantao, nagtatrabaho para sa Amnesty International, Human Rights Watch, ARTICLE 19, at maraming mga ahensiya ng UN. Naglathala siya nang malawakan sa mga pambansang institusyon ng karapatang pantao, lalo na sa pamantayan at pamamaraan para sa pagsukat ng pagganap, epekto at bisa. Orihinal na isang espesyalista sa Aprika, ang kanyang kasalukuyang gawain ay nakatutok sa dakong timog-silangan ng Europa. Nagtataglay siya ng PhD sa Karapatang Pantao at isang LLM sa Pandaigdigang Batas, parehong mula sa Oxford Brookes University, kung saan siya ay isang Senior Lecturer sa Karapatang Pantao at Pamumuno.

Lisa Handley

Si Lisa Handley ay may PhD sa agham pampolitika mula sa George Washington University at nagturo ng kurso sa agham pampulitika at pamamaraan sa Unibersidad ng Virginia, gayundin sa Unibersidad ng California, Irvine at Unibersidad ng George Washington. Siya ay isang independiyenteng tagapayo na nagtatrabaho para sa mga organisasyon tulad ng UNEAS at UNDP, at aktibong kasama sa pananaliksik, pagsulat at pagtuturo sa mga paksa ng mga karapatan ng minorya, demokrasya at halalan. Siya ay naglathala ng higit sa dalawang dosenang mga pang-akademikong artikulo at mga libro tungkol sa mga ito at mga kaugnay na paksa.

Budi Hernawan

Nakuha ni Budi Hernawan ang kanyang PhD mula sa Australian National University sa Canberra, Australia. Siya ay isang Lecturer sa Pandaigdigang Relasyon sa Paramadina Graduate School of Diplomacy at Research Fellow sa Institute for Policy Research and Advocacy (ELSAM) sa Jakarta. Madalas siyang sumusulat para ilimbag at malathala sa elektronikong media sa Indonesia sa mga isyu ng mga karapatang pantao at mga labanan sa Indonesia at sa Pasipiko.

Chris Sidoti

Si Chris Sidoti ay isang abogado sa karapatang pantao, aktibista at guro. Siya ay kasalukuyang nagtatrabaho mula sa Sydney, Australia, bilang pandaigdigang tagapayo ng karapatang pantao, na dalubhasa sa internasyunal na sistema ng karapatang pantao at sa pambansang mga institusyon ng karapatang pantao. Siya ay isang miyembro ng Board of Trustees ng United Nations Voluntary Fund para sa Teknikal na Kooperasyon sa Larangan ng Karapatang Pantao. Siya ay naging direktor ng International Service for Human Rights, na nakabase sa Geneva, Switzerland, mula 2003 hanggang 2007, at ngayon ay isang miyembro ng lupon ng ISHR. Siya ay Komisyonado ng Australia ng Karapatang Pantao (1995-2000), Komisyonado ng Australian Commission Reform (1992-1995) at Direktor ng Foundation ng Australian Human Rights at Equal Opportunity Commission (1987-1992). Siya ay isang karagdagang propesor sa Unibersidad ng Western Sydney, Unibersidad ng Griffith (Queensland), Unibersidad ng Sunshine Coast (Queensland) at ng Australian Catholic University at isang kaakibat sa Sydney Center for International Law sa Unibersidad ng Sydney.

Ricardo Sunga III

Si Ricardo A. Sunga III (Bombi) ay isang abugado ng karapatang pantao at propesor ng batas, na nagsulat at nakapaglathala sa larangan ng batas sa karapatang pantao kabilang ang batas tungkol sa tortyur at mga sapilitang pagkawala. Nagturo siya ng pandaigdigang batas sa karapatang pantao sa Unibersidad ng Pilipinas Kolehiyo ng Batas, at kasalukuyang nagsisilbi bilang Espesyalista sa Reporma sa Batas sa Unibersidad ng Pilipinas Instituto ng Karapatang Pantao. Siya ang Rehiyonal na Tagapangasiwa para sa Pambansang Punong Rehiyon ng Free Legal Assistance Group, ang pinakaunang organisasyon ng mga abogado ng karapatang pantao sa Pilipinas, na naglilitis sa mga kaso ng mga nakakulong dahil sa pulitikal na paniniwala at mga biktima ng tortyur, sapilitang pagkawala at iba pang mga paglabag sa karapatang pantao. Sa kasalukuyan, siya ay may hawak ng isang espesyal na mandato mula sa United Nations, na hinirang ng United Nations Human Rights Council noong Disyembre 2014 bilang Miyembro ng United Nations Working Group of Experts on People of African Descent.

PILIPINAS

by Ricardo Sunga III

PANIMULA

Ano ang ugnayan sa pagitan ng mga batas laban sa tortyur at ng mga pagkakataon ng torture? Gaano ang lawak sa mga panukala upang sugpuin ang tortyur ang naging matagumpay? Masusing sinusuri ng kabanatang ito ang tortyur sa Pilipinas sa pagitan ng taong 1985 at 2014, at maipasisiya na mayroong dalawang mukha ang tortyur sa bansa – batas at pagsasagawa – na magpasahanggang ngayon, malawak na magkahiwalay.

Ang kabanatang ito ay hango sa mga ulat ng mga katawan at ahensiya ng United Nations tulad ng Committee against Torture, United States Department of State, Amnesty International, Human Rights Watch, at iba pang mga NGOs, at mga pakikipanayam sa mga opisyal ng gobyerno at miyembro ng lipunang sibil.

MGA PAGKAKATAON NG TORTYUR

Rehimeng Marcos

Ang panahong Ferdinand Marcos ay nagtapos ng 14 na buwan sa panahong sakop ng pagsisiyasat nito. Ayon sa mga salita ng Free Legal Assistance Group and Foundation for Integrative and Development Studies ng Unibersidad ng Pilipinas: “Ang militar ng Pilipinas ang kamao ng awtoritaryang paghahari ng dating Pangulong Marcos.” Sa pagitan ng 1972 at 1986, ang pinakamagaling na pangkat na nagsasagawa ng tortyur ay naging kanyang instrumento ng lagim. Tortyur at pagpatay ng walang *due process* ay malawakang ginagawa ng estado sa pamamagitan ng mga serye na kautusan ng Pangulo.”¹

Ang mga kautusang ito ang nagsuspinde ng mga pananggala at naglikha ng mga kondisyon na nagdulot ng malaking pagtaas ng panganib ng pag-aabuso ng gobyerno. Isinama nila ang Proklamasyon ng Presidente Bilang 1081, kung saan ipinahayag ang batas military at awtorisadong pagkukulong ng mga indibidwal na kinasuhan ng rebelyon at katulad na mga kadahilanan o kasuwayan (hanggang ipag-utos ng Presidente ang kanilang paglaya),² at Ang Pangkalahatang utos ng Presidente Bilang (General Order No) 2-A na itinuon sa Kalihim ng Tanggulang Pambansa ang pag aresto sa mga tao o indibidwal para sa krimen tulad ng makipagsanib-pwersa upang agawin ang kapangyarihan ng estado.³

Kapwa kautusan ay malawakang ginamit upang supilin ang mga sumasalungat at pulitikal na oposisyon sa rehimen, bagamat ang kanilang tinutukoy ay ang dalawang pangunahing armadong insureksyon na naging aktibo noong panahong iyon (isang pambansang kilusang pinamumunuan ng Maoistang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at armadong kaagapay nito, New People’s Army (NPA), at isang Muslim na separatistang insurhensiya sa Mindanao).⁴

Sa mga panahong ito, ang pinaka karaniwang anyo ng tortyur ay mga: ang abuhan o *ashtray* (pagsunog ng balat gamit ang upos

ng sigarilyo); pagbunot ng mga kuko; *pompyang* or *el telefono* (sinasampal ng sabay ang magkabilang tainga na may malakas na puwersa; NAWASA⁵ (ang paglunas ng tubig); basang submarino (paglubog ng ulo ng biktima sa tubig o inidoro); tuyong submarine (pagtakip ng plastic sa ulo ng biktima upang hindi makahinga); MERALCO⁶ (de kuryenteng pagkagulat); Ruletang Rusya (Russian roulette); panggagahasa o sekswal na pang-aabuso; pagkakakulong na pang-iisa (solitary confinement); sikolohikal at pangkaisipan na tortyur.⁷

Administrasyong Aquino

Noong Pebrero 1986, ang rehimeng Marcos ay naibagsak. Kasunod ng mga malawakang protesta, pinalitan ni Presidente Corazon Aquino si Marcos. Tumaas ang mga ekspektasyon sa karapatang pantao at ang mga tala ng tortyur sa Pilipinas ay napabuti sa panahon ng kanyang panunungkulan (1986-1992).

Sa kasamaang palad, ang sitwasyon ay bahagya lamang napabuti. Ayon sa Amnesty International, gumawa ng ilang mga hakbang si Pangulong Aquino upang matigil ang tortyur nang siya ay manungkulan.⁸ Gayunman, nagpatuloy ang paglitaw ng mga ulat ng tortyur at pang-aabuso sa mga bilanggong pulitikal sa panahon ng pag-interoga ng pulis at mga opisyal ng militar.⁹ Tinanggihan ng militar ang naturang ulat, nakikipagtalo na sila ay bahagi ng mga propagandang digmaan ng mga Komunista. Inamin ng mga opisyal ng gobyerno ang ilang pagkakataon ng tortyur, ngunit itinangging ang paggamit nito ay mga patakaran ng gobyerno.¹⁰ Napagpasyahan ng Human Rights Watch na kahit ang itinalaga ng gobyerno na Komisyon sa Karapatang Pantao o grupo ng malayang tagasubaybay ay may mapagkakatiwalaang istatistika, bagkus tinanggap na maraming kaso ng pagpatay ay may dahilang pulitikal, tortyur, mga sapilitang pagkawala, at hindi patas na mga paglilitis ay dokumentado.¹¹ Ayon kay Sr Cresencia Lucero SFIC (Pinuno ng Task Force Detainees ng Pilipinas) ang mga digmaang inilulunsad ng pamahalaang Aquino laban sa mga rebelde ay pinananatili ang mga kaso ng tortyur sa isang mataas na antas.¹²

Aministrasyong Ramos at Estrada

Sa panahon ng termino ng Pangulong Fidel Ramos (1992-1998) at ni Pangulong Joseph Estrada (1998-2001), bumaba ang ulat ng tortyur. Gayon pa man, patuloy pa rin ang masamang pagtrato ng pwersa ng gobyerno at pagtortyur sa mga indibidwal na hinihinalang nabibilang o sumusuporta sa PKP/NPA o ang mga Muslim na insureksyon sa Mindanao. Maging ang mga nabansagang 'Komunista' o 'rebelde' ay naging biktima rin, kabilang ang mga unyon ng mga aktibistang manggagawa, mga abogado ng karapatang sibil, iba pang mga kritiko ng pamahalaan, at kung minsan ay mga inosenteng sibilyan.¹³

Bagamat ang mga gawaing tortyur ay nanatiling malubha at laganap, ang bilang nito ay bumaba. Ayon sa nabanggit ng Task Force Detainees, iniulat ng Kagawarang ng Estado ng Estados Unidos na bumaba ang mga operasyong laban sa insureksyon at iniuugnay ang mga ito sa pagsisikap na itaas ang kamalayan ng militar sa karapatang pantao.¹⁴ Itinala ng Amnesty International na may ilang pulitikal na bilanggo ang pinalaya, ang ilan ay nanatiling nakakulong sa bilangguan, may ilang bagong pag-arestong ginawa, at ilan sa mga nakakulong ay tinortyur o inabuso.¹⁵ Naipasiya ng Human Rights Watch na ang tala ng pamahalaan sa mga karapatan ng tao ng mga Pilipino ay halo ng positibo at negatibong aspeto. Sa pananaw ng Philippine Commission on Human Rights (PCHR) at mga NGO ng karapatang pantao, ang mga paglabag ay bumaba sa lahat ng larangan, kahit may mga ulat ng pang-aabuso (kabilang ang sapilitang pagkawala, ekstrahudisyal na pamamaslang, pagkakakulog ng walang pahintulot na makipag-usap kahit kanino, at mga pag-aresto ng walang utos mula sa korte) ay patuloy na lumilitaw.¹⁶

Ang Administrasyong Arroyo

Sa panahon ng termino ni Pangulong Gloria Arroyo (2001-2010), ang mga paglabag sa karapatang pantao, ay bahagyang tumaas. Ang dami ng ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala (kung saan parehong halos palaging may kasamang tortyur) ay

agresibong tumaas. Ayon kay Nilda Sevilla, Kapwa-Pinuno ng Families of Victims of Involuntary Disappearances (isang NGO), ang tortyur ay malapit na nakaugnay sa sapilitang pagkawala, at ang mga miyembro ng pamilya ng nawala ay pinagmumultuhan ng mga kaisipan ng tortyur na maaring dinanas ng kanilang kamag-anak.¹⁷ Kasunod ng isang opisyal na pagbisita sa Pilipinas, si UN Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary or Arbitrary Executions, Philip Alston ay nagbanggit na may mga ulat na nagpapahiwatig na si Heneral Jovito Palparan ay responsable dala ng kanyang nakatataas posisyon sa maraming pamamaslang at sapilitang pagkawala.¹⁸

Iniulat ng United States Department of State na ang mga miyembro ng grupong pang seguridad ay may pananagutan para sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang, tortyur, sapilitang pagkawala, arbitraryong pag aresto at pagkakakulong, at iba pang pisikal na pang-aabuso ng mga suspek at detainees, mga natukoy na isyu ng korapsyon ng mga pulis, fiscal at huwes.¹⁹ Binigyang pansin ng Amnesty International ang mga depekto sa pangangasiwa ng hustisya, ang tortyur at pangmamaltrato sa mga pinaghihinalaang kriminal ng mga pulis upang makuha ang mga pag-amin ng krimen, ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga pinaghihinalaang mangangalakal ng droga at iba pa, at mga arbitraryong pag aresto, tortyur at ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala sa konteksto ng mga operasyong laban sa insureksyon o rebelde ng mga militar.²⁰

Kasama sa mga krimeng iniulat ay: panggagahasa at sekswal na pag-atake sa mga babaeng bihag; pagmamalupit ng mga bata; ang pagtortyur o pangmamaltrato sa mga suspek ng pulis o militar na tauhan matapos arestohin, sa panahon na di makatrungan dahil sa mahabang panahon ng imbestigasyon habang nakakulong, bago ang paghain ng kaso, at sa panahon ng interogasyon; at pagkakait ng karapatan na magkaroon ng mga alegasyon ng tortyur at iba pang paglabag sa karapatang pantao ay inimbestigahan ng maagap, mabisa at walang kinikilingan. Ang mga batang suspek, lalo na mga batang lansangan at mga sangkot sa droga, ay madalas na kinukulong nang matagalan na walang paraan na makausap ang mga mangagawang sosyal o abogado, at sila ay madaling pagsamantalahan ng tortyur

at pangmamaltrato. Ang kumpiyansa ng publiko sa mga opisina ng mga pagdaing, kasama na ang Komisyon sa karapatang pantao at ang opisina ng Ombudsman, ay mababa.

Sa konteksto ng mga operasyong laban sa insureksyon o rebelde (laban sa mga pinaghihinalaang Muslim na 'terorista', mga Muslim na tumiwalag at rebeldeng komunista), mga arbitraryong pag aresto, tortyur, ekstrhudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala ay naiulat.²¹ Ang mga sibilyang nakatira sa sonang militarizado o mga lugar na natukoy para sa mga operasyon laban sa insurhensya ay madaling sumailalim sa panliligalig, mga pisikal na pambubugbog o atake, mga arbitraryon pag-aresto at tortyur ng mga militar. Ang mga tao na itinuturing na may simpatiya o nagbigay ng tulong sa mga NPA ay partikular na nanganganib. Panliligalig ng mga pwersa ng lokal na seguridad sa mga grupo ng karapatang pantao at aktibista na kaanib ng maka-kaliwang paniniwala ay alintana rin.²² Habang tumitindi ang mga operasyong militar, may mga ulat ng arbitraryong pagkakakulong, ekstrahudisyal na pamamaslang, sapilitang pagkawala, tortyur at panliligalig ng mga sibilyan na pinaghihinalaang sumusuporta sa PKP/NPA sa buong bansa.²³

Ang sapilitang pagkawala at tortyur nina Raymond at Reynaldo Manalo, mga pinaghihinalaang miyembro ng New People's Army, ay nagpakita ng kalikasan ng ang mga paglabag sa karapatang pantao na naganap sa panahong ito. Ang dalawang magkapatid ay taga-kuha ng uling na nakatira sa San Ildefonso, Bulacan, isang probinsya sa labas ng Maynila. Noong 14 Pebrero 2006, habang sila ay nagpapahinga sa bahay, dinala sila sa kustodiya ng mga sundalo. Kapag hinanap sila ng kanilang kapamilya, itinatangi ng mga opisyal ang kaalaman ng kanilang mga kinaroroonan. Pagkalipas ng isa't kalahating taon, nakatakas ang magkapatid sa kustodiya ng militar at inilarawan ang kanilang mga pahihirap. Sa kalaunang kaso ng amparo,²⁴ ipinahayag nila pagkatapos ng panunumpa na sila ay inilipat sa iba't ibang lugar, binugbog, pinakain ng mga panis na pagkain, binuhusan ng ihi at mainit na tubig, hinampas ng mga piraso ng kahoy, sinampal ng baril, at sinunog. Pinatotohanan nila na nakilala nila si Heneral Jovito Palparan, na sabi nila ay isa sa kanilang mga tagabihag, at inilarawan

ang pagkakita sa iba pang sumailalim sa parehong pagsubok. Mga kautusan sa pagpoprotekta ay naipamahagi sa dakong huli sa kanilang pabor.²⁵

Ang Administrasyong Aquino

Sa panahon ng termino ni Pangulong Benigno Aquino III (2010-2013), habang ang bilang ng mga iniulat na kaso ng tortyur at iba pang paglabag sa karapatang pantao ay nagpakita ng kabawasan,²⁶ gayon pa man, nagpatuloy ang pagbanggit sa tortyur sa mga paratang ng paglabag ng karapatang pantao pati na rin ang karahasan at panggigipit laban sa mga makakaliwang grupo at sa mga aktibista ng karapatang pantao ng mga pwersa ng seguridad, sapilitang pagkawala, mga pag-aresto ng walang utos mula korte at mahabang pagkakakulong bago ang paglilitis. Ayon sa PCHR at mga mapagkakatiwalaang grupo ng karapatang pantao, ang sobrang paggamit ng puwersa at tortyur ay nanatiling nakatanim na elemento sa proseso ng pag-aresto at pagkukulong.²⁷

Kasama sa karaniwang uri ng pang-aabuso sa panahon ng pag-aresto at pag-interoga ay mga pagkagulat gamit ang kuryente, pagpaso ng sigarilyo, pag-inis o pagpapahirap sa paghinga. Ang mga hinihinalang o nahuling miyembro ng grupo ng Abu Sayaff,²⁸ ay ang mga partikular na inaasinta ng mga pang-aabuso. Ang mga paratang ng panggagahasa at sekswal na panliligalig ay ginawa laban sa mga opisyal ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP). Ang mga ulat ng pang-aabuso ng mga gwardiya ng kulungan sa mga bilanggo ay karaniwan, bagamat ang mga bilanggo, sa takot ng paghigantihan, ay bihirang nagpatuloy sa pormal na pagrereklamo. Ang mga kababaihan na nasa pangangalaga ng mga pulis ay madaling napagsamantalahan ng sekswal o pisikal na pag-atake ng mga pulis at opisyal ng bilangguan.²⁹

Noong Enero 2014, iniulat ng media ang pagkakatuklas ng isang 'gulong ng tortyur' ng mga pulis.³⁰ Sa isang lihim na kulungan sa Laguna, isang lalawigang malapit sa Maynila, iniulat na gumagamit ang mga pulis ng isang ruleta upang matukoy kung papaano ang mga

bilanggo (halos lahat ay nagkasala kaugnay sa droga) ay itotortyur, maging sa pagpaparusa sa kanila o pilitin ang mga ito sa pagbibigay ng impormasyon. Kabilang sa parusa ang “posisyon ng paniki’ o ‘bat position’ kung saan ang mga nakakulong ay nakasabit na pabaligtad sa loob ng 30 segundo.³¹ Ang ‘gulong ng tortyur’ ay nagdagdag ng pag-aalala tungkol sa antas ng mataintim na pag-unawa ng mga opisyal ng pulis, sa ganap na pagbabawal ng tortyur sa mga batas ng karapatang pantao.

Dalas, kalubhaan at heograpikal na distribusyon

Naganap ang tortyur sa Pilipinas ng tuloy-tuloy sa buong panahon ng pagsusuri, na halos may kasing dalas. Ang mga militar at pulis ay naulat na magkapantay na responsable dito. Bahagyang bumaba ang mga insidente ng tortyur na naiulat sa panahon ng paglipas ng rehimeng Marcos. Ang tindi ng tortyur ay hindi nagbago. Sa buong panahon, naganap ang isang malawak na ispektrum ng iba’t ibang uri ng pisikal at mental na tortyur.

Kalakip sa mga biktima ng tortyur ang mga indibidwal na akusado ng karaniwang krimen pati na rin ng krimeng pulitikal.

Batay sa mga tuntunin ng mga heograpikal na distribusyon, ang mga ulat ng tortyur ay naganap sa buong Pilipinas sa buong panahon. Ang isang kapuluan na binubuo ng mahigit sa 7000 na mga pulo, ang Pilipinas ay may tatlong pangunahing grupo ng pulo: Luzon sa hilaga, Visayas sa sentro, at Mindanao sa timog. Ang kabiserang lungsod ng Maynila, ay matatagpuan sa Luzon. Ang mga naninirahan sa Kabisayaan ay karamihang Katoliko; ang mga naninirahan sa Mindanao ay karamihang Muslim.

Sa hilagang Luzon, ang mga biktima ng tortyur ay kinabibilangan ng mga kabataan at mga katutubo.³² Sa Metro Manila, mga natitirang bahagi ng Luzon, at sa Kabisayaan sa pangkalahatan, isinama nila ang mga inakusahan ng karaniwang pati na rin ang pulitikal na kasuwayan o krimen.³³ Sa Mindanao, mga pinaghihinalaang miyembro ng mga rebeldeng grupo ng Muslim ang partikular na inaasinta para sa tortyur.³⁴

BATAS SA PAGKAKAKULONG

Ang 1973 Saligang-batas ng Pilipinas at ang Binagong Kodigong Penal sa ilalim ni Marcos

Sa simula ng panahon na sinusuri, napakinabanganan na ng mga bilanggo ang mga pananggala ng konstitusyon. Isinaad ng Saligang batas ng 1973 na: 'Ang sinumang tao na sumasailalim sa imbestigasyon para sa paggawa ng krimen ay may karapatan na manatiling tahimik at magkaroon ng abogado, at mabatid ang mga karapatang ito. Walang pwera, karahasan, pagbabanta, pananakot o anumang iba pang mga paraan na kung saan mawawala ang malayang kalooban ay maaring gamitin laban sa kanya. Anumang pag-amin na nakuha nang labag sa seksyong ito ay hindi matatanggap na ebidensya.'

Ang mga batas ng Pilipinas sa krimen ay nagtukoy at nagtatag ng mga parusa sa mga krimeng tulad ng arbitraryong pagkakakulong at mga pag-aantala sa pagpakita ng mga bilanggo. Ang Artikulo 124 ng Binagong Kodigong Penal ay naglaan para sa mga hanay ng mga parusa kabilang ang termino sa bilangguan, para sa mga krimeng arbitraryong pagkakakulong, kung saan ang isang pampublikong opisyal o empeyado ay 'walang legal na katayuan upang ikulong ang isang tao.' Sa Artikulo 125 ng Kodigo, tinukoy at pinarusahan, ng pagkabilanggo, ang krimen ng pagkaantala sa paghaharap ng mga suspek sa mga tamang awtoridad ng panghukuman. Ang isang pampublikong opisyal o empleyado ay nakagawa ng krimen na ito kapag siya ay nagkulong ng 'sinumang tao para sa mga ilang ligal na kadahilanan' at bigong 'ihatid ang mga tao sa mga tamang awtoridad ng panghukuman sa loob ng panahon ng labindalawang (12) oras, para sa mga krimen o kasalanang mapaparusahan ng magaan na parusa, o kanilang mga katumbas; labingwalong (18) oras, para sa mga krimen o kasalanang mapaparusahan ng parusang koreksiyonal o kanilang mga katumbas;³⁵ at tatlumpu't anim na (36) na oras, para sa mga krimen, o kasalanang maparurusahan ng mga masakit (afflictive) o kapital na parusa, o kanilang mga katumbas.³⁶

Iniutos ng parehong artikulo na ang isang nakakulong na tao ay dapat 'nasabihan ng sanhi ng kanyang pagkakakulong' at tiniyak ang karapatan ng nakakulong 'na makausap at makipanayam sa anumang oras' ang kanyang 'abogado.'³⁶

ICCPR, CAT at ang Saligang Batas ng 1987

Noong 1986, ang Pilipinas ay pinagtibay o pumayag sa ilang pandaigdigang kasunduan sa karapatang pantao, kapansin-pansin ang UN International Covenant on Civil and Political Rights, at UN Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (the Convention on Torture). Noong ipinagtibay nito ang mga kasunduan,³⁷ ang gobyerno ng Pilipinas ay kinailangang magbigay ng garantiya sa mga karapatan na kanilang pinagtitibay, nang sa gayon nakapagpataas ng proteksyon na tinatamasa sa batas ng mga bilanggo.

Ang isang bagong Saligang batas (pinagtibay sa pamamagitan ng plebesito noong 1987), ay lalo pang napatatag ng mga pananggala para sa mga nakakulong. Hinigitan ang mga probisyon ng Konstitusyon ng 1973, tahasang ginarantiya nito ang mga karapatan ng isang tao na sumasailalim sa isang kriminal na imbestigasyon, pinatitibayan ang kanyang' karapatan na ipaalam sa kanya ang kanyang karapatan na manatiling tahimik at magkaroon ng magaling at walang pinapaniggang abogado na kung maaari ay sarili niyang pili'; pinagtibay na ang isang taong walang kakayahang kumuha ng mga serbisyo ng abogado ay dapat bigyan ng abogado; at inilahad na ang kanyang mga karapatan ay hindi matatalikdan maliban kung nakasulat at ginawa sa harap ng abogado.³⁸

Ipinagbabawal din ng Saligang-batas ng 1987 ang tortyur, puwersa, karahasan, pagbabanta, pananakot, o ang paggamit ng anumang iba pang mga paraan na maaaring humantong sa kawalan ng malayang kalooban, pati na ang mga lihim na bilangguan, pag-iisa, *incommunicado*, o iba pang mga katulad na anyo ng pagkakakulong. Pinatotohanan dito na ang pagtatapat o pag-amin na nakuha nang

labag sa mga karapatan ng isang tao ay hindi katanggap-tanggap bilang ebidensya.³⁹

Batas ng Republika Bilang 7438 o Republic Act 7438

Ang Batas ng Republika Bilang 7438 ng 1992 (Isang Batas na naglililaw ng ilang mga karapatan ng taong naaresto, nakakulong o iniimbestigahan habang nasa ilalim ng kustodya o pangangalaga ng mga pulis, pati na rin ang mga tungkulin ng Nag-aaresto, Nagkukulong at Nag-iimbestiga na mga opisyal, at pagbibigay ng parusa para sa paglabag niyon) ay nagdedetalye ng mga karapatan ng mga taong naaresto, mga nakakulong o mga sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis at ginawang krimen ang mga paglabag ng kanilang karapatan. Ayon sa batas na ito, ang sinumang tao na naaresto, nakakulong o sumasailaim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay dapat sa lahat ng oras ay tinutulungan ng isang abogado. Ang sinumang pampublikong opisyal o empleyado, o kahit sino na kumikilos sa ilalim ng kanyang utos o sa kanyang posisyon, na nag-aaresto, nagkukulong, o nag-iimbestiga ng sinumang tao na gumawa ng krimen ay dapat ipag-bigay alam sa nagkasala, sa wikang alam niyang gamitin at nauunawaan, ang kanyang mga karapatang manatiling tahimik at magkaroon ng magaling at walang pinapanigang abogado na kung maaari ay sarili niyang pili, na dapat sa lahat ng oras ay pinapayagan na makipag-usap ng pribado sa mga tao na naaresto, nakakulong o sumasailaim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis. Kung ang suspek ay walang kakayanang magbayad ng abogado, siya ay dapat bigyan ng isang magaling at walang pinapanigang abogado ng nag-iimbestigang opisyal.⁴⁰

Ang Batas ng Republika Bilang 7438 ay nag-oobliga din na ang ulat sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay isinulat ng nag-iimbestigang opisyal. Bago ang ulat na ito ay lagdaan (o markahan ng hinlalaki) ng mga suspek, ito ay dapat basahin at sapat na ipinaliwanag sa mga nakakulong ng kanilang mga abogado, o ng mga tumutulong na abogado na ibinigay ng nag-iimbestigang

opisyal, sa wika o dialektong alam nila. Kung ang pamamaraan na ito ay hindi iginalang, ang mga ulat ng imbestigasyon ay mawawalan ng bisa. Ang anumang ekstrahudisyal na pag-amin na ginawa ng isang taong inaresto, nakakulong o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay dapat nakasulat at napirmahan niya, sa harap ng kanyang abogado, o kung walang abogado, sa isang balidong pagpapaubaya, sa harap ng kanyang mga magulang, nakatatandang mga kapatid, o asawa o alkaldeng pangmunisipyo, pangmunisipyong hukom, superbisor ng distrito ng paaralan, o sa pari o pastor ng ebanghelyo, na siya ang may pili. Kung ang pamamaraan na ito ay hindi iginalang, ang mga pagtatapat ay hindi tatanggapin bilang ebidensiya sa anumang paglilitis. Ang anumang pagpapaubaya ng isang taong naaresto, nakakulong, sa ilalim ng mga probisyon ng artikulo 125 ng Binagong Kodigo Penal, o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis, ay dapat nakasulat at napirmahan niya sa harap ng kanyang abogado. Kung ang pamamaraan na ito ay hindi iginalang, ang pagpapaubaya ay walang bisa.⁴¹

Sa ilalim ng Batas ng Republika bilang 7438, ang mga awtoridad ay may ligal na tungkuling upang matiyak na ang sinumang tao na naaresto, o nakakulong, o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay pinapayagang may mga pagbisita o mga kumperensya kasama ang: sinumang miyembro ng kanyang pamilya; isang medikal na doktor o pari o ministro ng relihiyon na pinili niya o ng sinumang miyembro ng kanyang pamilya; ang kanyang abogado, anumang pambansang non-governmental organization na may nararapat na akreditasyon ng Komisyon sa Karapatang Pantao; o anumang pandaigdigang non-governmental organization na may nararapat na akreditasyon ng Tanggapan ng Pangulo. ('Malapit na Pamilya' ay kinabibilangan ng asawa ng nakakulong, nobyo o nobya, magulang o anak, kapatid, lolo o lola o apo, Tito o tita, pamangkin, at tagapag-alaga o alaga.)⁴²

Ang Batas ng Republika Bilang 7438, na naggagarantiya ng mga karapatan ng mga sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay nagpapaliwanag na ang terminong

“imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis” ay sumasaklaw sa pamamalakad ng pag-isyu ng imbitasyon sa isang tao na iniimbestigahan kaugnay ng isang krimen na pinagsusupetyahang ginawa niya. Bukod pa rito, ang nag-imitang opisyal ay maaaring managot para sa anumang paglabag ng batas.⁴³

Ang Batas ng Republika Bilang 7438 ay nagdagdag ng parusang pagkakakulong para sa: (a) isang nag-arestong pampublikong opisyal o empleyado, o sinumang opisyal na nag-imbestiga na bigong ipaalam sa sinumang tao na naaresto, nakakulong o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ng kanyang karapatan na manatiling tahimik at magkaroon ng magaling at walang pinapanigang abogado na kung maaari ay sarili niyang pili; (b) ang sinumang pampublikong opisyal o empleyado, o kahit sino na kumikilos sa ilalim ng utos ng nag-imbestigang opisyal, o nasa kanyang kinatatayuan, ay nabigong magbigay ng isang magaling at walang pinapanigang abogado sa isang taong naaresto, nakakulong o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis para sa paggawa ng krimen kung ang huli ay hindi kayang magbayad ng serbisyo ng kanyang sariling abogado; at (c) ang sinumang tao na humahadlang, pinipigilan o nagbabawal ng anumang abogado, sinumang miyembro ng malapit na pamilya ng isang tao na naaresto, nakakulong o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis, isang medikal na doktor o pari o ministro ng relihiyon na pinili niya o ng sinumang miyembro ng kanyang malapit na pamilya o ng kanyang abogado na bumisita at pribadong makipag-usap sa kanya, o mula sa mga pagsusuri at pagpapagamot sa kanya, o mula sa pagmiministeryo sa kanyang mga espirituwal na pangangailangan, anumang oras ng araw o, sa mga apurahang kaso, sa gabi.⁴⁴

Sa kabila ng mga probisyong ito, ang Batas ng Republika Bilang 7438 ay nagsasaad na ang sinumang opisyal ng seguridad na may responsibilidad sa mga taong nakakulong na sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga nila ay maaaring magsagawa ng mga makatwirang hakbang na kinakailangan upang matiyak ang kanyang kaligtasan at pigilan ang kanyang pagtakas.⁴⁵

Batas ng Republika Bilang 9745 at Bilang 10353

Ang ligal na proteksyon para sa mga nakakulong ay lalong pinagtibay noong 2009, sa pagpasa bilang batas ng Batas ng Republika 9745, na mas kilala bilang “Ang Batas ng Pilipinas laban sa Tortyr”. Ang batas na ito ay nagibigay depinisyon at at pinaparusahan ang tortyr ayon sa mga pamantayan ng pandaigdigang kasunduan laban sa tortyr. Nakasaad na ang karapatan na hindi pagsailalim sa tortyr ay isang ganap at hindi maaaring labagin o limitahan na karapatan sa anumang sitwasyon. Ang estado ng digmaan o banta ng digmaan, panloob na kaguluhan sa pulitika, iba pang uri ng pampublikong kagipitan, dokumento o paghahangad na nagtatakda ng isang ‘kautusan ng labanan’: wala sa mga ito ay maaaring gamitin upang bigyan ng katwiran ang tortyr at iba pang malupit at di-makataong pakikitungo o parusa.⁴⁶

Ang Batas ng Republika bilang 9745 ay: pinagtibay ang karapatan ng nakakulong sa isang medikal na pagsusuri,⁴⁷ ipinagbabawal ang mga lihim na lugar ng mga kulungan, pagkakakulong nang mag-isa, *incommunicado* o iba pang katulad ng anyo ng detensyon, kung saan ang tortyr ay isasagawa nang walang pananagutan o kaparusahan; at hinihingi na ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Sandatahang Lakas ng Pilipinas, at iba pang ahensiya sa pagpapatupad ng batas na gumawa ng isang bagong listahan ng lahat ng mga lugar ng kulungan at mga pasilidad sa ilalim ng kanilang hurisdiksyon, na may datos ng mga bilanggo o mga nakakulong na nakakulong dito (kabilang ang pangalan, petsa ng pag-aresto at pagkabilanggo, at ang krimen o kasalanang nagawa). Ang listahan ay dapat maaaring makuha ng publiko sa lahat ng panahon; at ang isang kopya ng kumpletong listahan ay maaaring makuha sa pambansang punong opisina ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas at Sandatahang Lakas ng Pilipinas, at dapat na isumite ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Sandatahang Lakas ng Pilipinas, at iba pang ahensiya sa pagpapatupad ng batas sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas. Ang listahan ay dapat baguhin ng mga parehong mga ahensya ng di bababa sa loob ng unang limang araw ng bawat buwan. Ang bawat panrehiyong opisina ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Sandatahang Lakas ng Pilipinas,

at iba pang ahensiya sa pagpapatupad ng batas ay dapat magpanatili ng isang katulad na listahan ng lahat ng mga bilanggo at kulungan sa loob ng kani-kanilang lugar, ay kinakailangang handang ibigay ang listahan sa publiko sa lahat ng oras sa kani-kanilang mga rehiyonal na punong opisina at dapat magsumite ng isang kopya, na bago sa mga pamamaraan na inilarawan sa itaas, sa angkop na rehiyonal na opisina ng Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas.

Patungkol sa mga medikal na eksaminasyon, bago at pagkatapos ng interrogasyon, ang bawat taong naaresto, nakakulong, o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay may karapatan na magkaroon ng kaalaman ng kanyang mga karapatan na humingi ng isang pisikal na pagsusuri ng isang walang pinapanigang at magaling na doctor na kayang pili. Kung ang suspek ay hindi kayang magbayad ng mga serbisyo ng isang doctor, ang Estado ay magbigay sa kanya ng magaling at walang pinapanigang doktor upang magsagawa ng isang pisikal na pagsusuri. Ang estado ay mayroon ding isang tungkulin na magbigay sa mga bilanggo ng isang sikolohikal na pagsusuri (kung ang isa ay magagamit sa ilalim ng mga sitwasyon). Kung ang taong naaresto ay babae, mas mainam na ang mag-asikaso sa kanya ay isang babaeng doktor. Ang sinumang taong naaresto, nakakulong, o sumasailalim sa imbestigasyon habang nasa pangangalaga ng mga pulis ay may karapatan sa sapat na agarang medikal na paggamot. Ang mga natuklasan ng bawat pisikal na pagsusuri o sikolohikal na pagsusuri ay ilalabas sa isang medical na ulat, na nilagdaan ng tumitingin na doktor. Ang mga medikal na ulat ay dapat maglarawan ng medikal na kasaysayan ng suspek at ng doktor at ang mga natuklasan ng doktor, ay nakakabit sa ulat ng kustodyal na imbestigasyon. Ang mga ito ay itinuturing na pampublikong dokumento.⁴⁸

Noong Disyembre 2010, ang mga Pagpapatupad ng mga Patakarán at mga Regulasyon ng Batas ng Republika Bilang 9745 ay pinagtibay, na kumakatawan ng mga pamantayang matatagpuan sa Protokol ng Istanbul para sa mga medikal na eksaminasyon sa mga kaso ng tortyur. Ang mga Patakarán ay humihingi ng kapwa na pisikal at sikolohikal na pagsusuri. Ang mga dapat na isama sa mga medikal na ulat ng

isang pisikal na pagsusuri: mahalagang kaso at konteksto; ang mga paratang ng biktima ng tortyur; pisikal na sintomas at kapansanan; ang mga natuklasan ng pisikal na pagsusuri; mga larawan; mga resulta ng diagnostic na pagsusuri; isang pagpapaliwanag ng mga natuklasan; mga konklusyon at rekomendasyon; mga konsultasyon; sertipikasyon ng doktor; ang lagda ng doktor, petsa at lugar; at kaugnay na mga pangsuportang dokumento. Ang mga dapat isama sa mga ulat ng sikolohikal na pagsusuri: ang sikolohiyang kasaysayan ng biktima; ulat ng kanyang pagsusuri; isang interpretasyon ng mga natuklasan; mga konklusyon at rekomendasyon; mga konsultasyon; ang sertipikasyon ng doktor; ang lagda ng doktor, petsa at lugar; at kaugnay na mga pangsuportang dokumento.⁴⁹

Noong 2013, ang Batas ng Republika 10353, ang Batas laban sa Sapilitang Pagkawala, ay naging epektibo, na karagdagang itinaas ang mga legal na proteksyon para sa mga bilanggo. Bukod sa pagtukoy at pagpaparusa ng mga krimen ng sapilitang pagkawala, ito ay maliwanag na gumagarantiya sa ' ganap na karapatan ng sinumang tao na pinagkaitan ng kalayaan na magkaroon ng agarang paggamit sa anumang anyo ng komunikasyon na magagamit niya upang ipaalam sa kanyang pamilya, kamag-anak, kaibigan, abogado o anumang organisasyon ng karapatang pantao ang kanyang kinaroroonan at kalagayan'.⁵⁰

Mga Pagtatala at Kamera

Ang mga awdyo at bidyo na pagtatala ng mga interrogasyon ay nagbibigay ng ebidensya ng mga testimonya at konteksto sa paraan na ito ay nakamit. Ang mga ito ay may potensyal na hayaang mag-isip ang mga awtoridad nang dalawang beses bago sila gumamit ng tortyur; ang mga camera sa lugar ng interrogasyon ay nakatutulong na pigilan ang mga paggawa ng tortyur.

Gayunman, walang batas ng Pilipinas o regulasyon ang tumalakay sa paksa ng awdyo at bidyo na pagtatala ng mga interrogasyon. Ni walang anumang batas sa Pilipinas o regulasyon ang humihingi ng

mga kamera upang magtala ng mga ito. Ayon sa napansin ng isang tagapagmasid, ang badyet ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas para sa mga kagamitan ay ginugol sa pagbili ng baril para sa bawat opisyal ng pulis, sa halip na sa pagbili ng awdyo at bidyo na mga kagamitan para sa proteksyon ng mga nakakulong.⁵¹

Mga pagsusulong sa batas ng pagkulong

Sa kabuuan, ang mga batas na may kinalaman sa pagkulong sa Pilipinas ay patuloy na pinabuti sa buong panahon ng pagsusuri. Ang mga bilanggo ay may karapatan na sa isang abogado, at ang di- opisyal na pagkakakulong at kabiguan sa agarang pagpapakita ng mga bilanggo sa harap ng isang hukuman ay parehong itinuturing na krimen. Noong 1992, kinilala ng isang bagong batas na ito ang karapatang tumanggap ng bilanggo ng mga pagbisita mula sa mga pamilya, at mula sa isang doktor, pari, at abogado, at ginawang krimen ang kabiguan na igalang ang mga ito. Noong 2009 may isang karagdagang batas na humingi na ang mga nakakulong ay magkaroon ng kaalaman sa kanilang karapatan sa isang medikal na pagsusuri sa panahon ng pagaresto. Sa wakas, noong 2013, may isang batas na naipasa na humihingi na ang mga miyembro ng pamilya (o ang mga tao na pinili ng isang nakakulong) ay kinakailangan nabigyan ng agarang impormasyon pagkatapos ng pag-aresto. Sa kabilang banda, walang batas na humingi ng awdyo o bidyo na pagtatala ng mga interogasyon o ang pagkabit ng kamera para sa layuning iyon.

Mga isinasagawa sa kulungan

Sa isang panig, nariyan ang batas sa pagkulong: sa kabila, ang pagsasagawa nito. Sa panahon ng pagsusuri, ang mga batas sa pamamaraan ng pag-aresto, pag-iimbestiga at pagkulong ay hindi pa sinunod at ang mga karapatan ng mga bilanggo ay hindi iginalang. Ang Komiteng laban sa Tortur ay nagpahayag ng labis na pag-aalala tungkol sa maraming mapagkakatiwalaan at nagpapatibay na alegasyon ng regular na kaganapan ng tortur at pangmamaltrato

sa mga Pilipinong suspek na nasa pangangalaga ng kapulisan, kapansin-pansing para sa layunin ng pagkuha ng mga pagtatapat o impormasyon na gagamitin sa mga kriminal na paglilitis.⁵²

Sa kabila ng mga bagong batas, nanatiling di-sapat ang panlaban sa tortyur na isinasagawa sa mga bilanggo. Ang mga Pilipinong awtoridad ay bigo na: (a) agarang magdala ng mga bilanggo sa harap ng isang hukom at isinailalim sila sa pangangalaga ng mga pulis ng mahabang panahon; (b) sistematikong irehistro ang lahat ng mga nakakulong, kabilang ang mga menor de edad; (c) panatilihin ang talaan sa lahat ng mga panahon ng pagkakakulong bago ang paglilitis; (d) magbigay sa mga bilanggo ng agarang serbisyo ng abogado at mga walang pinapanigang mga doktor; (e) ipagbigay-alam sa mga nakakulong ang kanilang mga karapatan kapag sila ay nakulong, kabilang na ang kanilang karapatang makipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamilya.⁵³

Mayroong ebidensya na patuloy ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas at Sandatahang Lakas ng Pilipinas na patuloy sa pagkulong ng mga suspek sa lihim na mga kulungan, mga ligtas na bahay at mga kampo ng militar. Bagamat ang mga awtoridad ay kinakailangang maghain ng kaso sa loob ng 12-36 oras matapos arestohin nang walang utos galing sa korte (depende sa bigat ng krimen), ang mahabang pagkakakulong bago ang paglilitis ay nananatiling isang problema, dahil sa kabagalan ng prosesong panghukuman. Maraming pag-aresto nang walang utos galing sa korte ang naiulat. Ang mga kriminal na suspek na inaresto nang walang isang utos galing sa korte ay nasa panganib ng tortyur at pagmamaltrato sa kawalan ng epektibong panghukumang pagbabantay.⁵⁴

Ang mga Bilanggo ay dumaranas ng iba't ibang uri ng paglabag ng karapatang pantao ayon sa Foundation for Integrative and Development Studies ng Unibersidad ng Pilipinas. Una, sa pag-aresto (parehong pag-aresto na walang kautusan galing sa korte, at sa isang malaking proporsyon ng pag-arestong pangkalahatan), ang mga suspek ay hindi tahasang ipinaalam ng kanilang mga karapatan; sa esensya, nakakaligtaan ng sistema ng hustisyang pangkrimen ang

mga karapatan ng mga bilanggo hanggang sa matanggap ang mga pagtatapat. Pangalawa, sa pag-aresto at sa kulungan, sila ay kadalasang napasailalim sa tortyur. Sa pag-aresto, ang ilan ay binugbog, berbal na inabuso o pinagbantaan upang kunin ang isang pagtatapat, habang ang iba ay nawalan ng kanilang mahahalagang bagay, o nagdusa ng sekswal na panliligalig. Sa panahon ng imbestigasyon, ang mga suspek ay maaaring bugbugin muli kung ayaw nilang magtatapat. Ang ilan ay sinunog ng nakasinding sigarilyo, kinuryente, pinahirapan sa paghinga, ibinigti, o binangga sa pader.

Sa isipan ng mga nag-aaresto at nag-iimbestigang mga opisyal, ang pinakamahalaga ay ang pagdakip at paghain ng mga kaso.⁵⁵ Maraming nagsasaalang-alang na ang mga karapatang pantao ay isang balakid sa kanilang mga gawain. Tinitignan nila ang mga kriminal bilang isang “subtype” ng populasyon, kung saan ibang mga patakaran ang ginagamit dahil nilalabag nila ang batas at nakapipinsala ng buhay ng tao. Pinapayagan ng ilang mga opisyal ang mga biktima ng umano’y isang krimen na bugbugin ang ang mga taong umano’y responsable. Pinagmamalupitan ng mga opisyal ang mga suspek at pagsasamantalahan ang kapangyarihang mayroon sila sa kanila. Kapag natamo na ang isang pagtatapat, kapansin-pansing ang tortyur ay bumababa. Tortyur ay isang maikling paraan, isang kapalit para sa mga mabuting gawain ng pulis. Ito ay nangyayari dahil naniniwala ang mga opisyal na matatakas nila ang responsibilidad.⁵⁶

Sa kabuuan, ang pagsasagawa ng pagkulong ay lubhang masama sa buong panahon ng pagsusuri. Sa kabila ng batas na sumasalungat, ang di-opisyal na pagkakulong ay laganap. Ang mga Pamilya o mga iba ay hindi karaniwan na agarang ipinaalam ang pagkakulong ng isang tao. Ang mga bilanggo ay karaniwang hindi ipinapaalam ang kanilang karapatan sa isang abogado. Kapag ipinaalam sa kanila, karamihan ng mga bilanggo ay hindi ginagamit ang karapatang ito, dahil sa kamangmangan o takot. Ang mga bilanggo ay hindi karaniwang kaagad na inihaharap sa isang hukom. Ang mga medikal na pagsusuri ay hindi naganap o, kung gagawin nila ito, sila ay nakompromiso. Hindi elektronikong nakatala ang mga interrogasyon. Ang mga kamera ay hindi ginamit. Sa kabila ng pagtaas ng paggamit

ng iba pang pamamaraan na pag-iimbestiga, ang mga pagtatapat ay patuloy na may kahalagahan.⁵⁷

Ang isang pangunahing dahilan para sa mahirap na pagsasagawa nito ay ang mga fiskal, pulis, sundalo at iba pang tauhan na kasangkot sa proseso ng pagkulong ay tumatanggap ng kaunting pagsasanay, at halos lahat ng training na nangyayari ay di-sapat.

May mga ilang mga pagsasanay na naiulat. Ang PCHR at ang Medical Action Group (isang NGO na pang karapatang pantao) ay nagsanay ng mga opisyal ng Bureau of Jail Management at Penology mula 2003 hanggang 2006. Ang Kagawaran ng Katarungan at ang Medical Action Group ay nagbigay ng pagsasanay sa mga opisyal ng National Prosecution Service at Pambansang Pulisya ng Pilipinas noong 2013. Ang Komisyon sa karapatang pantao ay nagbigay ng mga aralin at mga usapin tungkol sa mga paksa sa karapatang pantao, kabilang ang tortyur, sa hanggang 18,999 na naka-unipormeng kalalakihan at kababaihan.⁵⁸

Ang mga ito ay mahahalagang hakbang. Gayon pa man, maraming mga opisyal ng piitan, fiskal, at mga opisyal ng pulis ay nananatiling walang pagsasanay, at hindi malinaw kung ilan ang napanatili o kung gaano kalayo sa mga kasanayan na natutunan ang ibinahagi sa iba pang mga opisyal.

BATAS NG PAG-UUSIG AT PAGSASAGAWA

Krimen ng pagmamaltrato

Hanggang 2009, walang batas na tumukoy at nagparusa sa krimen ng tortyur. Isang probisyon ng Binagong Kodigo Penal ay tumukoy at nagparusa sa krimen ng pagmamaltrato ng bihag. Ang batas na ito ay patuloy na may bisa sa kasalukuyan. Ito ay nagpapataw ng isang gradwadong parusa (mula sa *arresto mayor*⁵⁹ hanggang *prision*

*correccional*⁶⁰), bukod sa mga pananagutan para sa pisikal na pinsala o danyos, sa anumang pampublikong opisyal o empleyado na lumabis sa kanyang awtoridad sa pagwawasto o paghawak ng isang bilanggo o nakakulong na nasa kanyang pangangalaga, sa pamamagitan ng paggigiit ng mga kaparusahan na hindi ipinahintulutan ng mga regulasyon o pagpapataw ng gayong parusa sa paraang malupit o nakakahiyang pamamaraan.⁶¹

Ayon sa Binagong Kodigo Penal, kung ang layunin ng mga pangmamaltrato ay para makakuha ng pag-amin, o upang makakuha ng impormasyon mula sa mga bilanggo, ang nagkasala ay maparusahan ng prision correccional, pansamantalang espesyal na diskuwalipikasyon, at isang multa na hindi hihigit sa 500 na piso, bukod pa sa kanyang mga pananagutan para sa pisikal na pinsala o perwisyong nagawa.⁶²

Ang Mga Limitasyon sa Krimen ng Pangmamaltrato

May mga ilang limitasyon sa pag-uusig para sa krimen ng pangmamaltrato. Una, ang parusa para sa mga krimen na ito ay hindi sapat. Sa kadalasan, ang pangmamaltrato ay nagtatamo ng parusa ng pagkabilanggo ng anim na taon. Pangalawa, hindi ito tumutugma sa kahulugan ng tortyur ng UN Convention laban sa labis tortyur. Ikatlo, ito ay sakop ng batas ng mga limitasyon (sampu o limang taon, depende sa sitwasyon).⁶³

Pinagtibay ng Korte Suprema ng Pilipinas⁶⁴ ang mga paghahatol para sa tortyur, bagama't hindi para sa pangmamaltrato, para sa mga krimeng kabilang na ang pagpatay, panggagahasa at pamimilit. Sa *Mga Tao vs. Torreja*,⁶⁵ kinumpirma ng hukuman ang paghahatol ng isang opisyal ng pulisya para sa kwalipikadong panggagahasa ng isang babaeng bilanggo. Sa *Mga Tao vs. Alegarbes*,⁶⁶ kinumpirma ng Korte ang hatol ng isang sundalo para sa pagpaslang kasunod ng tortyur at kamatayan ng kanyang biktima. Sa *Mga Tao vs. Ravelo*,⁶⁷ kinumpirma ng hukuman ang hatol ng mga miyembro ng Civilian Home Defense Force⁶⁸ para sa pagpatay at bigong pagpatay, pagkatapos nila itortyur

ang mga pinaghihinalaang rebelde. Sa *Punzalan vs. Mga Tao*,⁶⁹ *U.S. vs. Pabalan*,⁷⁰ at *U.S vs Cusi*⁷¹, kinumpirma ng hukuman ang hatol ng isang alkalde at mga opisyal ng pulis para sa pamimilit matapos nilang maltratuhin ang mga suspek para makuha ang isang pag-amin.

Mula 2009, ang Batas ng Republika blg. 9745, ang Batas laban sa Tortyrur, ay ginawang krimen at nagparusa ng tortyrur alinsunod sa mga pamantayan ng UN Convention against Torture. Ang batas na ito ay tumutukoy sa tortyrur bilang:

isang gawain na kung saan malubhang sakit o paghihirap, pisikal man o mental, ay sadyang ipinataw sa isang tao para sa mga layuning gaya ng pagkuha mula sa kanya o sa ibang tao ng impormasyon o isang pag-amin; pinarurusahan siya para sa mga gawain na siya, o ibang tao ang gumawa o pinaghihinalaang gumawa; o ang tinatakot o pinipilit siya o ibang tao; o para sa anumang dahilan batay sa diskriminasyon ng anumang uri, kapag ang ganitong sakit o paghihirap ay ipinalasap ng o sa hibo ng o may pahintulot o pagsasawalang-kibo ng isang taong may awtoridad o kinatawan ng isang taong may awtoridad.⁷²

Ayon sa Batas Republika Blg. 9745, hindi kasama sa tortyrur ang mga sakit o paghihirap na magmumula sa, likas sa, o insidental sa, naaayon sa parusa ng batas.⁷³ Ang batas na ito ay tumukoy sa malupit, di-makatao at⁷⁴ nakahihiyang pagtrato o parusa, bilang isang sadya at pinalubhang pagtrato o parusa, hindi itinuturing na tortyrur, pinahirapan ng isang taong may awtoridad, o kinatawan ng isang taong nasa kapangyarihan, laban sa isang tao sa ilalim ng kanyang kustodiya, na kung saan nakamit ng isang antas ng kalubhaan, na nagiging sanhi ng pagdurusa, kalakhang panghihiya, pagkahamk sa huli.⁷⁵

Isinasaad sa Batas ng Republika blg. 9745 na ang sinumang tao ay maaring managot bilang prinsipal kung kasama sila sa mga gumawa ng tortyrur, o iba pang malupit, di-makatao at nakahihiyang pagtrato o parusa, o ibuyo sa iba na gumawa ng gayong mga gawain, o makipagtulungan sa pagsasagawa ng gayong mga gawain, bago o kasabay nito.⁷⁶ Bukod pa rito, sa paglalapat ng mga prinsipyo ng pananagutan ng mga opisyal na nakatataas, ang isang opisyal ay

mananagot din bilang prinsipal kung (a) alam niya o, base sa kalagayan ng mga pangyayari noong mga panahong iyon, ay dapat may alam – na ang mga gawain ng tortyur o iba pang malupit, di-makatao at nakahihiya na pagtrato o parusa ay gagawin, ay ginagawa, o ay nagawa ng kanyang mga tauhan o iba pa sa loob ng kanyang lugar ng responsibilidad, at(b) ay hindi kumuha ng pagpipigil o pagwawastong aksyon, sa kabila ng kaalaman, bago, sa panahon o kaagad-agad pagkatapos mangyari ang mga gawaing iyon, at (c) kapag siya ay may awtoridad upang mapigilan o siyasatin ang mga alegasyon ng tortyur o iba pang malupit, di-makatao at nakahihiyang pagtrato o parusa, ngunit nabigo upang maiwasan o imbestigahan ang mga alegasyon ng naturang mga gawain, sadya man o sa pagpapabaya.⁷⁷

Ang Batas ng Republika blg. 9745 ay nagbibigay ng malaking parusa na gradwado (ayon sa tindi ng tortyur). Ito ay nagpapataw ng pinakamahabang termino sa bilangguan⁷⁸ para sa mga sumusunod na gawain: (1) tortyur na nagreresulta sa pagkamatay ng isang tao; (2) mga pahirap na nagreresulta sa pinsala o pagkawasak (mutilation); (3) ang tortyur na may panggagahasa; (4) tortyur na may iba pang anyo ng sekswal na pang-aabuso na kung saan, bunga nito, ang biktima ay naging baliw, hangal, maysakit(impotent), bulag o baldado habangbuhay; at (5) tortyur na ginawa laban sa bata.⁷⁹

Ang batas ay nagpapataw ng bahagyang masmaikling termino sa bilangguan⁸⁰ para sa mga gawain ng mga mental o sikolohikal na tortyur na nagsanhi upang ang biktima ay mabaliw, takot na maging mabaliw, magkaroon ng buo o bahagyang amnesiya, o pagnanais na magpakamatay dahil sa pagkakasala, isang pagkiramdam ng walang kahulugan o kahihiyan,⁸¹ at para sa mga gawain ng tortyur na nagreresulta sa iba pang anyo ng sikolohiya, mental at emosyonal na pinsala liban sa mga nailarawan.⁸²

May mas mababa pang parusa ang ipapataw kung, bilang resulta ng tortyur: ang biktima ay nawalan ang bisa ng pagsasalita, pandinig o pang-amoy; nawalan ng isang mata, isang kamay, paa, braso o binti; o ang paggamit ng anumang naturang mga miyembro; o permanenteng debilitado at hindi kayang magtrabaho;⁸³ o pumapangit ang hugis, o

nawawalan ng isa pang bahagi ng, o gamit ng, kanyang katawan kaysa sa mga bahagi na nabanggit sa itaas, o nagkakasakit o debilitado at hindi makapagtrabaho para sa panahon ng higit sa 90 araw;⁸⁴ o nagkasakit, debilitado o hindi makapagtrabaho para sa higit na 30 araw ngunit hindi hihigit sa 90 na araw;⁸⁵ o nagkasakit o debilitado at hindi makapagtrabaho para sa 30 araw o mas mababa.⁸⁶

Ang mga Kriminal na parusa ay ipinapataw din: para sa mga gawain na humahantong sa malupit, di-makatao o nakahihiyang pagtrato o parusa;⁸⁷ para sa mga pagtatatag, pagpapatakbo at pagpapanatili ng lihim na lugar ng mga kulungan, o paghawak sa mga bilanggong nakakulong ng mag-isa, incommunicado, o sa kahalintulad na mga uri ng ipinagbabawal na pagkulong, kung saan ang tortyur ay maaaring isagawa nang walang takot sa kaparusahan;⁸⁸ para sa kabiguan na mapanatili, isumite o magbigay sa publiko ng bagong listahan ng mga lugar ng detensyon at mga pasilidad, at mga kaukulang datos sa bilanggo o nakakulong na nilalaman nito, na hinihingi ng batas.⁸⁹

Ang Komisyon ng karapatang pantao ng Pilipinas, ang Kagawaran ng Katarungan, ang Kagawaran ng Tanggulang Pambansa, ang Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang lokal, at iba pang mga partido sa parehong pampubliko at pribadong sektor, ay may ligal na tungkulin upang tiyakin na ang edukasyon at impormasyon tungkol sa pagbabawal laban sa tortyur at iba pang malupit, di-makatao at nakahihiyang pagtrato na o parusa ay lubusang kasama sa pagsasanay ng mga tauhan na nagpapatupad ng sibil at batas militar, medikal na mga tauhan, mga pampublikong opisyal, at iba pang mga tao na maaaring kasangkot sa kustodiya, interogasyon o pagtrato ng ang mga taong inaresto, ikinulong o binilanggo. Ang Kagawaran ng Edukasyon at ng Komisyon ng mas mataas na edukasyon ay dapat tiyakin din na ang mga klase ng edukasyon sa karapatang pantao ay kasama sa buong pangunahing, sekondaryong at tersiyaryong antas ng mga akademikong institusyon sa buong bansa.⁹⁰

Ang Batas ng Republika blg. 9745 ay isang pagsulong sa batas. Ito ay tumutukoy at pinaparusahan ang tortyur alinsunod sa mga pamantayang matatagpuan sa UN Convention against Torture. Ito din

ay nagpapataw ng mas mabagsik na parusa para sa tortyur kaysa sa mga ipinataw ng binagong Kodigo Penal para sa pangmamaltrato at nag-iiba ang parusa ayon sa kalubhaan ng mga tortyur na ipinataw. Nangangahulugang, ginawa ng batas ang tortyur, na parang pangmamaltrato, na saklaw ng batas ng mga limitasyon. Bagamat isinaad ng pagpapatupad ng mga patakaran at regulasyon na walang batas ng mga limitasyon,⁹¹ Ang Batas na ito ay naglalaman ng walang gayong probisyon: nagpapahiwatig ito na ang isang batas ng mga limitasyon ay naaangkop, dahil ang pagpapatupad ng mga patakaran at regulasyon ay hindi maaring pahabain kung ano ang hindi pahintulutan ng Batas. Kung ito ay totoo, kahit ang pinakamabigat na anyo ng tortyur ay hindi maaaring usigin matapos ang 12 taon at ang mas mababang anyo ng tortyur ay hindi maaaring usigin pagkatapos ng pagitan ng apat at walong taon.⁹²

Mga balakid sa pag-uusig para sa tortyur

Sa apat na taon mula nang ang Batas ng Republika blg. 9745 ay naipatupad, walang tao ang nahatulan ng tortyur. May ilang nakasuhan. Kasama si Police Senior Inspector Joselito Binayug et al, na naaresto at kinasuhan sa pagtortyur kay Dario Evangelista, isang pinaghihinalang magnanakaw;⁹³ ang kaso ay nakabinbin bago ang Panrehiyong Hukuman ng Paglilitis ng Maynila, Sangay 1. Ang mga sundalo sa pangalawang batalyong impanteriya ng hukbo na ikasiyam na impanteriyang dibisyon ay kinasuhan sa pagtortyur ni Ronel Cabais, isang hinihinalang miyembro ng NPA;⁹⁴ ang mga utos ng pag-aresto ay inilabas ng mga Pangmunisipyong Hukuman sa Paglilitis ng Polangui-Libon-Oas, Albay, Timog Luzon, subalit hanggang ngayon ay walang pag-arestonng ginawa. Sina Sgt. George Awing, SSgt. Elmer Magdaraog, and Capt. Sherwin Guidangen ay kinasuhan bago ang Pangrehiyong Hukuman sa Paglilitis ng Lungsod ng Isabel, Basilan, Mindanao, Sangay 2, sa pagtortyur kay Abdul-Khan Balinting Ajid, isang hinihinalang miyembro ng Abu Sayaff group;⁹⁵ sila rin ay hanggan sa ngayon hindi pa naaresto.

Ang Medical Action Group ay nagmumungkahi ng ilang dahilan kung bakit kakaunti lamang ang inusig at wala pang nahatulan. Ang mga tagausig at pampublikong abogado ay hindi sapat ang kamalayan ng Batas ng Republika blg. 9745, nagiging sanhi ng napakahabang pagkakakulong bago ang paglilitis; Hindi nakapaglaan ang pamahalaan ng sapat na pera at mga tauhan para sa taga-usig dahil ito ay hindi naipasiya na matiyak na ang mga imbestigasyon ay epektibo; at ang mga tigib na pampublikong abogado na abala sa pagtatanggol ng kanilang mga kliyente laban sa mga kriminal na paratang ay may kaunting oras na lamang para sa iba pang mga tungkulin, kabilang na ang mga napasasailalim sa Batas ng Republika blg. 9745.⁹⁶ Binigyang-diin ng Tagausig na si Gail Maderazo ang hindi sapat na pagsasanay ng mga pampublikong tagausig at pampublikong abogado. Naganap ang isang serye ng pagsasanay upang ipaalam sa mga pampublikong tagausig ang batas ng Republika blg. 9745 noong 2013, at isang pagsasanay ang ginanap noong 2014; ngunit hindi naabot ng mga pagsasanay ang kabuuan ng Pambansang Serbisyo sa Pag-uusig ng Pilipinas, lalo na ang Tanggapan ng Pampublikong Abogado. Maraming mga pampublikong tagausig at pampublikong abogado ay walang lubos na kaalaman sa mga batas tungkol sa tortyur.⁹⁷

Ang agarang medikal na eksaminasyon ay bihirang isagawa, bagaman ito ay isang ligal na pangangailangan. Ang mga biktima ng tortyur ay bihirang igiit ang kanilang karapatan upang matignan ng doktor, dahil karamihan ay hindi alam na sila ay mayroong karapatang ganito at hindi ito ipinaalam sa kanila ng mga awtoridad. Sa malinaw na kadahilanan, ang mga awtoridad ay nag-aatubili na dalhin ang mga biktima ng tortyur sa isang medikal na doktor para sa isang eksaminasyon, higit pa kung ang mga biktima ay maralita.

Maraming biktima ng tortyur ay hindi nakakapagpatingin sa isang doktor ng ilang mga araw o linggo, nakokompromiso ang kalidad ng anumang imbestigasyon, dahil ang mga salarin ay may oras upang pagtakpan ang kanilang krimen, at ang ebidensya sa pinangyarihan ng krimen at ang nasa biktima ay kumukupas at kalaunan ay naglalaho. Dapat ibinibigay ang mga medikal na eksaminasyon nang walang bayad kung ang isang naaresto na tao ay di kayang magbayad,

ngunit sa nakasanayan, ang mga suspek ay madalas na sinisingil ng kabayaran at dahil dito marami ang nagpapaubaya ng kanilang karapatan na magkaroon ng isang medikal na eksaminasyon.⁹⁸

Bukod pa rito, ang mga biktima ng tortyur ay madalas na sinusuri ng doktor na nakatalaga sa mga pasilidad ng kalusugan ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, o Sandatahang lakas ng Pilipinas. Ang mga doktor na ito ay maaaring magbigay lamang ng isang di-detalyadong pisikal na pagsusuri, at hindi magtatanong tungkol sa mga marka ng tortyur. Ang mga sertipikong medikal ay madalas buod, sumasangguni lamang sa nakikitang pasa at naglalaman ng isang mababaw na pagtatasa ng kung hanggan kailan kinakailangan ng biktima ang medikal na paggamot.⁹⁹

Panghuli, kakaunti na mga propesyonal ng kalusugan sa Pilipinas ay may kakayanan upang idokumento ang tortyur nang lubusan, at madalas na iniwasan nila ang subukin na idokumento ang tortyur dahil sa takot na sila ay gagantihan. Ang mga opisyal ng pulis ay madalas na naroroon sa panahon ng pisikal at medikal na eksaminasyon; sa ilang mga kaso, pinapangasiwaan nila ang mga gawain ng mga doktor. Walang mga pananggala ang gumagarantiya ng pagiging kumpidensyal ng mga ulat pang-medikal, protektahan ang mga tauhan ng kalusugan mula sa pananakot ng mga pulis, o tiyakin na maaari nilang suriin ang mga pasyente ng pribado nang hindi sa harapan ng pulis.¹⁰⁰

Wastong medikal na pagsusuri ay karaniwang isinasagawa ng mga propesyonal ng kalusugan na kaanib ng mga NGOs. Dahil ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay karaniwang hinahadlangan ang mga NGO ng Pangkarapatang Pantao mula sa pagpasok ng bilangguan at kulungan ang gayong mga pagtatasa ay karaniwang nangyayari pagkatapos ng isang mahabang pagkaantala. Sa maraming kaso, kahit na ang mga eksperto ng NGO ay pinapayagan na tingnan at suriin ang mga biktima, sila ay ipinagbabawal mula sa pagdadala ng mga kagamitang medikal at pang dokumentasyon sa lob ng mga kulungan: ang epekto, malinaw na, upang maiwasan ang isang wastong porensikong eksaminasyon, hanggang maghilom ang mga sugat.¹⁰¹

Kapag inuusig ang mga gawain ng tortyur, ang mga biktima ay kailangan ding harapin ang legal construct ng “presumption of regularity” sa paggawa sa mga opisyal na tungkulin.¹⁰² Ang mga gawain ng mga opisyal ng pamahalaan ay ipinapalagay na maayos. Tortyur ay ipinapalagay na hindi na naganap. Ang pasanin ng pagpapatunay ng isang paratang sa tortyur ay mabigat na nakapatong sa mga biktima, na nagpapahina ng loob ng mga biktima ng tortyur na lumabas at magreklamo. Kahit na maraming reklamo ng tortyur ay naitala ng mga organisasyon sa karapatang pantao at iniulat sa media, iilan lang ang nausig.¹⁰³

Sa karagdagan, ang pamahalaan ay madalas na nananawagan ng pambihirang kalagayan o pagkakataon at mga banta sa pambansang seguridad bilang depensa. Madalas arestuhin ng mga awtoridad ang mga inosenteng sibilyan, madalas nang hindi naaayon sa legal na kautusan mula sa korte, at mayroong maraming mga kaso ng maling pagkakakilanlan, kapansin-pansin sa mga Muslim na halos parehas o magkatulad ang mga pangalan. Hinihikayat din ng mga insentibo (gantimpala at ang mga pangako ng promosyon) ang mga opisyal na kumuha ng mga mas madaling pamamaraan gaya ng tortyur at pangmamaltrato. Ang mga problemang ito ay lalo nang matindi sa Mindanao.¹⁰⁴

Kapag ang mga awtoridad ay hindi kaya o ayaw tukuyin o at tuntunin ang umano’y salarin, ito ay malinaw na ginagawang mas mahirap para sa mga biktima ng tortyur matamo ang katarungan at remedyo. Ang karaniwang kaugalian ng nakapiring, isang anyo ng tortyur sa ilalim ng Batas ng Republika blg. 9745, ay ginagawang mahirap para sa mga biktima ang tukuyin ang kanilang mga salarin. Ang pag-aatubili ng mga taga-usig na gamitin o payagan ang pagkakakilanlan ng tinig ay may mga parehong epekto.¹⁰⁵ Sa Pampanga, Luzon, limang bilanggong pulitikal na nakapiring ay nakita ang kanilang kaso laban sa mga pulis na dumakip sa kanila na pinauwi dahil tinanggihan ng mga taga-usig ang pagkakakilalanan sa pamamagitan ng tinig na kanilang isinumite.¹⁰⁶ Madalas harangan ng mga awtoridad ang mga kaso dahil sila ay may mabigat na loob na makipagtulungan sa

pag-uusig sa mga kasamahan.¹⁰⁷ Halimbawa nito ang mga kabiguan, na nabanggit na, upang ipatupad ang utos ng korte para sa pag-aresto ng mga sundalo sa pangalawang impanteryang batalyon ng mga hukbo ng ikasiyam impanteryang dibisyon, na kinasuhan ng pagtortyur kay Ronel Cabais;¹⁰⁸ at Sgt. George Awing, SSgt. Elmer Magdaraog, at Capt. Sherwin Guidangen, na kinasuhan ng pagtortyur kay Abdul-Khan Balinting Ajid.¹⁰⁹

Ang mga nakaligtas sa tortyur, kanilang mga pamilya, at mga grupo ng suporta (kabilang na ang mga doktor at abogado) ay nagsabi na maraming mga nakaligtas sa tortyur at mga saksi ay nga-aatubili na makipagtulungan sa pag-uusig ng tortyur dahil sila ay natatakot na sila sa paghihiganti, at mga banta ng paghihiganti ng mga kamag-anak, kaibigan at kasamahan sa trabaho ng mga umano'y salarin.

Ang kabiguan upang usigin ay isang problema sa sistema, pinalubha ng katunayan na ang mga biktima ng tortyur at kanilang mga saksi ay kadalasan na kinakasuhan ng mga aktibidad na kaugnay sa insurhensiya at mga gawa-gawang pagkakasala.¹¹⁰

Kahit na ang Pambansang Kawanihan ng Pagsisiyasat ng Kagawaran ng Katarungan at ang Komisyon sa Karapatang pantao ng Pilipinas ay may parehong programa ng proteksyon ng saksi, ang mga ito ay bihirang nagamit na epektibo dahil sa kakulangan ng pondo at suporta ng mga tauhan. Bukod pa rito, ang proteksyon ay nagsisimula lamang kapag isinampa na ang mga kaso. Nagreklamo ang mga saksi na ang proteksyon ay garantisado lamang sa panahon ng mga pagdinig ng kaso, hindi pagkatapos, iniwan silang bukas sa paghihiganti.¹¹¹

Sa panahon ng interogasyon, ang mga biktima ng tortyur ay napasasailalim sa mga banta at pisikal na presyon, at sapilitang pinapipirma ng mga pahayag na ang nilalaman at layunin ay hindi ipinaliwanag sa kanila. Kalaunan, natanto nila na sila ay pumirma ng isang pagpapaubaya na ginagawang lehitimo ang kanilang mga pag-amin. Kapag ang mga dokumento ay lumutang, nahahanap ng mga biktima ang kanilang mga sarili na obligado na patunayan na nilagdaan nila ang mga ito sa ilalim ng tortyur.¹¹²

Mga Pananagutang Sibil

Ang isang kriminal na kaso ay karaniwang nagbubunga ng isang kasong sibil. Ayon sa Mga Panuntunan ng hukuman ng Pilipinas, kapag ang isang kriminal na aksyon ay pinasimulan karaniwang ito ay nag-uudyok ng sibil na aksyon para sa pagbawi ng mga sibil na pananagutan na nagmula sa pagkakasala. Maliban na lang kung ang nasaktang partido ay magpapaubaya ng aksyong sibil, ay may karapatan na pasimulan ang mga ito nang hiwalay, o magsimula ng sibil na aksyon bago ang kriminal na aksyon.¹¹³

Ang isang hiwalay na kasong sibil ay posible din. Sa *Aberca vs. Ver*,¹¹⁴ kinumpirma ng Korte Suprema ng Pilipinas na ang nasaktang partido ay may dahilan na pasimulan ang hiwalay na sibil na aksyon para sa danyos na nagmumula sa paglabag ng karapatang pantao, kabilang ang tortyur. Sa pag-abot sa opinyon na ito, ang hukuman ay umasa sa Bagong Kodigo Sibil¹¹⁵ na kung saan ay ginagawa ang anumang pampublikong opisyal o empleyado o pribadong indibidwal, na tuwiran o di-tuwirang humaharag, tumalo, lumabag o sa anumang paraan ay nakakahadlang o nakasisira sa alinman sa inihanay na karapatan at kalayaan ng ibang tao, ay mananagot sa huli para sa mga pinsala. Kabilang sa mga karapatan at mga kalayaan ay: kalayaan sa arbitraryong o ilegal na detensyon; karapatan sa pantay na proteksyon sa ilalim ng batas; karapatang maging ligtas sa sarili, bahay, papeles, at mga epekto laban sa mga hindi makatwiran na paghahanap at pagkuha; karapatang hindi mapilitang sumaksi laban sa sarili; karapatang hindi sapilitang ipagtapat ang mga kasalanan; karapatang hindi sapilitan na ipagtapat ang kasalanan sa isang pangako ng kaligtasan o gantimpala (maliban kapag ang mga tao na pagtatapat ay nagiging saksi ng Estado); kalayaan mula sa labis-labis na multa o malupit at kakaibang parusa, maliban kung ang parehong ay iginiit o ipinataw alinsunod sa isang batas na hindi idineklarang labag sa Saligang-batas; at kalayaan sa paggamit sa mga korte.

(Dahil sa mga teknikal na depensa, ang paglilitis sa *Aberca v Ver* ay hindi pa nakumpleto. 26 taon na ang nakalipas mula nang ang kaso ay pinasimulan ngunit ang mga nagsasakdal ay hindi pa nakatanggap

ng anumang uri ng pagbabayad para sa mga pinsala dinanas nila, kasama na ang tortyur.)

Ang isang Board of Claims, sa pamamagitan ng isang kapaki-pakinabang na administratibong pamamaraan ay naggawad ng parangal sa mga biktima ng mararahas na krimen na kinabibilangan ng tortyur. Ang mga pera na ipinagkaloob ng lupon ay pawang maliit.¹¹⁶ Isang katulad na administratibong ahensiya, ang Human Rights Claims Board, ay naglalaan ng mas malaking halaga, ngunit ang hurisdiksiyon nito ay limitado lamang sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang pantao ng rehimeng Marcos.¹¹⁷

REKLAMO AT PAGMAMANMAN BATAS AT PAGSASAGAWA

Tanodbayan

Noong 1985, sa simula ng panahon ng pagsusuri, walang pambansang karapatang pantao na institusyon ang umiral na maaaring magsilbing isang ahensya para sa reklamo o pagmamanman. Ang isang Ombudsman (Tanodbayan) ay maaaring imbestigahan ang mga reklamo na ginawa ng isang administratibong ahensya, payuhan ang Lehislatura sa posibleng mga remedyong mga batas, at usigin ang mga nagkasalang opisyal ng pamahalaan.¹¹⁸ Sa kanyang pag-aaral ng Tanodbayan sa pagitan ng 1979 at 1981, kinakalkula ni Irene Cortes (isang propesor ng batas at sa dakong huli Huwes ng Korte Suprema) na ang Tanodbayan ay nakatanggap ng higit sa 3,000 kaso kada taon, kabilang na ang 300 sa mga administratibong ahensya ; hindi niya ipahiwatig kung ilan ang kaso ng tortyur.¹¹⁹

Noong 1986, nalikha ang isang komite ng Pangulo sa karapatang pantao.¹²⁰ Kasama sa mga tungkulin nito ang imbestigasyon sa mga alegasyon ng tortyur; ngunit maaari lamang ito magbigay ng mga rekomendasyon sa Pangulo. Iniulat ng US State Department na 27 na alegasyon ng tortyur ay ipinarating sa komite noong 1986.¹²¹

Komisyon sa Karapatang Pantao

Ang 1987 Saligang batas ng Pilipinas ay nagtatag ng isang pambansang institusyon sa karapatang pantao, na may pamagat na Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas (PCHR). Ang kapangyarihan nito ay mas malawak kaysa sa Komite ng Pangulo sa Karapatang Pantao. Ang kayang kalayaan ay ginagarantiya ng Saligang Batas.¹²² Ang awtomatikong at regular na paglabas ng inaprubahang mga taunang takdang paggastos ay tinitiyak ng Saligang Batas.¹²³ Patungkol sa totyur, ang komisyon ay binigyan ng kapangyarihan na kumilos bilang isang mekanismo sa mga reklamo at bilang tagasubaybay na ahensya.

Sa ilalim ng Konstitusyon ng 1987, ang PCHR ay maaring mag-imbestiga, sa sarili nitong inisyatiba o kasunod ng reklamo ng anumang partido, ng lahat ng mga anyo ng paglabag sa karapatang pantao na may kinalaman sa mga karapatang sibil at politikal. Maaari itong mapatibay sa mga gabay sa operasyon at tuntunin ng pamamaraan nito, at maaring magparusa sa pamamagitan ng contempt kung ang mga tuntunin at patakaran ay linabag, alinsunod sa mga Tuntunin ng Hukuman. Ito ay maaaring magpatibay ng angkop na ligal na hakbang upang protektahan ang mga karapatang pantao ng lahat ng tao sa Pilipinas, pati na rin ang mga mamamayang Pilipino na nakatira sa ibang bansa, at bumuo ng mga pang-iwas na batas at mga libreng serbisyo ng abogado para sa mga maralitang indibidwal na ang karapatang pantao ay nilabag o nangangailangan ng proteksyon. Ito ay may awtoridad na bumisita sa kulungan, bilangguan, o mga pasilidad ng detensyon. Maari nitong ipagkaloob ang kaligtasan mula sa pag-uusig sa sinumang tao na ang pag-amin, o ang pag-aari ng mga dokumento o iba pang ebidensya, ay kailangan o nararapat para sa pagtukoy ng katotohanan sa anumang imbestigasyon na isinasagawa nito o isinagawa sa ilalim ng awtoridad nito. Ito ay may kapangyarihan upang hilingin ang tulong ng anumang kagawaran, kawanihan, opisina, o ahensiya sa pagganap ng kanyang tungkulin.¹²⁴

Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas bilang mekanismo ng reklamo

Bilang isang mekanismo sa mga reklamo, ang PCHR ay may maraming mga kapangyarihan sa ilalim ng Saligang Batas ng 1987. Ito ay may awtoridad na tumanggap ng mga reklamo ng tortyur at imbestigahan ang mga ito. Maaari itong magsagawa ng imbestigasyon sa sarili nitong inisyatiba. Ito ay malaya: ang iba pang sangay ng gobyerno at opisyal na ahensya ay walang kapangyarihan upang gamitin ang anumang pormal na impluwensiya sa kanya. Ang komisyon ay walang kapangyarihan upang pilitin ang produksyon ng mga ebidensya, ngunit maaaring hilingin ang tulong ng iba pang mga tanggapan ng pamahalaan, at may kapangyarihan na magparusa sa pamamagitan ng contempt. Maaari nitong isangguni ang isang kaso sa isang awtoridad na nag-iimbestiga,¹²⁵ ngunit ito ay walang kapangyarihan na magdesisyon para kanila. Ito ay maaari ding magrekomenda ng bayad-pinsala, ngunit ang mga rekomendasyon ay walang pwersa.

Ang PCHR ay humaharap sa ilang mga isyu. Sa panahon ng pagsusuri, isinangguni nito ang ilang mga kaso na mga pampublikong tagausig, na nag-imbestiga ng mga reklamo, ngunit ang ilan sa mga ito ay pinawalang-bisa. Ang ilan sa mga rekomendasyon ng PCHR sa bayad-pinsala ay gayunding isinantabi ng iba pang mga ahensya. Mas malaking kooperasyon sa pagitan ng Komisyon, pampublikong tagausig at iba pang mga ahensya ay dapat pag-aralan.

Ang komisyon ay naglalathala mga natuklasan nito bilang bahagi ng pamamaraan nito at naghahanda ng taunang ulat na nagbubuod ng mga gawain nito.¹²⁶ Noong 2012, iniulat ng PCHR na ito ay may dokumentado ng mga insidente ng tortyur na kinasasangkutan ng mga 64 na biktima.¹²⁷ Noong 2011, pinagsama nito ang mga bilang ng extrahudisyal na pagpatay, sapilitang pagkawala at tortyur, at iniulat na ito ay may dokumentado na 183 ng naturang insidente, kinasasangkutan ng 225 na mga biktima.¹²⁸ Isinaad nito na 183 na insidente, na kinasasangkutan ng 408 na mga biktima, ay naganap noong nakaraang taon. Noong 2010, iniulat nito ang 114 na mga kaso ng tortyur.¹²⁹

PCHR bilang ahensya na tagamanman

Ang PCHR ay awtorisado ring magmanman ng tortyur sa pamamagitan ng mga pagbisita sa mga lugar ng detensyon. Hindi sinasabi ng 1987 Saligang Batas kung anong uri ng pagbisita ang maaring gawin ng komisyon, ngunit sapat na malawak ang kapangyarihan ng PCHR upang isama ang mga di-inanunsyong mga pagbisita. Walang batas na ipinagkakaloob ang kaligtasan ng Komisyon para sa mga aktibidad na kaugnay sa pagmamanman.

Sa mga unang taon ng pag-iral nito, mula sa 1987 pasulong, ang mga pagbisita ay hinaharangan, kahit pa ayon sa saligang batas ito ay maaaring bumisita. Ang mga awtoridad sa bilangguan aykaraniwang nag-obliga sa mga opisyal nito upang maghintay, sa mga lugar na kinailangang makakuha ng clearance, at kung minsan ay hindi sila lahatang pinapasok. Ayon sa PCHR ang pinakamahirap pasukin ay ang mga lugar ng detensyon ng mga militar; sila ay paminsan-minsang nagsasabi na walang silang mga pasilidad ng detensyon. Ito ay bahagyang mas madaling nakakapasok sa mga kulungan ng pulis, at ang pinakamadaling bisitahin ay ang mga pambansang, panlalawigan, panlungsod at pang munisipyong bilangguan. Nang ipakita ng Komisyon sa mga opisyal ng piitan ang kopya ng Saligang batas, bumuti ang kanilang pagtanggap.

Patungkol sa mga pagbisitang kapangyarihan nito, nakagawa ng ilang mga pagsulong ang Komisyon. Noong Mayo 18, 2009, pinagtibay nito ang Pagpapatupad ng mga Tuntunin sa Pagdalaw sa Piitan;¹³⁰ noong Hunyo 23, 2009 nilagdaan nito ang isang Memorandum ng Pagsasagawa kasama ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, para sa pagpapadali sa paggamit ng mga pasilidad sa detensyon ng pulis; noong 16 Setyembre 2009, ang Kawanihan ng Pamamahala ng Kulungan at Penolohiya ay naglabas ng Memorandum Sirkular na ipinagkakaloob sa komisyon ang malayang pagpasok sa mga kulungan nito. Sinulat ang isang Memorandum ng Kasunduan sa pagitan ng komisyon at Sandatahang Lakas ng Pilipinas na magpapadali ng pagbisita sa mga pasilidad ng detensyon ng militar, ngunit hindi pa ito nalalagdaan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas.

Ang komisyon ay pumayag din sa pamamaraan nito para sa pagsasagawa ng pagbisita. Lahat ng pagbisita ay ginawa sa pamamagitan ng awtorisadong opisyal at tauhan, na sakop ng isang Mission Order.¹³¹ Sa loob ng limang araw ng misyon, ang opisyal o grupo na nagsagawa ng pagbisita ay dapat magsumite ng isang komprehensibong ulat pagkatapos ng misyon sa mga opisyal na naglabas ng Mission Order. Ang isang kopya ng ulat ay dapat ibigay sa Tanggapan ng Pagtulong at Pagbisita ng Komisyon,¹³² na nagsusumite sa mga miyembro ng Komisyon ng mga regular na buwanang ulat sa lahat ng mga gawain ng pagbisita, pati na rin ang espesyal na ulat na maaaring kailanganin. Ang Pagtulong at Pagbisitang Tanggapan ay nagsusumite ng pinagsama-samang taunang ulat sa serbisyo nito at kaugnay na mga programa at proyekto.¹³³ Ang mga awtoridad ng Estado, kanilang mga ahente, o sinumang tao na kumikilos sa kanilang mga kahalili o sa pamamagitan ng pagsasawalang-kibo, na sadyang o nang walang makatarungang dahilang ipagwalang-bahala o tumangging sundin ang mga awtoridad ng komisyon na ipatupad ang mga kapangyarihan sa pagbisita nito, ay maparurusahan ng contempt.¹³⁴

Ang Batas ng Repunlika blg. 10353 ng 2012 (ang Batas laban sa Sapilitang Pagkawala) ay nagpalakas ng kapangyarihan pagbisita ng komisyon. Sa ilalim ng batas na ito, ang Komisyon o ang mga awtorisadong kinatawan nito ay inutusan at pinahintulutang gumawa ng mga regular, malaya, di-ihinayag at di-limitado na mga pagbisita sa, at siyasatin, lahat ng mga lugar ng detensyon at kulungan.¹³⁵

Sa panahon ng pagsusuri, isinagawa ng Komisyon ang maraming inihayag at di-inihayag na pagbisita. Kapag nagtagumpay ang mga opisyal ng Komisyon sa pagkamit ng pagpasok sa mga pasilidad ng detensyon, nagawa nilang kapanayamin ang mga nakakulong. Ang mga ulat ng pagbisita ay ibinuod sa taunang ulat ng Komisyon. Halimbawa, nakalkula ng 2011 Taunang Ulat na naabot ng PCHR ang kabuuang 46,170 na mga bihag sa panahon ng regular at biglaang pagbisita.¹³⁶ Noong 2010, isinasaad ng Taunang Ulat na nagsagawa ng 520 mga pagbisita sa kulungan ang Komisyon¹³⁷

Simula nang itinatag ito, nakatanggap ang mga kawani ng PCHR ng isang tiyak na halaga ng pagsasanay. Mula 2003 hanggang 2006 ang Medical Action Group ay nakipagtulungan sa pag-organisa ng isang pagsasanay para sa mga kawani ng PCHR at iba pang mga opisyal sa kung paano tukuyin, magdokumento at mag-ulat ng mga kaso ng tortyur. Nadagdagan ang mga pagsasanay pagkatapos ng pagpasa ng Batas ng Republika blg. 9745 (Batas laban sa Tortyur), na kung saan ang pagsasanay laban sa tortyur ay hinihingi.¹³⁸ Noong 2010, itinatag ang Samahan para sa Pagpigil ng Tortyur (APT) ang isang pagsasanay para sa mga kawani ng PCHR. Ang isang mahalagang punto na lumitaw ay ang pagkakaiba ng prebentibo at reaktibo na mga pagbisita: ang mga grupo ng PCHR na gumagawa ng mga prebentibong mga pagbisita ay hiwalay na ngayon mula sa mga grupo na bibisita bilang tugon sa isang reklamo.¹³⁹

Ang Taunang ulat ng PCHR ay nagbanggit ng iba pang mga gawain ng pagsasanay. Noong 2010, halimbawa, sa ilalim ng suporta ng gobyerno ng Australia, pinasok nito ang isang apat na taon proyekto upang palakasin ang kapasidad sa pag-iimbestiga sa tulong ng isang grupo ng eksperto sa forensic na antropolohiya mula sa Peru.¹⁴⁰ Noong 2011, ang komisyon at tatlong NGOs (ang Balay Rehabilitation Center, Medical Action Group, at Task Force Detainees ng Pilipinas) ay itinatag ang isang pagsasanay sa prebentibong pagmamanman ng tortyur at pangmamaltrato.¹⁴¹ Sa 2012, nakibahagi ang mga kawani ng pagsasanay ng imbestigasyon sa pinangyarihan ng krimen sa Bangkok.¹⁴²

Iba pang mga ahensya para sa mga reklamo

May ilang mga ahensya, bukod pa sa komisyon, ay maaaring tumanggap at imbestigahan ang mga reklamo ng tortyur. Karamihan ay may isang mandato na imbestigahan ang mga paglabag ng batas ng mga pampublikong opisyal. Kabilang dito ang Ombudsman, isang independiyenteng ahensya na nilikha sa pamamagitan ng 1987 Saligang Batas upang isaalang-alang ang mga kriminal at administratibo na pananagutan ng mga pampublikong opisyal na linalabag ang batas,¹⁴³ at ang Komisyon ng Serbisyo Sibil, isang

independiyenteng ahensya na nilikha sa pamamagitan ng 1987 Saligang Batas upang maglingkod bilang ang sentral na tauhan na ahensiya ng pamahalaan.¹⁴⁴ Ang Komisyon ng Serbisyo Sibil ay itinuturing lamang ang administratibo na pananagutan ng mga pampublikong opisyal.

Ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang upang galugarin ang mga posibilidad ng pasimplehin ang mga mekanismong ito at kung paano ang kooperasyon sa pagitan ng mga ito ay mapapabuti.

Ang iba pang mga ahensya ay tumatanggap ng reklamo laban sa mga opisyal ng pulisya at isinaalang-alang ang kanilang administratibong pananagutan. Kabilang dito ang: Liderato ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas, na may kontrol sa naglilingkod na mga pulis;¹⁴⁵ ang Pambansang Komisyon ng Pulisya, na may kontrol ng administratibo at operasyonal na pamamahala sa Pambansang Pulisya ng Pilipinas;¹⁴⁶ ang People's Law Enforcement Bureau, ang pangunahing opisina sa pagtanggap ng mga reklamo laban sa mga pulis mula sa mga mamamayan;¹⁴⁷ at ang Philippine National Police Internal Affairs Service, na siyang gagawa ng imbestigasyon.¹⁴⁸

OPCAT

Ang Pilipinas ay naging partido sa Optional Protocol to the UN Convention against Torture (OPCAT) noong 2012. Masyado pang maaga upang masuri ang mga epekto nito. Kinilala ng pamahalaan ang kakayanan ng mga Subcommittee on Prevention of Torture upang isagawa ang isang di-inihayag at walang-limitasyong mga pagbisita, ngunit ito ay nagpasok ng reserbasyon na nagpapaliban ng gayong mga pagbisita.¹⁴⁹

Ang OPCAT ay nag-oobliga ng mga partido ng estado upang magtatag ng isang independiyenteng at sapat na suporta para sa pambansang mekanismo laban sa tortyur (NPM), na dapat magkaroon ng kapangyarihan na isagawa ang di-inihahayag at walang-limitasyong mga pagbisita. Lumipas ang panahon para sa pagtatatag ng mga ahensyang ito. Pinag-aaralan ng Kongreso ang isang panukala na lumikha ng mga NPM, ngunit ito ay hindi pa naaprubahan.

Ang Tortyur ay may dalawang mukha

Patungkol sa tortyur, malaki ang pagkakaiba ng pang-araw-araw na realidad mula sa nakasaad sa batas ng Pilipinas. Sa isang banda, ang mga hakbang upang sugpuin ang tortyur ay patuloy na bumuti. Higit sa lahat dahil sa walang tigil na pangangampanya ng lipunang sibil,¹⁵⁰ ang mga batas na may kinalaman sa tortyur ay naging mas sopistikado, at humantong sa Batas ng Republika blg. 9745 (Batas Laban sa Tortyur ng Pilipinas)¹⁵¹ na tumutukoy at nagpaparusa sa mga krimen ng tortyur alinsunod sa mga pamantayan na itinakda ng UN Convention against Torture. Ang Komisyon ng Pangkarapatan ng Pantao ng Pilipinas ay umunlad din, bilang isang ahensya para sa reklamo at ng pagmamanman. Dahil ang kalayaan nito ay ginagarantisado ng Saligang Batas, ang PCHR ay may potensyal na gumawa ng mga epektibong paggamit ng kanyang kapangyarihan upang imbestigahan ang mga tortyur at bisitahin ang mga bilangguan at mga lugar ng detensyon. Bukod pa rito, ang Batas ng Republika blg. 10353 (ang Batas laban sa Sapilitang Pagkawala)¹⁵² ay nagbibigay-daan dito upang isakatuparan ang walang-limitasyon at di-inihayag na mga pagbisita.

Ang pagsasagawa nito ay isa pang bagay. Ang mga militar at pulis ay patuloy na gumagawa ng tortyur na para bang sila ay walang dahilan upang tumigil. Sa panahon ng pagsusuri, ang mga kaso ng tortyur ay bumuti nang bahagya matapos bumagsak ang rehimeng Marcos, ngunit ang dalas nito, kalubhaan at heograpikal na paglaganap ay nananatiling mataas. Ang mga opisyal ng pagpapatupad ng batas ay patuloy na minamaliit o binabalewala ang mga karapatan ng mga bilanggo at hindi binibigyan-pansin ang ganap na pagbabawal sa tortyur.

Ang problemang ito ay pawang malalim. Tatlong daang taon ng pananakop ng mga Kastila, sinundan ng kalahating siglo ng kolonisasyon ng mga Amerikano, katuwang ng pananakop ng mga Hapon sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ang mga panuntunan ng batas militar ni Pangulong Marcos, ay tumulong upang ipaliwanag ang malawak na pagkakaiba sa pagitan ng batas at

pagsasagawa. Ang mga militar at pulis ng Pilipinas ay walang ugat sa isang matibay na tradisyon ng isang maprinsipyo at maypananagutan sa pagpapatupad ng batas. Ang mga ugali na naibunga ng kasaysayang ito ay hindi magbabago, o mababago, magdamag.

Sa karagdagan, ang matagal na hidwaan ng mga rebeldeng Muslim at ang bagong hukbong bayan ay patuloy na tinutukso ang mga opisyal ng militar at pulis na gamitin ang mga konsiderasyon sa pambansang seguridad upang pangatwiran ang tortyur. Ang Cabais, Salas at Ajid na mga kaso (na binanggit sa kabanatang ito) ay katibayan ng mga ito-habang ang Evangelista at ang mga kaso ng ‘gulong ng tortyur’ (binanggit din) ang nagpakita ng antas kung saan ang mga pwersang Pangseguridad ay nagtotortyur ng mga suspek ng pangkaraniwang krimen.

Ang pagpapatupad ng batas ng Pilipinas ay kailangang magbago. Isang malupit na kolonyal na nakaraan at kasaysayan ng martial law ay hindi magbibigay-katwiran sa tortyur. Ang marahas na kasaysayan ng Pilipinas ay dapat ibuyo sa mga responsable para sa pagpapatupad ng batas upang dalhin sa kabilang direksyon, at matibay na itakwil at tutulan ang tortyur. Ang batas ay maaaring magbigay-liwanag sa tatahaking landas. Ito ay may potensyal na ipakita ang ‘ano ang maaaring maging’ at sa kalaunan ay magbibigay gabay sa pagsasagawa. Sa ngayon, sa kasamaang-palad, ito ay nananatiling isang hangarin sa Pilipinas, at walang pahiwatig kung kailan ito matatanto.

KONKLUSYON

Ang mga tao sa Pilipinas ay may pananalitang: doble kara.¹⁵³ Ang ibig sabihin ay ‘dalawang mukha.’ Ang batas ay nagsasabi ng isang bagay. Ano ang nangyayari ay iba. Ang bansa ay isang halimbawa ng magandang batas ngunit salat sa pagsasagawa. Nananatili ang

tortyur sa kabila ng napakaraming hakbang sa internasyonal at lokal na hakbang na pinagtibay upang maiwasan ang mga ito at, hanggan sa ngayon, ang mga hakbang na ito ay may kaunting epekto sa kung ano ang mangyayari sa mga pag-aresto,interogasyon, at sa mga lugar ng detensyon.

Ang ilang mga hakbang, tulad ng Optional Protocol to the Convention against Torture, at Batas ng Republika blg. 10353 (ang Batas laban sa Sapilitang Pagkawala), ay bago at nangangailangan ng panahon upang makabuo ng mga epekto. Gayon pa man, kahit ang Batas ng Republika blg. 9745 (ang Batas laban sa Tortyur) ay nakatulong upang palaganapin ang opisyal at pampublikong kamalayan ng pagbabawal ng tortyur, ang patuloy na pagsasagawa ng mahabang detensyon bago ang pagsampa ng mga kaso, sa kabila ng kriminalisasyon ng pagsasagawa ng mga ito, ay nagtataguyod ng mga gawa ng tortyur.

Ipinapaliwanag ng iba't ibang mga kadahilanan kung bakit ang batas na ito ay halos walang epekto. Kabilang dito ang: mga paniniwala ng walang kaparusahan ng mga opisyal ng pulisya at militar; ang takot na sila ay paghigantihan na nadarama ng mga biktima, saksi, manananggol at mga doktor; ang kawalan ng kaligtasan sa pag-uusig para sa mga opisyal ng Komisyon kapag ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa pagmamamamnan; kabiguan sa pagpapatupad ng batas na pantay-pantay sa mga taong kulang sa mga ligal, medikal, pananalapi at iba pang mga panganagilangan; ang walang pwersang rekomendasyon ng tortyur ng Komisyon sa mga pampublikong tagausig, at ang mga rekomendasyon nito ng bayad-pinsala; at ang kakulangan sa pagsasanay na ibinigay sa mga pulis, tagausig, pampublikong abogado at opisyal ng mga PHRC.

Marami pa rin ang kailangang gawin bago mag-tugma ang dalawang mukha ng batas at pagsasagawa nito sa Pilipinas, na magdadala ng katapusan ng tortyur.

INDONESIA

by Budi Hernawan and Chris Sidoti¹⁵⁴

KONTEKSTUALISASYON NG TORTYUR SA INDONESIA

Heograpikal at Demograpikong konteksto

Ang Indonesia ay malaki, kalat-kalat at iba-iba. Ang ikaapat na pinakamalaking bansa sa mundo sa dami ng populasyon (over 250 million),¹⁵⁵ ay kumakalat sa kabuuan na 6,000 na tinatahanang mga Isla na may kahabaan na 5,000 kilometro mula silangan hanggang kanluran at 1,800 na kilometro mula hilaga hanggang timog. Tumatagal ng lima't kalahating oras ng paglipad nang walang paghinto mula sa kabiserang lungsod ng Jakarta hanggang sa pinakasilangang probinsyang kabisera ng Jayapura. Ang isla ng Java ay hawak ang halos 60% ng buong populasyon. Ang pambansang wika ay Bahasa Indonesia ngunit may 700 na buhay na mga wika na sinasalita.¹⁵⁶ Nobenta porsyento ang Muslim, ito ay ang pinakamalaking populasyon ng mga Muslim sa mundo, ngunit ang ilang bahagi ng bansa ay may karamihan na di Muslim na mga populasyon. Halimbawa, sa Bali ang mga tao ay higit sa lahat Balinese Hindu, sa Papua at Flores ay nakararami ang mga Kristiyano, at sa Ambon halos magkasindami ang mga Muslim at Kristiyano.¹⁵⁷

Ang malaki at iba't ibang populasyon ng Indonesia, malawak na lugar, kapuluang karakter ay lumikha ng malaking hamon para sa pagpigil ng tortyur . Mga 400,000 tauhan ng pulisya ay nagtatrabaho sa 4,576 lokal na istasyon ng pulis,¹⁵⁸ at mahigit 400,000 mga tauhan ng militar sa sandatahang lakas.¹⁵⁹ Ang bansa ay nagtataglay ng 441 bilangguan at opisyal na lugar ng detensyon.¹⁶⁰ Kahit na sa may pinakadakilang dedikasyon, ang pagsasakatuparan, pagsubaybay at pagpapatupad ng pambansang patakaran ay isang mahirap na gawain.

Ang pampulitikang konteksto

Ang huling tatlumpung taon sa Indonesia ay halos pantay na pinagahati sa dalawang magkaibang panahon. Hanggang 1998 ang Indonesia ay pinamunuan ng isang awtoritaryan at suportado ng militar na rehimen ng New Order ni Pangulong Suharto. Si Suharto ay dumating sa kapangyarihan pagkatapos ng pagkuha sa kapangyarihan ng militar noong huling bahagi ng 1965, sa mga panahong iyon at pagkatapos ang ilang mga 500,000 na tao, na inakusahan ng pagiging Komunista, ang napatay. Ang mga masaker ng 1965-1966 ay ang pinakamalaki na mga pamamaslang sa kasaysayan ng Indonesia at nananatiling hindi nalulutas.¹⁶¹ Noong Mayo 1998 si Suharto at ang sistema ng bagong kaayusan ay bumagsak sa isang popular na pag-aalsa na pinasinayaan ang isang proseso ng *reformasi*, na nagdala sa Indonesia mula sa isang awtoritaryan na sistema sa isang demokratiko, sibilyan na sistemang pampolitika. Ang sistema pagkatapos ng 1998 ay nailalarawan sa pamamagitan ng:

- Higit na malaya, makatarungan at mapayapang halalan, kabilang ang pinakamalaking direktang demokratikong boto sa buong mundo, ang halalan ng Pangulo, kung saan mahigit sa 130 milyong mamamayan ang bumoto noong 2014.
- Isang aktibong, maraming partido na lehislatura na naghahanap upang papanagutin ang mga ehekutibo.
- Mga Korte na mas (ngunit malayo pa sa pagiging ganap) malaya.
- Higit na aninaw
- Pagtaas ng desentralisasyon.

- Patuloy na impluwensya ng militar sa ilang larangan sa pulitika at ekonomiya.
- Pag-aatubili na harapin ang mga kasaysayan ng bansa sa kabuuang paglabag sa karapatang pantao, tiyakin ang mga pananagutan at tapusin ang impunidad.

Ang isang kapansin-pansin na pagbabago sa mga agarang taon ng *reformasi* ay ang ligal na paghihiwalay ng mga pulis mula sa militar. Sa panahon ng bagong kaayusan, ang pulis ay isang pulutong ng militar ng Indonesia at napapasailalim sa pamamahala ng militar. Itinaas ng istrakturang ito ang paglahok ng mga militar sa mga lokal na hidwaan at ginawang pang-militar ang pagsasanay ng pulis. Ang mga pulis ay hiniwalay mula sa militar noong 2000 at itinatag ng pormal sa batas noong 2002.¹⁶²

Indonesia ay isang pampanguluhang sistema ng pamahalaan. Ang Pangulo ay popular na inihalal sa pamamagitan ng direktang pagboto para sa isang termino ng limang taon na may limitasyon ng dalawang termino. Ang pambansang Parliyamanto ay may dalawang bahay, ang mas makapangyarihan na Kapulungan ng mga Kinatawan (Dewan Perwakilan Rakyat), at ang Kapulungan ng mga Pangrehiyon na Kinatawan (*Dewan Perwakilan Daerah*), na ang kapangyarihan ay pagtuunan nng pansin ang relasyon sa pagitan ng sentral at pangrehiyong antas ng pamahalaan. Magkasama ang dalawang bahay na ito ang bumubuo ng People's Consultative Assembly (*Majelis Permusyawaratan Rakyat*). Ang Indonesia ay isang unitaryo na estado ngunit, mula noong *reformasi*, ang kapangyarihan at awtoridad ay lalong naging desentralisado sa 34 lalawigan sa bansa.

Ang konteksto ng kaguluhan at karahasan

Alam ng Indonesia ang karahasan, sa isang mas mataas o mas mababang lawak, mula nang binuo ito. Ang panahon ng New Order ay nagsimula noong 1965 sa mga masaker ng mga aktwal na inakalang komunista na nag-iwan ng hindi bababa sa kalahati ng isang milyong katao patay.¹⁶³ Ang mga unang taon ng *reformasi*

ay minarkahan ng isang pagtaas sa mga lokal na inter-komunal na kaguluhan, na madalas na nakaugat sa paghahati-hati sa komunidad at pagbubukod sa relihiyon o etnisidad.¹⁶⁴ Marami ang naghinala na ang mga militar na yunit o grupo, at marahil mga mataas na ranggong opisyal sa lideratong militar, ay nag-umpisa ng ilang mga pagsabog ng karahasan, para kapwa pahinain ang *reformasi* na proseso at ang bagong pamahalaan ng sibilyan, at upang patunayan na ang mga sibilyan na pamahalaan ay dumidipende sa militar upang maiwasan ang mga inter-komunal na karahasan at pambansang pagkakawatak-watak. Ang dami at bigat ng naturang mga insidente ay nadagdagan sa pagitan ng 1999 at 2004 ngunit ito din ayhumupa at ang mga insidente ay bihira na ngayon.

Sa kabila ng inter-komunal na karahasan, sa mga unang taon ng *reformasi* ay naglutas ng dalawa sa mga tatlong seryoso, matagal na alitan na hinarap ng Indonesia: sa East Timor, Aceh, at Papua.

Ang East Timor¹⁶⁵ ay hindi naging bahagi ng Dutch East Indies sa panahon ng kolonyal na panahon o mga bahagi ng Indonesia nang ipahayag ng Indonesia ang kalayaan nito noong 1945.¹⁶⁶ Ito ay napasailalim sa kolonyal na pananakop ng mga Olandes (Dutch) at ang isang pakikibaka para sa pagpapalaya ng mga nakolonya ay nasa landas tungo sa pagtamo ng kalayaan nang sumalakay ang Indonesia at inokupahan ang mga teritoryo noong Disyembre 1975 at kalaunan ay isinama ang mga ito sa Indonesia. Ang paghahari ng mga Indonesiyo ay malupit at marahas at nagpatuloy ang pakikibaka para sa pagpapalaya laban sa bagong okupasyon. Sa isang lubusang hindi inaasahang inisyatiba, ang unang Pangulo pagkatapos ni Suharto, si B. J. Habibie ay pinayagan ang mga taga East Timor upang matukoy ang kanilang pampulitikang katayuan sa isang ispinonsor na reperendum ng UN noong 30 Agosto 1999. Ang mga taga East Timor ay bumoto para sa kalayaan. Sa paglisan ng mga militar na Indonesiyo ay sinamahan ng matinding karahasan at ang pagkamatay ng daan-daan ng mga tao.¹⁶⁷

Ang kaguluhan sa Aceh ay may pinagmulan sa isang kampanya para sa kalayaan ng Aceh noong 1950s. Ang mga taga Aceh ay mahigpit

na itinaguyod at ipinaglaban ang kalayaan ng Indonesia mula sa mga Olandes, ngunit marami din ang sumusuporta sa kalayaan ng Aceh para sa mga pampulitika at pangrelihiyon na kadahilanan. Sa Pulitika, galit ang mga taga Aceh sa pangingibabaw ng mga taga Java sa katatapos lamang na pagkalaya sa Indonesia. Sa Relihiyon, itinuturing ng mga Acehnese ang kanilang sarili na mga mabuting Muslim kaysa sa iba pang mga Indonesiyo at gustong palitan ang sekular na estado na itinatag sa pamamagitan ng Saligang batas ng Indonesia sa isang Islamikong estado na batay sa sharia. Isang malubhang hidwaan ang lumitaw noong 1990s at nagpatuloy hanggan sa 2000s, sa panahon na sa pagitan ng 10,000 at 30,000 na mga tao ang namatay.¹⁶⁸ Ang mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Disyembre 2002 at Mayo 2003 sa ilalim ni President Megawati Sukarnoputri sa kalaunan ay walang hinantungan at nagpatuloy ang karahasan. Ang Aceh ay nawasak pagkatapos ng tsunami sa Indian Ocean noong 26 Disyembre 2004. Ilang 170,000 na Acehnese ay namatay at mahigit sa kalahati ng isang milyong ay nawalan ng bahay. Ang pagsisikap para sa pagsasabayos ay nagdulot ng suspensyon ng alitan at humantong sa isang tigil-putukan na sinundan ng isang kasunduan ng kapayapaan noong 2005 na nagbigay sa Aceh ng espesyal na estado ng autonomya sa loob ng Indonesia.

Sa parehong mga alitan sa East Timor at Aceh malalang mga paglabag sa karapatang pantao ay naganap na kung saan ang mga responsable ay hindi pa nananagot. Ang kawalan ng pananagutan ay nananatiling isang bukas na sugat sa parehong rehiyon.

Papua ay isang lugar na may pinakamahabang hindi nalutas na alitang sibil sa Pasipiko.¹⁶⁹ Ang kanlurang bahagi ng pulo ng New Guinea ay naging isang kolonyang Olandes. Ito ay puwersadong inokupahan ng Indonesia noong 1961 at isinuko ng Netherlands noong 1962. Noong 1969, sa isang 'Akto ng malayang pagpili' na inendorso ng United Nations, ang mga kinatawan na maingat na pinili ng mga Indones na awtoridad ay bumoto para suportahan ang isang inkorporasyon ng teritoryo sa Indonesia. Ang isang mahaba't mababang antas ng labanan sa pagitan ng mga separistang Papuan at ng militar ng

Indonesia ay nagpatuloy simula noon. Hindi pa alam kung ilan ang namatay dahil dito; ang mga pagtatanya ay nasa pagitan ng 50,000 at 100,000 na katao.¹⁷⁰ Inisip ng ilang Papuan na mga intelektwal na ang labanan pagdating sa 'kultura ng pagpatay ng lahi', ay nagpapahiwatig na ang pagkawasak ay dapat sukatin ng mas malalim kaysa sa pisikal na dami ng namatay.¹⁷¹ Ang karahasan ay tila lumala sa unang dekada pagkatapos ng *reformasi*. Simula noong 2012, ang mga mandirigma para sa kalayaan at mga militar ng Indonesia ay sumunod sa isang de facto na pagkakaayos kung saan ang mga mandirigma ay mananatili sa gubat at ang militar sa labas nito, at ang karahasan ay nabawasan.¹⁷² Ipinahiwatig ng isang kumander ng militar sa rehiyon na ang mga pwersa ng Indonesia ay umiiwas sa karahasan maliban na lang kung sila ay atakihin (tulad noong 2013, kung saan pitong sundalo ang namatay).¹⁷³

Ang internasyonal na ligal na konteksto

Rinatipika ng Indonesia ang UN Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment noong 1998 at ang International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR) noong 2006. Rinatipika din nito ang iba pang pangunahing pandaigdigan na kasunduan sa karapatang pantao.¹⁷⁴ Gayunman, ito ay hindi pa tumatanggap ng alinman sa mga pandaigdigan na mga pamamaraan para sa mga indibidwal na komunikasyon (reklamo), at hindi pa nito rinatipika ang Optional Protocol to the Convention Against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (OPCAT), at hindi pa nagpapatupad ng mga batas para gawing operasyonal, maisagawa at maipatupad ang mga obligasyon nito sa ilalim ng mga kasunduan na rinatipika nito.¹⁷⁵

MGA PAGKAKATAON NG TORTYUR

Pagtukoy sa mga Pagkakataon

Ang pagbabagong pulitikal ng Indonesia, at ang permanente o bahagyang resolusyon ng mga hidwaan nito, ay nagpabago ng konteksto kung saan ang tortyur ay nangyayari at napipigilan.¹⁷⁶ Kapwa ang pagkakataon at tindi ng tortyur ay bumaba simula 1998.¹⁷⁷ Hindi malinaw kung gaano sa progresong ito ay dahil sa bagong kapaligiran at kung gaano ang sa mga paraan sa pag-iwas sa tortyur.

Ang pagtukoy sa lawak ng paghupa ay mahirap din. Ito ay hindi posible na maitasa ang mga pagkakataon ng tortyur sa isang estadistikang katiyakan sa anumang punto sa nakalipas na 30 taon, o upang malaman na may katiyakan kung taon taon ang pagkakataon nito ay tumaas o bumaba. Ang mga ulat ay nagpakita ng pabagubagong anyo, na inilarawan ng mga indibidwal na pag-aaral ng mga kaso, ngunit ang komprehensibong data ay hindi magagamit upang suportahan ang kanilang mga interpretasyon. Tunay na walang maaasahang istatistika.

Sa panahon ng New Order, ang mga lokal na NGO ay nakitang mapanganib na magsagawa ng anumang operasyon. Ang Pambansang Komisyon sa Karapatang Pantao (Komisi Nasional Hak Asasi Manusia, Komnas HAM) ay itinatag noong 1993 at nagsimulang magsalita tungkol sa tortyur pero hindi ito nakapagkolekta ng mga maaasahang estadistika o maging komprehensibong impormasyon. Maraming mga aktibista ngayon ay mga bata at ay hindi aktibo sa panahong iyon. Ang mga nakatatandang aktibista ay natatandaan ang kabuuang sitwasyon ngunit hindi ang mga partikular na mga detalye at tiyak na may kulangan ng isang komprehensibong pambansang pananaw. Ang mga pinakamaasahang pangkalahatang-ideya ay matatagpuan sa ulat ng mga internasyonal na organisasyon na may maaasahang pinagkukunan ng impormasyon sa panahong iyon. Ang Amnesty International, Human Rights Watch at ang US Department of State ay lahat gumawa ng mga taunang ulat na pinag-aralan ang

kalagayan ng karapatang pantao, kabilang na ang mga pagkakataon ng tortyur. Bukod pa rito, sinusuri nang regular ng mga ahensya ng pagmamanman ng UN at ng mga special rapporteurs ang kabuuang sitwasyon at mga partikular na kaso. Ang pag-analisa sa kabanatang ito ay umasa nang malaki sa mga pinagmulan ng impormasyon.

Mula noong *reformasi*, ang mga NGOs ay malayang nagsagawa ng mga opreasyon at ang Komnas HAM ay nanatiling aktibo. Gayon pa man, ang mga maaasahan at komprehensibong mga estadistika ay wala pa din. Ang Komnas HAM ay maaaring magbigay ng mga istatistika sa bilang ng mga reklamo tungkol sa tortyur na natatanggap nito, ngunit ito ay nagpapakita ng imahe ng mga reklamo, hindi an mismong tortyur. Ang pagtaas o pagbaba ng bilang ng reklamo ng tortyur ay maaaring dahil sa maraming mga kadahilanan at hindi ipinapahiwatig na ang tortyur mismo ay madalas na nangyayari.¹⁷⁸ Para sa panahon mula noong 1998 ang kabanatang ito ay batay sa iba 't ibang lokal at internasyonal na mga ulat; ngunit hindi ito nagbibigay ng sapat at matibay na mga datos upang masukat ang mga pagkakataon ng tortyur.

Ang panahong ng New Order

Ang paggamit ng tortyur ay laganap at karaniwang nagyayari noong panahon ng New Order. Ang mga taunang ulat ng US State Department noong mga panahong ito ay nagpapakita ng pare-parehong imahe. 'Habang ang gobyerno ay opisyal na hindi pumapayag sa tortyur at pang-aabuso, mayroong mga madalas na ulat na ang mga ito ay nangyayari... Ang karaniwang pagtrato ng mga pulis sa mga nakakulong, kahit na sa maliliit na insidente, ay madalas na nagreresulta sa pisikal na pang-aabuso.'¹⁷⁹ Ang mga ulat ng tortyur ay itinuturing na 'madalas [at] mapagkakatiwalaan'¹⁸⁰ Tinutukoy nila ang mga kriminal na suspek, nakakulong at mga bilanggo sa pangkalahatan, na hindi kabilang sa anumang partikular na kategorya o grupo ng populasyon. Iniulat ng Amnesty International noong 1989, na 'ang mga bilanggong pulitikal at mga kriminal na suspek ay parehong iniulat na minaltrato o tinortyur.'¹⁸¹

Ang mga ulat ay dumating partikular na mula sa Aceh, Papua, at Silangang Timor. Ito ay maaaring magmungkahi na mas maraming tortyur ang naganap sa mga lugar na ito, ngunit maaari din ipakita ang katunayan na ang mga internasyonal na nagmamasid ay nagbigay ng partikular na pansin sa mga hidwaang ito. Sa pagitan ng 1985 at 1991, ang mga ulat ay tumukoy sa paulit-ulit na isang patakaran ng 'shoot to wound' sa Hilagang Sumatra, kung saan ang mga kriminal na suspek ay madalas na binabaril sa mga binti ng mga pulis habang diumano'y sinusubukang umiwas sa pag-aaresto. Ang Special Rapporteur sa Tortyur ay bumisita sa Indonesia sa unang pagkakataon noong Nobyembre 1991 at iniulat na sa Aceh, Papua at East Timor, mga lugar na 'ituring na magulo, ang tortyur ay sinabi na umiirral nang regular'.¹⁸² Sa parehong buwan (Nobyembre 1991), ang Santa Cruz Massacre ay naging kritikal na sandali sa East Timor, na nagsimula ng mas matinding panunupil at masmatinding mga aksyong militar. Sa parehong buwan (Nobyembre 1991), ang Santa Cruz Massacre ay naging kritikal na sandali sa East Timor, na nagsimula ng mas matinding panunupil at mas lumakas na mga aksyong militar.

Sa pagitan ng 1989 at 1999 ang Special Rapporteur sa Tortyur ay nagsulat ng maraming beses sa gobyerno ng Indonesia upang makuha ang pansin nito sa mga ulat na nagpaparatang ng tortyur. At walang paltos na ikinaila ng pamahalaan ang mga ulat. Noong 1995, halimbawa, iniulat niya:

Pamamagitan ng sulat na may petsang 4 Hulyo 1994 ang Special Rapporteur ay nagpayo sa gobyerno na patuloy siyang tumanggap ng mga ulat na nagsasaad na ang pagsasagawa ng tortyur at iba pang pagmamaltrato ay regular sa Indonesia, na kapwa may kinalaman sa mga taong nakakulong dahil sa pulitikal na kadahilanan at sa mga inaakusahan ng kriminal na pagkakasala. [...]

[A]ng Special Rapporteur ay hindi maiwasan ang konklusyon na ang tortyur ay nangyayari sa Indonesia, lalo na sa mga kaso na kung saan ay itinuturing na inilalagay sa panganib ang seguridad ng estado.¹⁸³

Karamihan sa mga sulat at komunikasyon ay nagtalakay sa mga paratang na may kaugnayan sa Aceh, Papua, at East Timor.

Ang mga pambubugbog ay madalas sa mga taon na ito at mas matinding anyo ng tortyur ay ginamit din: 'pangunguryente, pambubugbog, pagpaso ng mga nakasinding sigarilyo, at ilang oras na paglulubog sa tangke ng tubig¹⁸⁴ incommunicado na pagkakulong,¹⁸⁵ panggagahasa.¹⁸⁶ Ayon sa ulat sa Komisyon sa Karapatng Pantao ng UN ng Special Rapporteur noong Enero 1994, ang pinaka-karaniwang ginagamit na mga pamamaraan ay pambubugbog sa ulo, binti, at katawan ng kamao, haba ng kahoy, rehas ng bakal, mga bote, bato, at kableng pangkuryente; pagsipa na may mabigat na bota; pagpaso ng nakasinding sigarilyo; pangunguryente; paghiwa ng labaha at kutsilyo; mga banta ng kamatayan, pekeng pagbitay at sadyang pagsugat gamit ang armas; pagbuhos ng tubig sa loob ng ilong; matagal na paglubog sa mabahong tubig; pabitin ng baligtad sa mga paa; paglalagay ng mga mabibigat na bagay sa mga tuhod at iba pang kasu-kasuan; paghihiwalay; kasalatan sa pagtulog at pagkain; at pagpipinsala ng ari, sekswal na pangmomolesta at panggagahasa.¹⁸⁷

Noong 1993 sinabi sa report ng State Department na 'ang sitwasyon ay napabuti sa mga nakaraang taon' at noong 1994 na "ilang mga pinagkukunan ng impormasyon ay nag-ulat na ang paggamit ng tortyur ay bumaba'¹⁸⁸ Bagama't inamin nito na ang 'tiyak na istatistika ay wala'¹⁸⁹ walang paliwanag para sa pagpapabuti ang binigay. Ang iba pang mga ulat ay nabanggit na ang laganap at regular na tortyur ay nagpatuloy sa mga taon na ito.¹⁹⁰ Ang Taunang Ulat ng Amnesty International noong 1993 ay napansin na ang mga welgista, nagprotesta sa pulitika at ang mga maralitang lungsod ang mga biktima ng tortyur ngayon.¹⁹¹ Pagkatapos noong 1995 iniulat ng State Department na:

Sa East Timor, ang tortyur ay tumaas ang dalas simula noong Nobyembre 1994, at kasama ang pangunguryente, kunwaring pagpatay, malalang pambubogbog at pagpaso ng sigarilyo. Kasunod ng mga reklamo, ang problemang ito ay lumilitaw na bumuti sa kaso ng pulis sa probinsya, subalit patuloy o lumala sa mga kulungan na

pinatatakbo ng talinjong pangsandatahan. Paminsan-minsan ang mga kaso ng pangmamaltrato ay naiulat sa East Timorese na mga bilangguan.¹⁹²

Noong 1998, ang Komnas HAM ay nagsimulang magbigay ng ilang estadistikang impormasyon na batay sa mga imbestigasyon nito. Noong Agosto 1998, halimbawa, ito ay nag-ulat na ito ay nagdokumento ng tortyur ng 368 na tao sa Aceh sa panahon ng 1989-91 at 1997-98; at noong Oktubre 1998 iniulat ng isang grupo sa paghahanap ng katotohanan ang 1,010 na pagkakataon ng tortyur sa Hilagang Aceh sa pagitan ng 1989 at 1998.¹⁹³ Iniulat nito na may 184 na mga tao ang binugbog ng mga pulis sa panahon ng pagkakakulong pagkatapos ng isang gulo sa Banjarmasin, South Kalimantan.¹⁹⁴ Taun-taon din nito iniulat ang bilang ng mga reklamo sa karapatang pantao na tinaggap nito, kabilang na ang mga reklamo na may kaugnayan sa tortyur. Ang mga istatistikang ito ay nagbigay silip sa pagsasagawa ng tortyur, kahit na hindi nila nasukat ang pagkakataon nito nang mabuti.

Ang sitwasyon sa East Timor sa panahon ng New Order ay komprehensibong siniyasat. Pagkatapos makamit ang kalayaan, ang Timor-Leste Commission for Reception, Truth and Reconciliation (CAVR) ay nag-imbestiga at nag-ulatng kabuuang mga paglabag sa karapatang pantao sa pagitan ng 1975 at 1999, ang panahon ng pananakop ng Indonesia. Ang CAVR ay nag ulat

Ang mga miyembro ng mga pwersa ng seguridad ng Indonesia at ang kanilang mga karagdagang miyembro ay nagsagawa, naghikayat at hinayaan ang malawakan at sistematikong tortyur at pagmamaltrato ng mga biktima sa loob ng panahon ng pananakop ng Indonesia sa Timor-Leste. Sa ilang kaso ng tortyur na humantong sa kamatayan na kung minsan ay galing sa isang direktang resulta ng mga tortyur na inilapat sa biktima at kung minsan dahil sa mga sugat na natamo sa tortyur na hindi naipagamot. [...]

Ang karamihan ng mga gawain ng tortyur at pagmamaltrato ay isinagawa nang habang o pagkatapos ng pag-arrest o habang

nakakulong. Ang ilang mga biktima ay tinortyur at minaltrato sa labas ng kulungan kabilang na ang pag-aasulto sa publiko, sa kanilang mga tahanan, sa bukid o sa paglalakbay sa isang lugar ng pagkulong.

Ang mga layunin ng tortyur ay upang makakuha ng impormasyon mula sa mga biktima, na parusahan ang mga biktima, upang bantaan ang biktima, na hiyain ang mga biktima, na takutin ang biktima o ang iba na may parehong pulitikal na katapatan ng biktima o para pilitin ang mga pagbabago ng mga katapatan ng isang biktima.¹⁹⁵

Ang sitwasyon sa East Timor sa ilalim ng rehimen ng New Order ay tiyak na mas malala kaysa sa ibang lugar sa Indonesia, posibleng liban sa Aceh at Papua. Gayunman, sa ibang aspeto ang paglalarawan ng CAVR ng pagsasagawa ng tortyur ay maaaring iangkop sa Indonesia bilang isang kabuuan sa ilalim ni Suharto.

Pagkatapos ng New Order

Ang katapusan ng rehimen ng New Order noong Mayo 1998 ay hindi humantong sa isang biglaang pagbaba sa tortyur. Sa halip, ang mga ulat ay nagpahiwatig na noong una ito ay nagpatuloy na maging kasing laganap at kasing lubha. Sa East Timor sa panahon ng huling taon ng okupasyon ng mga militar ng Indonesia, sa paghahantong sa at kasunod ng reperendum para sa kalayaan noong 30 Agosto 1999, ang sitwasyon ay naging mas malala pa, na humantong sa matinding karahasan na minarkahan ang huling pag-alis ng pwersa ng Indonesia sa pagitan ng Setyembre at Disyembre 1999. 'Sa East Timor ang pamahalaan ay nag-organisa at pinamahalaan ang pabor na integrasyon ng mga militia na nakikibahagi sa malawakang pagsasagawa ng tortyur, at pananakot na nakadirekta laban sa mga aktibista na pabor sa kasarinlan at mga ordinaryong mamamayan.'¹⁹⁶ Sa ibang lugar ang marahas na hidwaan ay sumabog o umigting sa maraming bahagi ng Indonesia, kabilang ang Aceh, West Timor, Papua, ang Moluccas at Sulawesi, na karaniwang sinamahan ng

pagtaas ng tortyur.¹⁹⁷ Iniulat ng Human Rights Watch na, 'habang ang karamihan sa bansa ay patuloy na nakikinabang mula sa nadagdagan na sibil at pulitikal na kalayaan, tatlong lugar na niyayanig ng labanan – Papua, Aceh, at Moluccas – ay patuloy na dumaranas ng lagapan na mga paglabag.'¹⁹⁸

Ang panahon mula 1998 hanggang 2004 ay minarkahan ng paggamit ng sekswal na karahasan bilang isang anyo ng tortyur. Ito ay lalo nang maliwanag sa panahon ng mga away sa kalye at mga pag-atake ng panununog noong Mayo 1998, kapag tinatarget ng mga tagasuporta ng rehimen ng New Order ang mga kalaban sa pulitika at ang etnikong komunidad ng mga Instik sa Jakarta at ibang lugar sa Indonesia din.¹⁹⁹ Sa panahong ito, ang mga armadong grupo at kalaunan mga milita ay naging mga pangunahing may kagagawan ng tortyur; ang mga pulis at militar ay alinman sa aktibong kasangkot sa iligal na gawain o maluwag sa kanilang loob na nagpaparaya at di nakikialam.²⁰⁰ Ang isang opisyal na pinagsamang komite sa imbestigasyon ay nagtukoy sa isang pulong noong 14 Mayo 1998 sa punong tanggapan ng Army Strategic Command Unit kung saan ang mga desisyon sa pag-orkestra ng mga karahasan ay ginawa.²⁰¹

Gayunman, may mga maagang palatandaan ng pagbabago bago pa man ang katapusan ng 1998. Rinatipika ng Indonesia ang UN Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment, pati rin ang Convention 87 of the International Labour Organization (ILO), Concerning Freedom of Association and Protection of the Right to Organize. Nabanggit ng Special Rapporteur sa tortyur noong 1999 na 'ang proseso ng transpormasyon ay humantong sa higit na pagiging bukas sa mga isyu ng karapatang pantao, partikular sa, patungkol sa pagtugon sa mga problema ng pang-aabuso sa mga bihag ng mga opisyal na tauhan'.²⁰²

Noong Nobyembre 2001 ang Komite Laban sa Tortyur ay nag-isyu ng kanilang Pangwakas na Obserbasyon sa unang ulat ng Indonesia sa ilalim ng Pandaigdigang Kasunduan laban tortyur.²⁰³ Sa maraming paraan nakunan ng mga ito ang estado ng tortyur sa Indonesia sa

katapusan ng panahon ng New Order at sa simula ng *reformasi*. Habang binibigyang-pansin ang mga pagsisikap na baguhin ang ligal na sistema, ang Komite ay nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa mga alegasyon sa maraming lugar, kabilang ang:

- Ang mga gawain ng tortyur at pagmamaltrato na ginawa ng mga miyembro ng mga pwersa ng pulis, ang hukbo at mga grupo ng paramilitar ay naiulat na naka-ugnay sa mga awtoridad, at sa lugar ng digmaan, tulad ng mga Aceh at Papua.
- Ang labis na paggamit ng puwersa laban sa mga nagpoprotesta o sa panahon ng mga imbestigasyon.
- Ang mga abuso ng karapatang pantao na nagawa ng mga tauhan ng militar na binabayaran ng mga negosyante upang protektahan ang kanilang mga lugar at iwasan ang pagtatalo na kasama ang kanilang mga manggagawa.
- Hindi sapat na proteksyon laban sa panggagahasa at iba pang anyo ng sekswal na karahasan.²⁰⁴

Sa 2004 nabanggit ng State Department na ‘... may mga pagpapabuti sa ilang lugar [ngunit] ang mga malubhang problema ay nananatili. Nagpatuloy ang mga ahente ng gobyerno na gumawa ng mga pang-aabuso, na kung saan ang pinakamabigat ay naganap sa mga lugar ng laban sa mga separatista. Ang mga miyembro ng pwersa ng seguridad ay pinaslang, tinortyur, ginahasa, binugbog, at arbitraryong kinulong ang mga sibilyan at mga miyembro ng separatistang kilusan, lalo na sa Aceh at sa isang mas maliit na sakop sa Papua.’²⁰⁵ Sa mga taon (1998 hanggang 2004), laganap at malalang tortyur ay lalong naging limitado lamang sa mga lugar ng may pinaka malubhang alitan, Aceh at Papua.²⁰⁶

Noong 2005 natapos ng Timor-Leste Truth, Reconciliation and Reception Commission (CAVR) ang ulat sa kasaysayan ng karahasan sa pagitan ng 1974 at 1999. Ang *Chega!* ay sistematikong nagdokumento ng 19,578 na kaso ng tortyur at pagmamaltrato. Nagpagpasyahan nito na ang militar ng Indonesia (kumikilos nang mag-isa) ay responsable para sa 45.4 na porsiyento ng mga kaso; Ang mga armadong grupo ng East Timor na karagdagang militar ng Indonesia (kumikilos nang

mag-isa) ay 22.4 porsyento; at ang mga militar at mga karagdagang armadong grupo na kumikilos nang magkasama ay 14.7 porsyento.²⁰⁷ Sa madaling salita, ang mga aparato ng seguridad ng Indonesia ay responsable para sa karamihan ng mga kaso ng tortyur (82.5 porsyento) sa loob ng 25 taong panahon ng pananakop ng Indonesia sa East Timor. Ang Chega! ay ang unang komprehensibong imbestigasyon sa talaan ng Indonesia sa isang seryosong sitwasyon ng karapatang pantao. Sa paglalarawan sa mga nagawang pagpangabuso, nang halos kumpletong walang pananagutan, sa Timor-Leste, nagbigay-liwanag ito sa ugali ng militar ng Indonesia sa kabuuan ng Indonesia.

Sa taon ding iyon, ang pamahalaan ng Indonesia at ang Free Aceh Movement ay nilagdaan ang Kasunduan sa Helsinki, na nagtapos ng armadong labanan sa Aceh. Ang sitwasyon ng tortyur at pagmamaltrato sa Indonesia ay nagsimulang nagpakita ng malaking pagpapabuti.²⁰⁸ Ang State Department noong taong iyon ay nagulat ng 'patuloy na mga pang-aabuso ng mga tauhan ng pwersa ng seguridad, bagama't may matalas na pinababang dalas at bigat kaysa sa ilalim ng mga nakaraang pamahalaan'.²⁰⁹

Pagkatapos ng paulit-ulit na kahilingan sa loob ng 10 taon, ang UN Special Rapporteur on Torture ay pinayagan na bumisita sa Indonesia noong Nobyembre 2007.²¹⁰ Ang mismong desisyong ito ay indikasyon na ang gobyerno ay naghahangad na magampanan ang mga obligasyon nito sa pandaigdigang karapatanng pantao. Ang Special Rapporteur ay nagpahayag ng pagkalugod sa malaking pag-unlad na nakamit mula noong 1998. Iniulat niya na ang tortyur ay karaniwan sa ilang kulungan at ginagamit upang makakuha ng pag-amin, parusahan ang mga suspek, at humingi ng impormasyon na magdadawit ng iba sa kriminal na aktibidad. Gayunman, '[n]itong mga nakaraang taon ang mga imbestigatibong mga ulat ng panloob na pulis ay nagpakita ng kabawasan ng pagkakataon ng tortyur at pag-abuso sa paggamit ng baril'.²¹¹ Binanggit ng Special Rapporteur na 'ang kakulangan ng mga legal at institusyunal na mga pananggala at ang umiiral na mga istraktura na walang pananagutan' ay nagdagdag ng panganib ng tortyur ng mga tao sa kulungan.²¹²

Noong 2008 ang Komite laban sa Tortyr ay sinuri ang ikalawang ulat ng Indonesia bilang pagsunod nito sa kasunduan. Nabanggit nito na ang tortyr at pagmamaltrato ay laganap, na ang mga pananggala habang nasa pangangalaga ng pulis ay hindi sapat, at ang mga operasyong militar ay iniugnay sa desproporsyonadong pwersa at malawakang tortyr.

Ang komite ay labis din na nag-aalala sa marami't patuloy na mapagkakatiwalaang at palagiang mga alegasyon, na sinusuportahan ng ulat ng Special Rapporteur sa tortyr at iba pang mga mapagkukunan, ng kalakaran at labis na paggamit ng pwersa at malawakang pagpapahirap at iba pang malupit, di-makatao at nakahihiyang pagtrato o parusa ng mga miyembro ng seguridad at pwersa ng pulisya, kasama ng mga miyembro ng sandatahang lakas, gumagalang yunit ng pulisya ('Brimob') at mga paramilitar na grupo sa panahon ng operasyon ng militar at pagwawalis na mga operasyon, lalo na sa Papua, Aceh at sa iba pang mga probinsya na kung saan may mga armadong hidwaan (arts. 2, 10 at 11).²¹³

Kasabay nito natagpuan ng Human Rights Watch ang 'katutubong pulis tortyr'²¹⁴ at ng Amnesty International na ang 'tortyr ay nanatiling laganap sa panahon ng pag-aresto, interogasyon at pagkulong at ang mga criminal na suspek na mula sa mahihirap at nasa laylayang mga komunidad at mapayapang pulitikal na aktibista ay particular na hindi ligtas sa mga paglalabag ng mga pulis.'²¹⁵ Kinuha ng Pambansang Pulisya ng Indonesia ang pananaw na ang tortyr ay hindi na sistematiko at nagaganap lamang sa mga hiwa-hiwalay na kaso dahil sa maling asal ng mga indibidwal na opisyal.²¹⁶

Nang taong 2009, isang bagong isyu ang lumitaw sa unang pagkakataon: ang pagpataw ng ilang parusang sharia sa Aceh. Ang kasunduan para sa kapayapaan ay nagbigay ng mas mataas na awtonomya sa mga awtoridad ng probinsya ng Aceh.²¹⁷ Sa loob ng aceh ay nagkaroon ng malakas na pwersa upang patibayin at ipatupad ang sharia. Ang mismong Indonesia ay nagpatibay ng isang secular na anyo ng pamahalaan mua noong kasarinlan, ngunit ang local na suporta para sa pagpapatibay ng sharia ay isang pangunahing isyu

sa kaguluhan sa Aceh. May ilang kaparusahang sharia ay ipinataw at ipinatupad; Ngunit ang sharia ay hindi pa komprehensibong napapasa. Iniulat ng Amnesty International noong 2012, na 'tumaas ang paggamit ng mga awtoridad na panlalawigan sa Aceh ng paghampas bilang isang panghukuman na kaparusahan para sa mga iba 't ibang mga pagkakasala, kabilang na ang pag-inom ng alak, nag-iisa kasama ang isang tao na iba ang kasarian na hindi asawa o kamag-anak (sa khalwat), at para sa pagsusugal'.²¹⁸ Sa kanyang 2010 na ulat ipinahayag ng Special Rapporteur sa tortyur ang pag-aalala na ang pinagtibay kamakailan na Islamic Criminal Legal Code sa Aceh 'ay malinaw na lumalabag sa pagbabawal ng tortyur at malupit, di-makatao o nakahihiyang parusa'.²¹⁹ Ang Human Rights Committee ay nagpahayag ng pag-aalala sa katulad na kadahilanan sa kanyang pangkalahatang obserbasyon sa unang ulat ng Indonesia sa ilalim ng International Covenant on Civil and Political Rights (2013).²²⁰

Mula 2009 ang mga ulat ng State Department ay nagsabi ng medyo kaunti tungkol sa tortyur sa Indonesia. Nagtutuon sila sa walang pananagutan para sa mga abuso sa nakalipas at patuloy na pang-aabuso sa Papua, kung saan ang karahasan ay patuloy na nangyayari. Karamihan sa mga reperensya sa partikular na insidente ay nauugnay din sa Papua, kung saan ang sitwasyon ay nananatiling naiiba. Sa iba pang mga bahagi ng Indonesia, ang tortyur, kung saan ito ay palibantal na nangyayari, lihim na nangyayari, at hindi tinatarget ang mga bilanggong pulitikal (maliban lang sa mga suspek sa terorismo).²²¹

Sa Papua, bilang kasalungat, ang tortyur ay patuloy na nagkakaroon ng pulitikal na layunin ng paglikha ng takot sa mga lokal na populasyon at pagpapamalas ng kontrol. Ito ay samakatuwid malawak na naipalaganap.²²² Nang ang isang kaso ay kumalat sa YouTube, kinailangan nito ng agarang sagot mula sa mga awtoridad ng Indonesia.²²³ Sa katunayan, ang tortyur ay isinasagawa nang walang pananagutan sa Papua sa nakalipas na limampung taon, at ginagamit upang takutin ang populasyon kaysa pilitin ang pag-amin o kumuha ng mga impormasyon.²²⁴ Ang kasalukuyang kumander ng militar ng Papua ay nagpahiwatig sa isang interbyu na ang mga

pagkakataon ng tortyur doon ay nabawasan: kapag ang alegasyon ng tortyur ay ginawa, sila ay inimestigahan at, kung napatunayan, ang may kagagawan ay maparusahan nang matindi.²²⁵

Ang pagpapatupad ng karapatang pantao sa Indonesia ay sinuri na ng dalawang beses sa ilalim ng Universal Periodic Review (UPR), noong 2008 at 2012. Sa parehong pagkakataon ay nagpahayag ng alalahanin tungkol sa ang mga pagkakataon ng tortyur.²²⁶ Noong 2008 tinatawag ng mga Estado ang Indonesia upang iratipika ang Optional Protocol to the Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (OPCAT), na gawing krimen ang tortyur sa batas, at para wakasan ang walang pananagutan sa pamamagitan ng pag-usig sa mga may kagagawan.²²⁷ Sa kanilang tugon, tinukoy ng mga opisyal ng Indonesia sa mga probisyon ng mga panukala ng bagong Criminal Code na gawing krimen ang tortyur at mga plano upang iratipika ang OPCAT pero hindi pa nagawa sa panahon na bumalik ang Indonesia sa UPR noong 2012. Noong 2012 ang mga Estado ay muling nagpahayag ng pagkabahala tungkol sa patuloy na pagkakataon ng tortyur at nanawagan para sa ratipikasyon ng OPCAT, ang gawing krimen ang tortyur, at pag-usig sa mga may kagagawan.²²⁸

Kapag ang tortyur ay nangyayari sa ngayon, ito ay karaniwang hindi kasing tindi kaysa noon. Gayunman, ang paggamit ng mga taser ng mga pulis ay isang nakababahalang pangyayari.²²⁹ Hindi pa alam kung ang mga tasers ay ipinapagamit sa mga pulis ngunit ang ilang mga biktima ng tortyur at ang kanilang abogado ay may iniulat na may maliit na aparato na ginagamit upang magbigay ng pangunguryente habang interogasyon.²³⁰ Sabi ng iba na ang tasers ay ginamit sa panahon ng pag-aresto.²³¹ Kung ang pulis ay nagkaroon ng akses sa mga tasers, opisyal man o hindi, mayroong isang malaking panganib na ang tortyur ay maaaring maging mas madalas at mas maging malubha.

Isa pang nakababahalang kaganapan ay ang iniulat na paggamit ng ospital ng pulis sa Jayapura, Papua, bilang isang lokasyon para sa tortyur.²³² Ito ay ang karaniwang kagawian ng militar noong 1980s, ngunit ito ay hindi na iniulat nitong mga nakaraang taon.

Sa katapusan ng panahong ito, ang Indonesia ay nasa kakaibang sitwasyon kaysa noong 1985. Sa mga salita ng Human Rights Watch: 'Ang maluwig sa kalooban ng gobyerno na tanggapin ang maraming mga rekomendasyon mula sa mga bansa na miyembro ng United Nations sa panahon ng UN's Universal Periodic Review (UPR) ng mga talaan ng karapatang pantao sa Indonesia ay isa pang tanda na nagbibigay ng pag-asa ng lumalaking pangako sa paggalang sa karapatang pantao'.²³³ Gayunman, ang mga problema ay nananatili pa rin. Ayon sa State Department, ang 'lokal na nongovernmental organizations (NGOs) ay nag-ulat na ang tortyur ay patuloy na pangkaraniwan sa mga kulungan ng pulis'.²³⁴ Ayon sa Amnesty International, 'ang mga pwersa ng seguridad ay paulit-ulit na nahaharap sa mga alegasyon ng paglabag ng karapatang pantao, kabilang ang tortyur at iba pang pagmamaltrato at labis na paggamit ng puwersa at armas'.²³⁵ Ang mga NGO sa Indonesia ay sinasabing ang tortyur ay hindi na kasing dalas at di na kasing lubha ngunit laganap parin.²³⁶ Ang isang malaking NGO para sa karapatang pantao na nakabase sa Jakarta, KontraS, ay napagpasyahan na ang tortyur ay pinakamadalas na ginagamit ng pulis, na sinundan ng militar, at mga bantay ng bilangguan.²³⁷ Ang Indonesia ay malinaw na malayo pa ang lalakbayin bago maging matagumpay ang pagsugpo sa tortyur; ngunit meron na din itong narating.

TORTYUR SA BATAS NG INDONESIA

Ang Criminal Code

Ang kriminal na batas sa Indonesia ay pinamamahalaan ng dalawang pangkalahatang kodigo, ang Criminal Code²³⁸ at ang Criminal Procedure Code.²³⁹ Bukod pa rito, ang mga tiyak na batas ay saklaw ang partikular na mga isyu o pangyayari, kabilang na ang karapatang pantao. Ang Tortyur ay hindi isang tiyak na pagkakasala sa batas kriminal ng Indonesia.²⁴⁰ Gayunman, may isang espesyal na batas na

naglalaman ng pagkakasala ng kabuuang paglabag sa Karapatang Pantao, kabilang na ang tortyur sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon.²⁴¹ Ang karapatang maging malaya mula sa tortyur ay kinikilala na rin ng ligal at ang mga reklamo ng paglabag sa karapatang iyan ay inimbestigahan at pagkatapos ay mabibigyan ng lunas.

Ang batas kriminal ng Indonesia ay nananatiling nasasaklawan ng Criminal Code na pinagtibay noong panahon ng kolonyal ng mga Olandes. Ang Kodigo ay hindi tumutukoy sa tortyur ngunit ito ay naglalaman ng mga probisyon na gawing kriminal ang mga 'pagmamaltrato'.²⁴² Ang mga parusa ay depende kung ang pagmamaltrato ay pinag-isipan o hindi, at kung ito nagiging sanhi ng pinsala, malubhang pinsala o kamatayan. Ang pinakamataas na parusa ay saklaw mula sa pagkabilanggo para sa dalawang taon at walong buwan (para sa mga di-pinag-isipang pagmamaltrato na hindi nagdudulot ng pinsala) hanggang sa labinlimang taon (para sa mga seryosong pagmamaltrato na pinaghandaan na nagiging sanhi ng kamatayan). Ang mga pagkakasala ng pagmamaltrato ay mayroong pangkalahatang aplikasyon at hindi limitado sa pagmamaltrato ng mga opisyal ng Estado.

Ang Criminal Code ay ginagawang kriminal din ang pamimilit upang kunin ang isang pag-amin o makakuha ng impormasyon sa isang kriminal na kaso. Ito pagkakasalang ito ay pinarurusahan ng isang pinakamahabang termino ng apat na taon na pagkabilanggo.²⁴³ Ang aplikasyon nito ay limitado sa mga opisyal ng Estado. Ang Criminal Procedure Code, gayunman, ay hindi iniaalis ang posibilidad ng paggamit sa paglilitis ng mga ebidensya na nakuha sa ilalim ng pamimilit, kabilang na ang pag-amin. Ang malaking mayorya ng mga kriminal na paghatol sa Indonesia ay nakasalalay sa mga pag-amin.²⁴⁴

Ang mga limitasyon ng panahon ay ginagamit sa pagsasakdal sa mga kasalanan sa ilalim ng Criminal Code:

- Anim na taon para sa mga krimen na pinarurusahan ng hanggang sa tatlong taon ng pagkabilanggo.
- 12 taon para sa mga krimeng mapaparusahan ng higit sa tatlong taon ng pagkabilanggo.

- 18 taong para sa mga krimeng mapaparusahan ng kamatayan o habambuhay na pagkabilanggo.²⁴⁵

Ang mga krimen ng pagmamaltrato at pamimilit ay ang mga pangunahing pangkalahatang batas na ang bawat isang pagsasagawa ng tortyur ay maaaring usigin at parusahan. Ang kanilang sakop ay limitado sa depensa sa pagkilos sa ilalim ng mga order, gayunman. Ang Criminal Code ay nagsasaad na ang isang tao ay hindi napapailalim sa parusa kung siya ay nagsasagawa ng isang pagkilos sa utos ng isang karampatang awtoridad, sa kondisyon na siya ay kumilos nang tapat na pagtitiwala na pinaniniwalaan na ang utos ay ligal.²⁴⁶ Sa ilalim ng exemption na ito, maraming may kagagawan ng tortyur ay napalaya.

Ang Criminal Code ay hindi naglalaman ng mga pagkakasala ng mga di-awtorisado o hindi opisyal na pagkulong ng mga opisyal ng Estado.

Mga Batas ng Karapatang Pantao

Sa labas ang Criminal Code, ang batas ng Indonesia ay kinabibilangan ng maraming mga batas na naghahangad na itaguyod at protektahan ang mga karapatang pantao, kabilang na ang kalayaan mula sa tortyur. Ilang pag-amyenda sa Saligang batas noong 2000 ay tinukoy ang karapatang pantao. Art. 28G(2) ay nagsasaad na 'lahat ng tao ay may karapatang maging malaya mula sa tortyur o di-makatao at nakahihyang pagtrato.'²⁴⁷

Ang tortyur ay ang paksa ng isang partikular na batas na pinagtibay upang paganahin ang Indonesia upang iratipika ang UN Convention Against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment, at ang probisyon sa isang pangkalahatang batas sa karapatang pantao.²⁴⁸ Hindi ginagawang krimen ito sa mga termino. Kapwa ipinahayag ang kahulugan ng tortyur alinsunod sa mga probisyon ng UN Convention, bagaman ang kahulugan ay hindi magkapareho. Ang Batas 5/1998 ay ang mas kumpletong depinisyon.

Ang terminong 'tortyur' ay nangangahulugan ng anumang gawain na kung saan malubhang sakit o paghihirap, pisikal man o mental, ay sadyang ipinataw sa isang tao para sa mga layuning gaya ng

pagkuha mula sa kanya o isang pangatlong taong impormasyon o isang pag-amin, pinarusahan siya para sa mga gawain na siya o isang pangatlong tao ang gumawa o pinaghihinalaang gumawa, o pananakot o pamimilit sa kanya o sa isang pangatlong tao, o para sa anumang dahilan na batay sa diskriminasyon ng anumang uri, kapag ang ganitong sakit o paghihirap ay ipinataw ng o sa pag-udyok o may mga pahintulot o pakikiayon ng isang pampublikong opisyal o ibang tao na kumikilos sa opisyal na kapasidad. Hindi kasama rito ang sakit o paghihirap na nagmumula lamang sa, likas sa o nagkataon lang na naaayon sa batas na parusa.²⁴⁹

Ang batas 39/1999, bukod sa iba pang mga bagay, ay itinatag ang Komnas HAM at ibinigay sa institusyon ang awtoridad upang tumanggap, imbestigahan at malutas ang mga reklamo ng mga paglabag sa karapatang pantao, kabilang ang tortyur.²⁵⁰ Iba pang mga batas na angkop sa partikular na mga sitwasyon (proteksyon ng mga bata, labor, domestikong karahasan) ay naglalaman din ng mga probisyon sa tortyur.²⁵¹

Ang isang batas ng karapatang pantao, Batas 26/2000, ay nagpapataw ng kriminal na parusa para sa mga pang-aabuso sa karapatang pantao, kabilang ang tortyur, ngunit ang mga kaso ng pang-aabuso ay dapat 'mga matinding paglabag sa karapatang pantao' na bumubuo sa mga krimen laban sa sangkatauhan,²⁵² 'na ginawa bilang bahagi ng isang malawak o sistematikong direktang atake sa sibilyan'.²⁵³ Ang tortyur ay maaaring maging isa sa mga gawain na bumubuo ng isang krimen laban sa sangkatauhan.²⁵⁴ Pati na rin ang mga gawain ng arbitraryong paglalaan ng kasarinlan o iba pang pisikal na kalayaan na lumalabag sa batas pang internasyonal' at 'sapilitang pagkawala'.²⁵⁵ Ang parusa sa mga krimen laban sa sangkatauhan na may kinalaman sa tortyur ay pagkabilanggo sa pagitan ng lima at labinlimang taon.²⁵⁶ Ang parusa sa mga krimen laban sa sangkatauhan na may kinalaman sa mga sapilitang pagkawala ay kamatayan o habambuhay na pagkabilanggo o para sa pagitan ng sampu at 25 taon.²⁵⁷

Ang Komnas HAM ay may awtoridad na imbestigahan ang kalakhang mga paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng batas 26/2000,

ngunit ang pag-uusig ay ang responsibilidad ng Abogado Heneral.²⁵⁸ Ang mga paglilitis ay isagawa ng mga espesyal na hukuman ng karapatang pantao.²⁵⁹ Walang limitasyon ng panahon para sa mga pag-uusig sa ilalim ng batas 26/2000. Ang Criminal Procedure Code ay namamahala sa proseso ng kriminal na imbestigasyon at paglilitis sa ilalim ng batas na ito.²⁶⁰

Panghuli, ang mga probisyon sa mga pulis at militar na regulasyon ay ipinagbabawal ang tortyur. Noong 2009 ang hepe ng Pambansang Pulisya ng Indonesia ay naglabas ng isang regulasyon sa pagsunod ng mga pulis sa mga pamantayan ng karapatang pantao.²⁶¹ Ang regulasyon ay kinabibilangan ng sampung mga probisyon na partikular na tinutukoy ang tortyur, karaniwan bilang isang bahagi sa isang listahan ng mga pamantayan ng karapatang pantao na dapat gawin ng mga nagpapatupad ng batas sa panahon ng imbestigasyon, pag-uusig at pagkulong. Ito ay nagtatag ng walang tiyak na kaparusahan ng tortyur, gayon pa man. Ang regulasyon ay inilarawan bilang normatibo, hindi pa naging operasyonal.²⁶²

Noong 2010 naglabas ang kumander ng Indonesian National Military ang isang regulasyon na nagbabawal ng tortyur ng militar sa takbo ng pagpapatupad ng batas; ang pagbabawal na ito ay partikular na sumasaklaw sa mga imbestigasyon, pag-uusig, hukuman ng militar at mga kulungan ng militar.²⁶³ Ang regulasyon ay hindi nagpapataw ng mga kaparusahan para tortyur. Sa halip, ginagamit nito ang pangkalahatang batas, na kung saan ay may kakulangan dahil sa ang pangkalahatang batas ng tortyur ay hindi isang tiyak na pagkakasala. Ang regulasyon ay tumutukoy sa tortyur sa mga parehong termino ng batas 5/1998, alinsunod sa mga internasyonal na mga kahulugan. Ang sistema ng hukuman ng militar ay inilagay sa ilalim ng Korte Suprema noong 2004, itinaas ang kalayaan ng mga militar na hukuman. Gayunman, ang mga taga-usig ng militar ay nananatili sa ilalim ng pamamahala ng militar at samakatuwid ay hindi malaya.²⁶⁴ Nakakaapekto ito sa bilang ng mga pag-uusig na dala para sa paglabag sa disiplina ng mga militar.

Ang Criminal Procedure Code

Ang Criminal Procedure Code ay namamahala sa prosesong kriminal mula sa inisyal na aresto o pagkulong hanggan sa pagtatapos ng paglilitis. Ito ay naglalaman ng ilang mga probisyon na idinisenyo upang protektahan ang mga kriminal na suspek o nakakulong mula sa tortyur o pagmamaltrato. Sa ilang mga lugar ito ay dinadagdagan ng mga regulasyon ng pulis at militar.

Ang Criminal Procedure Code ay nag-uutos sa mga awtoridad na agad ipagbigay-alam sa pamilya ng suspek ang kanyang pagka-aresto.²⁶⁵ Ang pamilya ay dapat na bigyan ng isang kopya ng ang utos ng pag-aresto at mamaya isang kopya ng anumang utos ng pagkulong o karagdang pagkulong na inilabas ng isang hukom.²⁶⁶ Ang mga regulasyon ng pulis ay nakasaad din na:

Ang suspek na nakakulong ay may karapatan na ipaalam ng may karampatang awtoridad sa kanyang pamilya o iba pang mga tao na nakatira sa iisang bahay o anumang iba pang mga tao na ang pagtulong ay kinakailangan ng mga suspek upang makakuha ng piyansa o isang garantiya na magpapahintulot ng paglaya mula sa kulungan.²⁶⁷

Ang mga regulasyon ng militar gayundin ay kinakailangan na ang mga pamilya ay magkaroon ng kaalaman.²⁶⁸

Ang Criminal Procedure Code ay hindi kinakailangan na ang mga awtoridad ay ipaalam sa isang suspek o akusadong tao ng kanyang mga karapatan habang nasa ilalim ng pagsusuri. Gayunman, nakasaad sa mga regulasyon ng pulis:

Sa pagsasagawa ng isang aresto, ang opisyal ay dapat na ipaalam sa suspek ang kanyang mga karapatan at kung paano gamitin ang gayong mga karapatan, na binubuo ng karapatan na manatiling tahimik, tumanggap ng ligal na tulong at/o sinamahan ng isang abogado, at iba pang mga karapatan na ibinigay sa ilalim ng Criminal Procedure Code.²⁶⁹

Ang Criminal Procedure Code ay nagsasaad na ang mga taong pinaghihinalaan ng o inakusahan ng isang krimen ay dapat magkaroon ng akses sa ligal na tulong.²⁷⁰ Ang isang suspek o akusadong tao ay may karapatan upang makipag-ugnay sa isang abogado at makakuha ng ligal na payo 'mula sa sandali ng kanyang pag-aresto o pagkulong sa lahat ng yugto ng pagsusuri'.²⁷¹ Gayunman, ang papel na ginagampanan ng abogado ay limitado: ang abogado ay walang karapatan upang mamagitan sa panahon ng interrogasyon. Siya ay maaari lamang manood at makinig, at maaari lamang manood kung ang kaso ay kinasasangkutan ng isang krimen laban sa seguridad ng estado.²⁷²

Bagaman ito ay kinikilala at ginagarantiya ang mga karapatan sa abogado, ang Criminal Procedure Code ay naglalaman ng maraming probisyon na maaaring epektibong hadlangan ang abogado sa pagbibigay ng payo at adbokasiya na kinakailangan ng kanilang mga kliyente. Ang isang abogado ay mababalaan kung itinuturing na inabuso nila ang kanilang karapatang makipag-ugnayan sa isang nakakulong; at ang kontak ay maaaring pinangangasiwaan ng isang opisyal o maaaring ipagbawal.²⁷³ Sa mga kaso na kinasasangkutan ng seguridad ng estado, ang mga opisyal ay maaaring makinig sa usapan ng abogado at suspek.²⁷⁴

Sa ilalim ng Criminal Procedure Code, ang isang tao ay maaaring arestuhin ng mayroong isang warrant, o walang warrant kung nahuli sa aktong ginagawa ang isang krimen.²⁷⁵ Sa ibang pangyayari, ang suspek ay dapat ipatawag para sa pagtatanong. Ang Code ay pinapayagan na ang isang suspek ay ikulong kung may dahilan upang maniwala na siya ay makatakas, mapinsala o sirain ang mga pisikal na ebidensya, o ulitin ang pagkakasala.²⁷⁶ Ang pinakamahabang panahon ng pagkulong sa panahon ng imbestigasyon at pag-uusig ay:

- Hanggang 20 mga araw para sa imbestigasyon, sa pag-udyok ng isang pulis na imbestigador.²⁷⁷
- Hanggang sa isang karagdagang 40 araw para sa imbestigasyon, sa pahintulot ng isang tagausig.²⁷⁸

- Hanggang sa isang karagdagang 20 araw para sa mga pag-uusig, sa pag-uudyok ng isang tagausig.²⁷⁹
- Hanggang sa isang karagdagang 30 araw para sa mga pag-uusig, sa pahintulot ng mga pinuno ng mga angkop na hukuman.²⁸⁰
- Hanggang sa 30 araw para sa paglilitis, sa pamamagitan ng hukom sa paglilitis (50 araw kung ang paglilitis ay sa Korte Suprema).²⁸¹
- Hanggang sa isang karagdagang 60 araw para sa mga paglilitis, na may pahintulot ng mga pinuno ng mga angkop na hukuman.²⁸²

Bukod pa rito, ang isang pangkalahatang probisyon ay nagpapahintulot sa paulit-ulit na ekstensyon ng pagkulong, hanggang 30 araw sa bawat okasyon, kung saan ang mga suspek ay nagdusa mula sa 'isang malubhang pisikal o pangkaisipang kaguluhan' o kung ang pagkakasala ay nagdadala sa pinakamahaba na parusa ng siyam o higit pang taon ng pagkabilanggo.²⁸³

Ang mga awtoridad ay hindi kinakailangan na magdala ng mga suspek o akusado bago sa harap ng hukom maliban kung ang panahon ng pagkulong ay mawawalan ng bisa at ang ekstensiyon ay nangangailangan ng pagsang-ayon ng isang hukom. Ang suspek o akusado ay may karapatang iksaminin 'agad' ng isang imbestigador at 'agad' na isampa ang kaso at 'agad' mahusgahan ng korte; Ngunit 'agad' ay hindi na isinaad at ang tagal nito ay hindi tinukoy.²⁸⁴ Ang isang nakakulong ay may karapatang hamunin kung naaayon sa batas ang detensyon sa hukuman.²⁸⁵ Sa gayong sitwasyon, ang mga bagay na ito ay dapat dalhin sa harapan ng isang hukom para sa eksaminasyon bago ang paglilitis sa loob ng tatlong araw.²⁸⁶ Gayunman, ang inisyatiba ay nakapatong sa mga suspek o akusado at ang awtoridad sa pagkulong ay walang tungkulin na magdala ng mga bilanggo bago ang isang hukuman bago magsimula ang kanilang paglilitis.

Maraming pangangailangan sa proseso na may kinalaman sa pagkulong ay maaaring talikdan sa ilang mga sitwasyon, kaya naging posible ang incommunicado na pagkulong. Tulad ng nabanggit, sa kaso na may kinalaman sa seguridad ng estado ang suspek ay walang karapatan sa kumpidensyal na pakikipag-usap sa isang abogado,²⁸⁷ at hindi maaaring pakinggan ng mga abogado ang eksaminasyon ng kanilang

mga kliyente.²⁸⁸ Ang iba pang mga probisyon ay nagsususpende ng karapatang laban sa tortyur sa panahon ng emerhensiya ng estado at kapag nililitis ang mga kaso ng terorismo.²⁸⁹ Sa panahon ng batas militar, halimbawa, ang mga administrador ng batas militar ay kayang ikulong ang mga tao para sa isang pauna na panahon ng 20 araw at isang karagdagang panahon ng 30 araw.²⁹⁰ Ang isang tao na pinaghihinalaang terorista ay maaaring ikulong ng hanggang anim na buwan.²⁹¹

Ang Criminal Procedure Code ay hindi kinakailangan na ang mga awtoridad na magbigay sa mga bilanggo ng isang medikal na pagsusuri pagkalipas ng pagkakulong; ngunit ang mga regulasyon ng pulis at militar ay gumawa ng ilang probisyon para sa mga medikal na pagsusuri. Nakasaad sa mga regulasyon ng pulisya na 'ang isang nakakulong ay may karapatan sa sapat na serbisyong medikal at pangalagaan ang kanyang medikal na talaan.'²⁹² Ang militar na regulasyon ay nagbabawal ng kabiguan na magbigay ng suporta sa kalusugan.²⁹³ Hindi kinakailangan sa batas na ang medikal na taga-iksamen na maging independente sa mga pulis o militar, o kinakailangan ng eksaminasyon na isasagawa ng pribado.

Ang batas ay hindi kinakailangan na ang mga awtoridad ay magtala ng mga interrogasyon sa mga awdyo o bidyo na aparato. Nakasaad sa mga regulasyon ng pulisya na 'ang sitwasyon at kondisyon ng pag-interoga dapat itala sa detalye', ngunit ito ay maaaring gawin sa pagsusulat at samakatuwid ay hindi isang maaasahang talaan ng kung ano ang nangyayari.²⁹⁴ Gayundin, walang batas na kinakailangan ang mga awtoridad na subaybayan ang mga kulungan na gamit ang bidyo kamera.

ANG PAGSASAGAWA

Mga Pag-uusig para sa tortyurng

Ang mga pag-uusig o iba pang pandisiplina na gawain upang parusahan ang tortyur ay bihira at nagresulta sa ilang mga

paghatol at magaan na parusa. Sa mga salita ng isang ulat ng State Department: 'Sa pagsasagawa ang ligal na proteksyon ay hindi sapat at malawak na hindi pinapansin'.²⁹⁵ Ito ay totoo sa buong panahon ng pagsusuri, habang at pagkatapos ng panahon ng New Order. Kahit ngayon, ang mga pulis o tagausig ay bihirang sinusugan ang mga kasong maayos ang dokumentasyon ng tortyur.²⁹⁶ Ang pagrereklamo sa tortyur ay maaaring humantong sa karagdagang panliligalig at pangbibiktima.²⁹⁷

Sa panahon ng Bagong kaayusan, may ilang mga insidente o kaso na paminsan-minsan ay nagtamo ng masamang katanyagan sa loob ng bansa o (mas karaniwang) sa labas ng bansa, at ang pamahalaan ay napipilitan na makita na gumagawa ng ilang aksyon. Mayroong ilang, kung mayroon man, masusing mga imbestigasyon at mas kaunting pag-uusig; ang mga pag-uusig ay bihirang magresulta sa mga paghatol, at kapag ginawa nila, ang mga nagkasala ay hindi seryosong pinarusahan. Isang trawl ng Departamento ng Estado at iba pang mga ulat ng karapatang pantao ay pinatotohanan ang huwaran na ito.

- Noong 1987, sa 'kahit sa isang pagkakataon' dinisiplina ng pamahalaan ang pulis o mga tauhan ng seguridad dahil sa paggamit ng mga brutal na pamamaraan.²⁹⁸
- Noong 1988 ang pamahalaan ay 'nagdisiplina ng ilang pulis at mga opisyal ng bilangguan', ang ilan sa kanila 'ay nilitis at nasentensiyahan ng pagkabilanggo'.²⁹⁹ 'Ang mga namamahayag sa Indonesia (Indonesian press) ay iniulat ang ilang mga kaso na kung saan ang mga pulis at tauhang militar ay nilitis (tried) para sa pagtortyur ng mga kriminal na suspek, pero tila walang mga imbestigasyon sa mga ulat ng tortyur sa mga pulitikal na suspek'.³⁰⁰
- Noong 1989 ang mga opisyal ay nagdisiplina sa 'ilang mga kaso'.³⁰¹
- Noong 1990 ang mga opisyal ay kinilala ng publiko at kinondena ang mga kalupitan ng pulis at ang hindi katanggap-tanggap na mga kundisyon sa bilangguan at paminsan-minsan ay sinimulan ang pagdidisiplina, kabilang na ang paglipat, pagpapaalis, paglilitis, at pagsentensiya sa pagkabilanggo. Sa mga hindi alam na pagkakataon na ang opisyal ay naparusahan para sa pagmamaltrato ng mga bilanggong pulitikal o mga nakakulong.³⁰²

- Noong 1991 'dose-dosenang' mga pulis at tauhang militar ay nilitis para sa pagtotortyrur o pagmamaltrato ng mga kriminal na suspek. Ang ilan ay nahatulan ngunit karamihan ay nakatanggap ng maiikling panahon sa bilangguan.³⁰³
- Noong 1992 'ilang' mga pulis ay kinasuhan sa hukom ng militar para sa pagmamaltrato o pambubugbog ng mga nakakulong.³⁰⁴ 'Sa ilang mga kaso, kapag kamatayan ang nagiging resulta ng tortyrur, ang mga pulis ay nilitis at, kung nahatulan, binibigyan ng magaan na sintensya.'³⁰⁵
- Noong 1997 ang Tenyente ng pulisya, na sangkot sa tortyrur at kamatayan ng isang nakakulong, ay napatunayang nagkasala ng pang-aabuso ng awtoridad at nasentensyahan ng siyam na buwan sa bilangguan.³⁰⁶

Ang pagtatapos ng rehimen ng New Order ay naghatid ng pag-asa na ang 'pananaig ng pangkalahatang walang kaparusahan' ay maaaring mapalitan ng pananaig ng batas.³⁰⁷ Gayunpaman, bagaman ang pagkakataon at tindi ng tortyrur ay tila bumagsak, ang mga pulis at militar ay tila patuloy na tinatangkilik ang halos kumpletong walang kaparusahan sa mga kaso ng maling asal.

Pagkatapos ng pagbagsak ni Suharto, ang ilan sa mga pinakamabigat na kaso sa malawak ng paglabag ng kapatang pantao ay inimestigahan at ang mga rekomendasyon ay ginawa para sa pag-uusig. Kakaunting mga kaso lamang ang nilitis: halos lahat ng mga akusado ay napawalangsala, at ang mga nahatulan ay binigyan ng mababang sentensya.

- Inirerekomenda ng isang imbestigasyon sa isang kaguluhan noong Mayo 1998 na ang mga responsable para sa panggagahasa ng 66 na etnikong Tsinong babae ay dapat dalhin sa katarungan. Walang sinuman ang dinala.³⁰⁸
- Ang Komnas HAM ay opisyal na inimestigahan ang karahasan na bumabalot sa reperendum ng kasarinlan sa East Timor noong Setyembre 1999.³⁰⁹ Natuklasan nito na ang tortyrur at mga malawak na paglabag sa karapatang-pantao ay nagawa at inirekomenda ang pag-uusig sa mga itinuturing nito na responsable. Walang kinasuhan para sa tortyrur; 18 na tao ay kinasuhan para sa mga

paglabag ng kabuuang karapatang pantao. Ang mga paglilitis ay isinagawa sa korte ng karapatang pantao noong 2002 at 2003. Anim ay nahatulang nagkasala at sinentensyahan ng (isa para sa sampung taon, ang iba para sa mas maikling panahon), pero lima ay matagumpay na naibaliktad ang kanilang hatol ng pagkakasala sa apela. Ang tanging tao na ang paghatol ng pagkakasala ay nanatili, isang lider ng Timorese milisya na pabor sa Indonesia, ay nahatulan ng sampung taon sa bilangguan.³¹⁰

- Ang hukuman para sa karapatang pantao sa Jakarta ay hinatulan ang 12 na mga opisyal ng militar ng mga paratang na nagmula sa pagkulong, tortyur, at pagpatay ng mga nagprotesta sa Tanjung Priok, Jakarta, noong 1984. Ang mga hatol ay lahat na ibinaliktad ng mga hukuman ng apela noong Hulyo 2006.³¹¹
- Dalawang opisyal ng pulis ay kinasuhan ng responsibilidad ng nakatataas na opisyal para sa pagpatay ng tatlong tao at ang tortyur ng hanggang sa 100 iba pa sa Abepura, Papua, noong 2000.³¹² Lahat ay napawalangsala ng Hukuman ng mga Karapatang Pantao sa Makassar noong Setyembre 2006.³¹³

Ang mga kabiguan sa mga kaso na kilala ay nagpatibay ng walang kaparusahan ng pulis at militar. Sila ay walang dahilan para matakot na usigin para sa kanilang mga kilos, lalo na mahatulan o mabilanggo. Tulad ng ulat ng Human Rights Watch noong 2010:

Ang walang kaparusahan ay nananatiling mga panuntunan para sa mga miyembro ng mga pwersa ng seguridad na responsable para sa mga pang-aabuso. Ang mga opisyal ng militar ng Indonesia at mga pinuno ng milisya ay hindi pa nagkakaroon ng hustisya para sa mga nakaraang kalupitan sa Timor-Leste, Papua, Aceh, ang Moluccas, Kalimantan, at iba pang lugar.³¹⁴

At muli nang sumunod na taon,

Lumitaw ang mga bagong paratang ng pagkasangkot sa tortyur ng pwersa ng seguridad noong 2010. Ngunit ang militar ay pinoprotektahan ang mga opisyal nito mula sa mga imbestigasyon at ang pamahalaan ay halos walang ginagawa para panagutin ang mga ito.³¹⁵

Ang pagpatibay ng Batas 26/2000 at ang pagtatag ng mga hukuman ng mga karapatang pantao ay humantong sa ilang pag-uusig, at lalong mas kakaunting paghatol at pagkabilanggo. Sa katunayan, ang mga hukuman ay hindi na gumana. Isang dahilan nito ay, sa ilalim ng batas, tanging ang Abogado Heneral ang pinahihintulutan upang usigin ang mga kaso sa mga hukuman ng mga karapatang pantao, batay sa mga imbestigasyon ng Komnas HAM. Sunud-sunod na mga Abogado Heneral ay nag-aatubiling maglunsad ng pag-uusig. Sa kasalukuyan ang mga rekomendasyon para sa mga pag-uusig na magmumula sa pitong Komnas HAM na mga imbestigasyon ay nananatili sa opisina ng Abogado Heneral nakabinbin ang desisyon.³¹⁶ Ang pangalawang dahilan ay ang kanilang di-maganda na talaan: lahat maliban sa isa sa mga taong inusig na nauna sa kanila ay napawalangsala sa paglilitis o sa apela, pagsira sa tiwala ng publiko sa kanilang independensya at integridad. Nagkaroon ng kaunting tulak mula sa publiko upang magdala ng mga bagong pag-uusig.

Paminsan-minsan ang mga kaso ng tortyur ay ang paksa ng mga ibang kriminal o pandisiplina na paglilitis. Ito ay hindi posible upang tiyakin kung paano kadalas o kadalang ito nangyayari sa buong bansa, at ang impormasyon ay patungkolsa mga indibidwal na kaso. Dalawang mga halimbawa ay iniulat ng Human Rights Watch sa 2011 Taunang Ulat nito.

Noong Oktubre, napag-alaman ang tungkol sa isang 10-minuto na cell phone bidyo na nagpakita ng mga sundalo na Indonesia na iniinteroga at brutal na tinotortyur ang dalawang Papuan na lalaki, Tunaliwor Kiwo at Telangga Gire. Sa video, si Kiwo ay sumisigaw ng ang isang piraso ng nasusunog na kahoy ay paulit-ulit na hinampas sa kanyang ari. Pagkatapos ng matinding tulak mula sa mga banyagang pamahalaan, ang militar sa wakas ay nagkaroon ng isang hukuman sa Jayapura, Papua, noong Enero. Ngunit ito ay naglitis lamang ng tatlo sa anim na mga sundalo sa bidyo – Second Sgt. Irwan Rizkiyanto, First Pvt. Jackson Agu, and First Pvt. Thamrin Mahamiri of the Army's Strategic and Reserve Command (Kostrad) 753rd battalion – sa mga paratang ng militar na disiplina,

sa halip na para sa tortyur. Ang tatlo ay nasintensyahan ng sampung buwan, siyam na buwan, at walong buwan ayon sa pagkakabanggit. Ang mga militar na tagausig ay naghanap ng mga sentensya ng hanggang sa 12 na buwan sa halip na sa pinakahaba na 30 buwan gaya ng ipinahihintulot sa ilalim ng militar na criminal code.

Isa pang kaso ng tortyur na nakunan sa bidyo noong 2010 ay kasangkot ang ilang sundalo na sinisipa at binubugbog ang mga taganayon sa Papua. Apat na sundalo mula sa parehong Kostrad 753rd batalyon ay nilitis ayon sa kadahilanang pandisiplina ng militar at sinentensiyahan lamang ng lima hanggang pitong buwan sa bilangguan. Ang mga hatol ay naka apila sa Surabaya mataas na hukumang militar.³¹⁷

Ang mga ganitong kaso ay bihira. Sila ay magreresulta sa mga paghatol at pagkabilanggo na lalong mas madalang. Ang kaso ng Kanlurang Sumatra, kung saan ipinataw ang napakaikling pagkakabilanggo na hindi nagpakita ng tindi ng pagkakasala at ang mga bunga nito (ang pagkamatay ng dalawang kabataan), inilalarawan ang tokenistik na resulta ng pag-uusig at ang mga paghatol na naganap.

Iminungkahi ng isang kinatawan ng Komnas HAM na sa huling ilang taon ang panloob na pamamaraan ng pagdidisiplina ng mga pulis ay ginagamit nang mas madalas sa mga kaso ng tortyur, at ito ay humahantong sa mas mahusay na pagsasagawa. Pero inamin rin niya na ang tortyur ay patuloy at kung minsan ay nagbubunga ng pagkamatay ng mga biktima sa pangangalaga.³¹⁸ Walang impormasyon na magagamit upang ipahiwatig ang lawak na pagdidisiplina na sa ngayon ay inilalapat para mapahintulutan o mabawasan ang tortyur, o kung gaanong pagsasagawa ay nagbago.

Noong 2008 ang Special Rapporteur on Torture ay nagpahayag ng pagkalungkot na

Ang Indonesia ay hindi ipinagbabawal ang tortyur sa ilalim ng mga kriminal na batas nito. Ang batas ng Indonesia ay hindi naglalaman ng isang malinaw na pagbabawal sa tortyur. Ito, pinagsama ng kawalan ng mga pananggalang pamamaraan laban sa tortyur, ang kawalan ng independiyenteng mekanismo ng

pagsubaybay at ng mga epektibong mekanismo ng reklamo ay nagreresulta sa isang sistemang tulad ng walang kaparusahan.³¹⁹

Sa parehong taon ang Komite Laban Sa Tortur ay nagpahayag ng labis na pag-alala na

ang mapagkakatiwalaang mga alegasyon ng tortur at/o pagmamaltrato na ginawa ng nagpaptupad ng batas, militar at mga tauhan ng serbiyo ng katalinuhan ay bihirang naimbestigahan at usigin at ang may kagagawan ay alinman sa bihirang nahatulan o nasentensyahan ng mababa na parusa na hindi alinsunod sa matinding katangian ng kanilang mga krimen.³²⁰

Pagsasagawa ng Pagkulong

Ang pagtalima sa mga pananggala ng pamamaraan ay nagpapakita ng isang maihahambing na ebolusyon mula sa panahon ng New Order hanggang sa kasalukuyan, kahit na ang kawalan ng maaasahang istatistika ay ginagawang mahirap ang paghahambing.

Ang mga nakapanayam para sa pananaliksik na ito ay nagpahayag ng halo-halong pananaw na kung ipinaaalam ng pulis sa mga pamilya ang mga pag-aresto at mga pagkulong. Sinabi ng ilan na sa mga nakaraang taon ang mga pamilya ay kadalasan na sinasabihan ng isang pag-aresto sa lalong madaling panahon matapos ito maganap, karaniwang sa pamamgitan ng nakasulat na abiso na inihatid sa bahay ng nakakulong.³²¹ Sabi ng iba na ang mga miyembro ng pamilya ay maabisuhan lamang kapag sila ay magsimulang maghanap para sa isang tao na nakakulong.³²²

Ang mga bilanggong pulitikal ay karaniwang maaaring makakuha ng ligal na representasyon sa kanilang mga paglilitis ngunit nahihirapan na magkaroon ng kanilang abogado sa panahon ng interrogasyon at iba pang mga yugto ng imbestigasyon.³²³ Ang ibang bilanggo ay mas nahihirapan sa pagkuha ng legal na payo at madalas na dinadaan ang buong kriminal na proseso na wala ito.³²⁴ Marami ay napagkalooban ng permiso na magtalaga ng isang abogado ngunit

hindi kayang gawin ito. Kapag ang mga abugado ay ipinagkaloob, sila ay madalas na napili ng, at may mabuting pakikisama sa, mga pulis.³²⁵

Ang pangunahing medikal na atensyon ay ibinigay sa mga bilanggong humiling nito ngunit ito ay maaaring maging sobrang bagal sa pagdating at napakalimitado ng saklaw.³²⁶ Ang mga bilanggong binugbog ay minsan nilalagay sa kulungan hanggang sa gumaling ang kanilang mga kapinsalaan, upang itago ang ebidensiya ng tortyur.³²⁷ Ang mga medikal na ulat sa mga kamay ng mga pulis ay hindi karaniwan na nakukuha ng mga biktima o ng kanilang mga abogado.³²⁸ Sa Papua, sa partikular, ang mga bagong nakakulong ay iniulat na nakakaranas pa rin ng tortyur sa loob ng ospital ng pulis: sabi nila na ang mga propesyonal ng medisina ay hindi gumamit ng anaesthetics kapag nagtahi sila ng mga sugat, at na ang mga pulis ay nagpatuloy na binubugbog ang mga nakakulong habang sila ay nasa ilalim ng medikal na paggamot.³²⁹

Ang mga kababaihan ay lalo ng mahina. Sa mga lugar ng kaguluhan, ang mga kababaihan ay sekswal na inasalto o napasailalim sa karahasan na batay sa kasarian ng mga sundalo o mismong mga pulis, o sa kanilang pakikipagsabwatan.³³⁰ Ang mga pasilidad sa kulungan para sa mga babaeng bilango at nakakulong ay madalas na masikip at walang badyet upang matugunan ang mga tiyak na pangangailangan ng kababaihan, lalo na ang mga kababaihan na buntis o may mga sanggol na kasama nila sa kulungan. Ang pagpapakilala sa Aceh ng korporal na pagpaparusa para sa mga krimeng moral ay mayroon ding malubhang implikasyon para sa mga kababaihan.³³¹

Ang mga interogasyon ay kung minsan ay naitala sa awdyo o bidyo closed circuit na telebisyon sa ilang mga istasyon ng pulis at mga kulungan (kapansin-pansin sa mga pangunahing lungsod ng Jakarta, Surabaya at Semarang).³³² Sa pangkalahatan, gayunman, ang pulis ay walang akses sa mga teknolohiyang ito. Kung saan sila ay ipinakilala, sa ilang lungsod ng mga istasyon ng pulis at kulungan, ang mga dayuhang nagbibigay ng donasyon ay madalas na nagbibigay ng pinansyal na suporta.³³³ Ang mga pulis at iba pa ay nagsalita nang positibo ng epekto ng awdyo at bidyo na teknolohiya kapag ginamit

ito. Ang mga pulis ay sinabi na naging ‘mas pigil’ noong na-bidyo ang mga interogasyon.³³⁴

Madalas na binigyang-diin ng mga nakapanayam na ang isang pangunahing problema ay ang gawi na magtuon ng pansin sa mga pag-amin.³³⁵ Ang Criminal Procedure Code ay nagpapahintulot ng limang uri ng mga katibayan, ang panghuli ay ‘ang sariling testimonya ng akusado’.³³⁶ Bagama’t ang testimonya ng isang akusadong tao ay hindi sapat na patunayan ang pagkakasala maliban kung ito ay may kasamang ‘ibang paraan ng patunay’,³³⁷ ang pangunahing hinahanp ng pulis at mga tagausig ay ang makakuha ng pag-amin at umaasa sa kanila sa halos lahat ng mga pag-uusig. Ang Criminal Procedure Code ay nagsasaad na ang lahat ng ebidensya, kabilang ang sa isang suspek, ‘ibibigay nang hindi sapilitan mula sa kahit sino mang at/o sa anumang anyo o anu pa man’.³³⁸ Kapag nagpapasiya ng mga katotohanan, ang mga korte ay kinakailangan ding isaalang-alang ang anumang mga dahilan na maaaring maging sanhi ng isang saksi na magpatotoo sa isang partikular na paraan.³³⁹ Sa kabila ng mga pananggalang na ito, ang mga hukuman ay napaka-bihirang ibukod ang mga pag-amin, kahit na kung ang akusado ay nagsusumbong na ito ay nakuha sa pamamagitan ng tortyur, at para sa pulis at mga taga-usig kaunting ligal o pamamaraan ng disinsentibo ay pinipigilan sila sa pagkuha ng pag-amin sa pamamagitan ng pamimilit.³⁴⁰ Ang pagbibigay halaga ng mga imbestigador sa mga pag-amin, at ang pagpaparaya ng hukom dito, ay dinadagdagan ang panganib na ang pamimilit ay gagamitin.

Ang mahina na pangangasiwa ng mga tauhan ng operasyon ay isang ikalawang malaking kakulangan. Ang mga nakatataas na mga opisyal sa pulis at militar ay pinuna sa hindi pagpapatupad ng mga pamamaraan sa pag-aresto, pagkulong at imbestigasyon.³⁴¹ Ang pagwawasto ng kabiguan ng pamumuno, sa aking pananaw, ang susi sa pag-iwas sa tortyur.³⁴²

Sa kabuuan, ang pagsasagawa ng tortyur ay lumilitaw na naitanim at itinatag.³⁴³ Maraming mabababa at gitnang-ranggo na mga pulis ay hindi pamilyar sa mga pangunahing probisyon ng Criminal Code

at Criminal Procedure Code,³⁴⁴ at ilang mga hukom at tagausig ay walang malinaw na pagkaunawa ng katangian ng tortyur o mga kaugnay na probisyon ng pandaigdigang batas.³⁴⁵ Ang ministeryo ng batas at karapatang tao ay nagbigay ng ilang pagsasanay sa pag-iwas ng tortyur, ngunit isang maliit na proporsyon lamang ng mga pulis, militar, mga taga-usig at mga bantay ng bilangguan sa isang maliit na bilang ng mga lungsod ang nakinabang mula sa mga ito.³⁴⁶ Ang Komnas HAM ay nagbibigay din ng ilang pagsasanay at gumawa ng mga modyul na maaaring magamit sa pagsasanay ng mga kadete ng pulis at bagong mga tagausig.³⁴⁷ Hanggang sa ngayon, gayunman, ang pagsasanay ay karaniwang ad hoc at mababaw at nang walang wastong follow-up; ang pulis ay natuto ng kanilang trabaho mula sa iba pang mga opisyal ng pulisya sa halip na sa pamamagitan ng pormal na edukasyon sa batas at pamamaraan.³⁴⁸ Ang Pambansang Pulisya ng Indonesia ay nagsabi na ang lahat ng mga tauhan ng pulisya ay sinanay at ang pulis akademya ay nagbibigay ng sampung kurso sa isang taon, bawat isa para sa 100 na kalahok,³⁴⁹ ngunit kinikilala nito ang higit na pangangailangang gawin kung ang tortyur ay iniuugnay sa pamumulis ay dapat itigil.

Pagdating sa militar, ang mataas at gitnang-ranggo na mga opisyal ng militar ay malamang na sumasailalim sa mas mabuting pagsasanay at pamamahala kaysa sa mga pulis. Ang militar ay tiyak na naglaan ng karagdagang pagsasanay sa mga tauhan nito at nagpakita ng mas bukas na kalooban upang harapin ang mga isyu ng tortyur. Ito ay gumagamit ng mga bidyo ng mga insidente ng tortyur sa mga progama ng pagsasanay,³⁵⁰ at sa Papua inaanyayahan nito ang tanggapan ng probinsiya ng Komnas HAM upang magbigay ng pagsasanay sa mga karapatang pantao.³⁵¹ Sa nabanggit, isang sistematiko at komprehensibong programa ng pagsasanay para sa lahat ng tauhan ng militar ay kailangan at hindi pa rin magagamit. Ang mas mahalaga, pagbabago ng kultura ng karahasan ng militar ay nangangailangan ng katapatan at pangmatagalang programa ng pagkilos.

MGA REKLAMO AT PAGMAMANMAN (BATAS AT PAGSASAGAWA)

Pandaigdigan/Pangrehiyon na mekanismo

Indonesia ay nagratipika ng UN Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment at the International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR) at kailangang magsumite ng pana-panahong mga ulat ng Estado sa pagsunod nito sa mga obligasyon sa ilalim ng mga kasunduan.³⁵² Ito ay nagsumite at nasuri sa dalawang ulat sa ilalim ng Convention against Torture at isa sa ilalim ng ICCPR.³⁵³

Gayunman, hindi nito kinikilala ang anumang internasyonal na hurisdiksyon para tumanggap at mag-imbetiga ng 'mga komunikasyon' (mga reklamo) na pinatunayan ang mga paglabag ng mga kasunduan sa mga partikular na kaso. Ni hindi ito gumawa ng isang deklarasyon sa ilalim ng Art. 22 of the Convention against Torture o rinatipika ang Second Optional Protocol to the ICCPR hinggil sa mga reklamo ng indibidwal o mga pakikipag-ugnayan, at ay hindi napapailalim sa anumang iba pang mga mekanismo ng internasyonal na reklamo. Walang mekanismo ng reklamo sa rehiyon ng Asya.³⁵⁴

Ang Indonesia ay hindi rinatipika ang Optional Protocol to the Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (OPCAT) at hindi tinanggap ang tungkulin ng pagmamanman ng Subcommittee on the Prevention of Torture.

Ang Indonesia ay tumanggap ng dalawang beses na pagbisita ng Special Rapporteur on Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment.³⁵⁵ Hindi ito gumawa ng patuloy na paanyaya sa UN Special Procedures at mga pagbisita sa makatuwid ay depende sa mga indibidwal ad hoc na paanyaya mula sa pamahalaan. Ang pangalawang pagbisita ng Rapporteur ay sinundan ng paulit-ulit na mga kahilingan sa paglipas ng maraming taon.

Pambansang Mekanismo

Mga Reklamo at Imbestigasyon

Ang Indonesia sa ngayon ay may ilang independiyenteng reklamo at pagmamanman na mga mekanismo, kung saan ang tatlo ay mahalaga para sa pagpigil ng tortyur. Ang Pambansang Komisyon sa mga karapatang pantao (Komnas HAM) ay itinatag noong 1994 sa panahon ng New Order. Pagkatapos ng *reformasi*, ang Komisyon ng Pambansang Pulisya ay itinatag noong 2002 at ang Ombudsman noong 2008.

Komnas HAM ay itinatag noong 1994 sa ilalim ng isang pampanguluhan atas³⁵⁶ at muling naitatag ng batas sa isang mas permanente at mas independyente na batayan noong 1999, alinsunod sa Paris Principles (ang internasyonal na pamantayan para sa pambansang pang karapatang pantao na mga institusyon).³⁵⁷ Ang utos nito ay sumasaklaw sa karapatang pantao na kinikilala sa batas 39/1999, kabilang ang karapatan sa kalayaan mula sa tortyur.³⁵⁸ Sa ilalim ng batas ito ay may apat na pangunahing katungkulan: pag-aaral at pananaliksik, pagpalaganap, pagmamanman, at pamagitan.³⁵⁹ Kaugnay sa tortyur, ito ay pinahintulutan na tumanggap at mag-imbestiga ng mga reklamo ng tortyur, mag-manmanan ng pagsunod sa mga karapatan sa kalayaan sa tortyur, at itaguyod at magbigay ng edukasyon at pagsasanay sa pagpigil sa tortyur.³⁶⁰

Ang Komnas HAM ay maaaring tumanggap ng mga reklamo mula sa sinumang tao o grupo ng mga tao.³⁶¹ Ito ay may makatwirang malakas na kapangyarihan ng imbestigasyon. Ito ay may awtoridad na

- Subaybayan ang pagpapatupad ng mga karapatang pantao at pagsama-samahin ang ulat sa mga resulta ng pagmamanman.
- Imbestigahan at suriin ang mga pangyayari na sa kanilang kalikasan o saklaw ay malamang na lumalabag sa karapatang pantao.
- Humiling at pikinggan ang mga pahayag mula sa mga nagrereklamo, mga biktima at mga akusadong tao.

- Hilingin at pakinggan ang mga pahayag mula sa mga testigo at, kung susunod ang pag-uusig, humiling na ang mga saksi ay magsumite ng kinakailangang ebidensya.
- Mag-survey ng mga lokasyon ng insidente at iba pang mga lokasyon na itinuturing na kinakailangan.
- Hilingin ang mga may-kaugnayang partido na magbigay ng mga nakasulat na pahayag o magsumite ng mga dokumentong napatotohanan bilang kinakailangan, sa pag-apruba ng Pinuno ng Hukuman.³⁶²
- Suriin ang mga bahay, bakuran, mga gusali, at iba pang mga lugar na may-kaugnayan kung saan ang mga partido ay naninirahan o nagmamay-ari, sa pagsang-ayon ng Pinuno ng Hukuman.

Ang mga imbestigasyon sa reklamo ay hindi pampubliko maliban kung ang Komnas HAM ay nagpasiya na gawin ito.³⁶³ Ang Komnas HAM ay mayroon ding awtoridad na sugpuin ang impormasyon tungkol sa mga partido at mga saksi.³⁶⁴

Ang Komnas HAM ay walang kapangyarihan na mag-usig. Kapag nakumpleto nito ang imbestigasyon sa isang reklamo o isang insidente at nagtatapos na naganap ang isang paglabag sa mga karapatang pantao, iniuulat nito ang kaso sa Abugado Heneral o sa Parlyamento para sa resolusyon.³⁶⁵ Maaari rin itong gumawa ng mga rekomendasyon para malutas ang reklamo sa mga partido.³⁶⁶ Maaari itong magpalabas sa publiko ng maraming impormasyon hangga't nais nito tungkol sa isang reklamo, imbestigasyon nito, at mga konklusyon at rekomendasyon nito.

Sa ilalim ng Batas 26/2000, ang Komnas HAM ay may partikular na kapangyarihan kaugnay sa malawakang paglabag sa karapatang pantao. Ito ang responsable sa pagsasagawa ng mga pagtatanong sa malalaking paglabag sa karapatang pantao, kabilang ang tortyur, na malawak at sistematikong direktang mga pag-atake sa mga sibilyan.³⁶⁷ Kapag nagsasagawa ng isang pagtatanong ito ay awtorisadong:

- Magtanong at suriin ang mga insidente na, batay sa kanilang kalikasan o saklaw, maaaring makatwirang maituturing na makatumbas ng mga malalaking paglabag sa karapatang pantao.

- Tumanggap ng mga ulat o reklamo mula sa mga indibidwal o grupo sa malalaking paglabag sa karapatang pantao, at itaguyod ang mga pahayag at katibayan.
- Humiling at pakinggan ang mga pahayag ng mga nagreklamo, biktima, o paksa ng isang reklamo.
- Tawagin at pakinggan ang mga saksi.
- Ipunin at suriin ang mga pahayag mula sa lokasyon ng insidente at iba pang mga lokasyon na itinuturing na kinakailangan.
- Hilangin sa mga may-kaugnayang partido na gumawa ng mga nakasulat na pahayag o magsumite ng kinakailangan na napatotohanang mga dokumento.

Sa order ng imbestigador, ito ay pinahintulutan:

- Suriin ang mga sulat.
- Magsagawa ng paghahanap at pag-kuha
- Suriin ang mga bahay, bakuran, mga gusali, at iba pang mga lugar na may-kaugnayan kung saan ang mga partido ay naninirahan o nagmamay-ari
- Magpadala ng mga espesyalista na may kinalaman sa imbestigasyon.³⁶⁸

Ang isang pagtatanong ay naiiba sa isang pagsisiyasat. Ang imbestigasyon ay pauna sa pag-uusig at isinasagawa ng o sa ilalim ng awtoridad ng Abugado Heneral.³⁶⁹ Sa kabaligtaran, sa pagtatapos ng isang pagtatanong kumunsulta ang Komnas HAM sa isang imbestigador na hinirang ng Abugado Heneral kung isinasaalang-alang nito na ang paunang ebidensiya na natipon nito ay nagmumungkahi na ang isang malawakang paglabag sa mga karapatang pantao ay nangyari.³⁷⁰ Ang Abogado Heneral ay nag-uusig ng malalaking paglabag sa mga karapatang pantao batay sa ulat ng imbestigador.³⁷¹ Higit pa sa puntong iyon, ang Komnas HAM ay wala ng karagdagang papel o kapangyarihan ngunit maaaring humiling ng isang ulat mula sa Abugado Heneral sa pag-usad ng imbestigasyon o pag-uusig.³⁷²

Ang mga organisasyon ng karapatang pantao ay naging kritikal sa Komnas HAM, nakikipagtalo na hindi pa nito natugunan ang

tortyur at iba pang mga pang-aabuso sa karapatang pantao ng epektibo. Sinasabi nila na ang mga ulat nito ay mahina, na ang mga rekomendasyon nito ay hindi pinapansin, at ito ay mayroong isang mahinang talaan sa mga pag-uusig at paghatol.³⁷³ Ang Komnas HAM sa katunayan ay mas maimpluwensya sa panahon ng New Order, nang ang pamumuno nito ay malapit kay Suharto ngunit may kalayaang pag-iisip, habang ang mga NGO ay karaniwang pinigilan at natagpuan na mahirap na gumana nang malaya at sa publiko. Matapos ang *reformasi*, ang Komnas HAM ay hindi gaanong opisyal na impluwensiyal at labis na nalilimutan sa isip ng publiko dahil sa mas maraming masalita, kritikal, aktibistang NGO. Mula noon ito ay nahirapan na pahabain ang abot at pagiging epektibo nito, na may anim lamang na tanggapan ng rehiyon na may limitadong awtoridad at responsibilidad.³⁷⁴ Ang mga parehong katangian na nagpapahirap sa pagpigil sa tortyur sa Indonesia – ang malaki at magkakaibang populasyon, napakalawak na lugar, at archipelagic na kalikasan – ay nagpapahirap para sa Komnas HAM na epektibong gumawa ng operasyon sa buong bansa. Ang organisasyon ay may 300 tauhan ngunit mayroong higit sa 440 na mga bilangguan at mga opisyal na lugar ng pagkulong at maraming libu-libong istasyon ng pulisya. Ang Komnas HAM ay gumawa ng maraming mabubuting ulat sa mga sitwasyon ng mga malawakang paglabag sa mga karapatang pantao, kasama na ang 1965 na mga masaker na sinamahan ng pagkuha ng kapangyarihan ng militar ni Suharto at ang mga pangyayari noong 1999 sa East Timor. Gayunpaman, ang mga ulat na ito ay hindi nakatanggap ng seryosong pansin ng gobyerno o nagresulta sa mga pag-uusig, at ito ay nagpahina sa kredibilidad nito.

Ang Komisyon ng Pambansang Pulisya ay itinatag ng batas noong 2002.³⁷⁵ Ang kapangyarihan at tungkulin nito ay pupunan ng isang atas ng Pangulo noong 2011.³⁷⁶ Ang isang ligal na independiyenteng ahensy na ang utos ay ang mangasiwa sa Pambansang Pulisya,³⁷⁷ pinapayuhan nito ang Pangulo sa patakaran ng pagpupulis at ang pagkatalaga sa katungkulan at pagpapaalis ng mga opisyal ng pulisya.³⁷⁸ Ito ay awtorisadong tumanggap at mag-imbestiga ng mga reklamo ng pang-aabuso ng pulisya, kabilang ang tortyur, at

iniuulat ang mga ito sa Pangulo at sa Hepe ng Pambansang Pulisya.³⁷⁹ Gayunpaman, ito ay nagtatanong at nagrerekomenda, at hindi ngadidisciplina. Wala itong kapangyarihan na pumasok at maghanap sa mga lugar, o pilitin ang mga testigo na lumitaw o na ibigay ang mga testimonya, o ipakita ang mg ebidensya. Ang mga ulat nito tungkol sa mga reklamo ay hindi ipinapasa sa hudikatura para sa pag-uusig ngunit ipinadala bilang mga rekomendasyon sa Pangulo (sa ilalim ng Batas 2/2002) o sa Hepe ng Pambansang Pulisya (sa ilalim ng Atas ng Presidente). Ito ay para sa Pangulo o Hepe ng Pulisya (gaya ng kaso ay maaaring maging) upang magpasiya kung gagawa ng aksyon o magsimula ng pandisiplina o pangkriminal na paglilitis.³⁸⁰ Dahil ang mga ulat sa Pangulo at Hepe ng Pulisya sa pangkalahatan ay hindi nakatatanggap ng tugon, ang Komisyon ng Pambansang Pulisya ay karaniwang naglulunsad na mamagitan sa mas mababang antas sa hierarchy ng pulis, kabilang ang lokal at sa probinsya, upang matugunan ang nilalaman ng mga reklamo.³⁸¹

Ang Ombudsman ay itinatag ng Atas ng Pangulo noong 2000 at pagkatapos ay sa pamamagitan ng batas noong 2008.³⁸² Isang independiyenteng ligal na institusyon na inatasang mangasiwa sa pangangasiwa ng publiko, maaari itong mag-imbestiga ng maladministration batay sa mga reklamo at sa sarili nitong inisyatiba,³⁸³ at higit sa lahat ay nakikipag-ugnayan sa mga ahensya ng pampublikong sektor upang malutas ang mga reklamo sa pamamagitan ng pamamagitan at rekomendasyon. Ang mga sagot nito sa mga indibidwal na reklamo ay hindi humantong sa paglilitis sa korte.³⁸⁴

Ang Ombudsman ay pinahintulutan na:

- Humiling ng impormasyon nang pasalita o nakasulat mula sa nagrereklamo, ang nirereklamong partido, o iba pang mga partido na may kaugnayan sa reklamo.
- Imbestigahan ang mga desisyon at liham o iba pang mga dokumento mula sa nagrereklamo o nireklamong partido, upang itatag ang mga katotohanan.

- Humiling ng paglilinaw, o mga kopya ng mga dokumento ayon sa kinakailangan, mula sa anumang mga ahensya at mula sa nireklamong partido.
- Ipatawag ang nagrereklamo, nireklamong partido, at iba pang mga partido na may kaugnayan sa karaingan.
- Ayusin ang karaingan sa pamamagitan ng pamamagitan at pagkakasundo sa kahilingan ng mga partido.
- Gumawa ng mga rekomendasyon para malutas ang karaingan, kabilang ang pagbabayad ng kabayaran at rehabilitasyon ng napinsala na partido
- Ilathala ang mga natuklasan, konklusyon at rekomendasyon sa pampublikong interes.³⁸⁵

Ang Ombudsman ay pinahintulutan din na magsumite ng mga rekomendasyon sa Pangulo, Pinuno ng Rehiyon, o iba pang mga nakatataas na opisyal, na magtutuwid at mapapabuti ng organisasyon o pamamaraan ng mga serbisyong pampubliko, at para ipakilala ang mga ligal na reporma upang maiwasan ang maladministration. Ang mga kapangyarihang ito (mag-ulat at magrekomenda) ay may kinalaman sa mga isyu sa systema kaysa sa mga indibidwal na reklamo. Sa 2011 Taunang Ulat nito, sinabi ng Ombudsman na ang kanyang opisina ay nakatanggap ng 1867 na mga reklamo. Ang pinakamataas na bilang ay may kinalaman sa lokal na pamahalaan (671 – 35.94 porsiyento), na sinusundan ng pulisya (325 – 17.4 porsiyento), ang hudikatura (178 – 9.53 porsiyento), ang National Land Agency (165 – 8.84 porsiyento) Instansi Pemerintah/Kementerian o mga tanggapan ng pamahalaan (154 – 8.25 porsiyento).³⁸⁶

Pagmamanman

Ang mga independiyenteng mekanismo na minamanmanan ang mga kulungan ay mas kaunti at mas mahina kaysa sa mga mekanismo na humawak ng mga reklamo. Ang Komnas HAM ay epektibong ang tanging independiyenteng institusyon na may partikular na awtoridad sa batas upang manmanan ang mga kulungan; ngunit ang awtoridad nito ay mahina. Ang pagmamanman ay isa sa mga pangkalahatang

tungkulin ng Komnas HAM sa ilalim ng batas nito.³⁸⁷ Ang isang sumunod na probisyon, ang pagpapalawak ng pangkalahatang tungkulin nito, ay nagbibigay kapangyarihan sa 'pagmamanman sa pagpapatupad ng mga karapatang pantao at pagtala ng mga ulat ng resulta ng pagmamanman na ito'.³⁸⁸ Ang mga lugar ng pagkulong ay hindi partikular na binanggit dito o sa ibang lugar sa batas. Ang Komnas HAM ay nagtataglay ng lahat ng kapangyarihan na kinakailangan upang manmanan ngunit walang tiyak na kapangyarihan na pumasok at siyasatin ang mga lugar, o gawin ito nang walang pahintulot. Naghahain ito ng mga dalubhasang grupo upang bisitahin ang mga lugar ng detensyon ngunit ang mga pagbisita ay ginawa bilang tugon sa mga reklamo; walang regular na proseso ng pagmamanman.³⁸⁹

Ang Komnas HAM ay may isang memorandum ng pag-unawa sa Pambansang Pulisya upang manmanan ang trabaho sa pulisya. Ang Special Rapporteur on Torture ay nagkomento noong 2010 tungkol dito:

Ang Special Rapporteur ay positibong naglalahad sa pagkakaroon ng maraming mga panloob at panlabas na mekanismo upang manmanan ang trabaho sa pulisya at nahikayat ng Memorandum of Understanding sa pagitan ng pulisya at Komnas HAM (National Human Rights Commission). Sa kasamaang palad, ang mga mekanismo na ito ay di-nakaabot sa kinakailangang independensya at awtoridad upang simulan ang mga proseso na kung saan ay epektibong humantong sa pagtatatag ng pananagutan. Ang kakulangan ng mga independiyenteng at epektibong mekanismo ng pagmamanman, kasama ang posibilidad na magsagawa ng hindi inihayag na mga pagbisita at kumpidensyal na panayam sa mga nakakulong, pati na rin ang mga mekanismo ng mga reklamong naa-access ay patuloy na nagbibigay ng kontribusyon sa walang kaparusahan at isang kapaligiran na kaaya-aya sa pagsasagawa ng tortyur.³⁹⁰

Hindi rin ang Komisyon ng Pambansang Pulisya o ang Ombudsman ay may mga pormal na pagmamanman na responsibilidad, ngunit ang Komisyon ng Pambansang Pulisya ay nagsasagawa ng ilang

pagmamanman ng mga kulungan ng pulisya. Mayroon itong memorandum ng pag-unawa sa Komnas HAM na sumasakop sa mga pagbisita sa mga kulungan.³⁹¹

Pagtatapos

Bagaman ang kawalan ng maaasahang estadistika ay pinipigilan ang tumpak na paghahambing, ang pangkalahatang pinagkasunduan ng mga pandaigdigan at lokal na tagamasid ay ang pagkakataon ng tortyur, at malubhang tortyur sa partikular, ay bumaba ng malaki sa Indonesia pagkatapos ng katapusan ng rehimeng New Order, sa simula ng *reformasi* (1998), at lalo na mula ng pagtatapos ng kaguluhan sa Aceh (2005). Ang pagpapaunlad ay una dahil sa malawak na mga pagbabago sa pulitika sa Indonesia, kabilang ang pagtatapos ng awtoritaryan na pamumuno at ang kapalit nito sa pamamagitan ng isang relatibong demokratikong sistema, mas epektibong pagtataguyod at pagmamanman ng mga organisasyon sibil ng lipunan ngIndonesia, at pagtatapos ng maraming panloob na kaguluhan, lalung-lalo na sa Aceh.

Ang mga pampulitikang pagbabago na ito ay ginawang posible ang maraming tiyak na hakbang na nauugnay sa pagpigil sa tortyur na nag-ambag nang direkta sa pinababang pagkakataon at kalubhaan ng tortyur. Kabilang dito ang ratipikasyon ng mga karadgdagang internasyonal na kasunduan sa karapatang pantao at pagpapatibay ng mga local na batas sa mga karapatang pantao at pagpigil sa tortyur, demilitarization ng pambansang pulisya, at pagtatatag o pagtatatag ng lokal na pambansang institusyon para sa mga karapatang pantao. Ang pagtatapos ng kaguluhan sa Aceh ay malaki ang naging kontribusyon sa pagbawas sa tortyur doon ngunit ang pananatili ng kaguluhan sa Papua ay nagsisiguro sa pananatili ng tortyur doon.

Ang mas malawak na positibong pagbabago sa Indonesia ay kasama ang: mas mahusay na (bagaman hindi sapat) batas; mas malinaw na pamahalaan; mas malawak na pagsusuri sa publiko; mas epektibong pagtataguyod ng mga non-government organization; ang paglitaw ng mga independiyenteng institusyon (kapansin-pansin, Komnas HAM at

Ombudsman) na nag-iimbestiga at nagmamanman ng mga paglabag sa karapatang pantao, kabilang ang tortyur; ang paghihiwalay ng pulisya mula sa militar; at, sa isang lawak, pinabuting pagsasanay.³⁹² Ang mga social media at mga mobile phone ay malikhain din na ginagamit upang madagdagan ang aninaw at pangangasiwa, hindi bababa sa tungkol sa mga pag-aresto at pagkulong.³⁹³ Ang pandaigdigang pagsisiyasat at presyur ay importante din.³⁹⁴

Gayunpaman, ang tortyur ay nananatiling isang seryosong pag-aalala sa karapatang pantao sa Indonesia at ang mga hakbang upang pigilan ito ay hindi sapat. Ang ilang mga grupo ay lalong nasa panganib ng tortyur. Kabilang dito ang mga suspek sa droga at terorismo; gay, lesbian at transgender na tao; at mga aktibistang pampulitika ng Papua.³⁹⁵ Sa tulong ng mga pagtatapos ng ilang mga labanan, ang *reformasi* ay nagbawas ng tortyur ngunit hindi nito ito napigilan. Ang kasalukuyang demokratikong rehimen ay nag-aatubili upang matugunan ang malalim na walang kaparusahan na pinoprotektahan ang mga abusado sa karamihan ng mga bahagi ng pamahalaan at lipunan.

Ang pagpagpapatuloy ng tortyur ay partikular na nauugnay sa

- **Hindi sapat na mga batas** na bigong gawing krimen ang tortyur maliban kung ito ay bumubuo ng isang krimen laban sa sangkatauhan.
- **Hindi sapat na pagpapatupad ng batas** na bihirang humantong sa pag-uusig ng mga opisyal at mas bihirang mag resulta sa mga paghatol at kaparusahan.
- **Hindi sapat na katarungan** na tumatanggap ng mga pag-amin na nakuha ng pamimilit.
- **Hindi sapat na pamumuno** na pinapayagan ang tortyur at, mas malawak, walang kaparusahan, at nabigo upang matiyak na ang chain of command ay epektibo ang pananagutan.
- **Hindi sapat na pagsasanay** na hindi nagtataguyod ng propesyonalismo at mahusay na kasanayan sa pagpapatupad ng batas at hindi binibigyan ng sapat na kapasidad ang mga opisyal

ng pulisya at militar upang magsagawa ng mga imbestigasyon ng walang tortyur.

- **Hindi sapat na pananagutan** na hindi sinisiguro ang wastong pangangasiwa ng mga junior na opisyal at hindi ginagawa na ang mga junior officer, kanilang mga superior, at mga tagapamahala na responsable sa kanilang mga pagkilos.
- **Hindi sapat na mga pamamaraan** na hindi nagbibigay ng epektibong balangkas para sa pagprotekta sa mga suspect, rebelde, nakakulong at mga bilanggo.
- **Hindi sapat na transparency** na hindi nagtataguyod ng matataas na pamantayan ng pananagutan sa pananalapi.

Ang kasalukuyang sitwasyon ay nahuli ng mga rekomendasyon ng Komite ng Mga Karapatang Pantao sa kanyang mga Pagtatapos na mga Obserbasyon sa Indonesia noong 2013.

Dapat mapabilis ng partido ng Estado ang proseso ng pagpapatibay ng isang binagong Kodigo Penal. Dapat tiyakin na ang binagong Kodigo Penal ay kinabibilangan ng isang kahulugan ng tortyur na sumasaklaw sa lahat ng mga elemento na nasa artikulo 1 ng Convention against Torture and other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment at article 7 of the Covenant. Dapat ding matiyak ng Partidong Estado na nabibigay ng sapat ng batas para sa epektibong pagsisiyasat at pag-uusig ng mga may kasalanan ng naturang mga kilos at kanilang mga kasabwat; na, kung nahatulan, ang mga may kagagawan at ang kanilang mga kasabwat ay pinarusahan ng mga parusang katumbas ng kabigatan ng krimen; at ang mga biktima ay sapat na nabayaran. Karagdagan pa, dapat tiyakin ng partido ng Estado na ang mga tauhan ng pagpapatupad ng batas ay makatanggap ng pagsasanay sa pagpigil at pagiimbestiga ng tortyur at pagmamaltrato sa pamamagitan ng pagsasama ng Manual on the Effective Investigation and Documentation of Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (Istanbul Protocol) sa lahat ng kanilang mga programa sa pagsasanay.³⁹⁶



TALABABA

1. Free Legal Assistance Group and Foundation for Integrative and Development Studies (FIDS), Unibersidad ng Pilipinas, *Torture Philippines, Law and Practice* (FIDS, 2003), p. 16.
2. Proklamasyon ng Presidente Bilang 1081, 1972 (Pilipinas)
3. General Order No. 2-A, 1972 (Philippines). Tignan din: Carlo A. Carag, 'The Legal Implications of the Lifting of Martial Law in the Philippines', *Philippine Law Journal*, 55 (1980), p. 449.
4. Ang NPA ay may presensya sa buong bansa at bakas ang mga pinagmulan nito sa Hukbalahap, isang pwersang gerilya laban sa mga Hapon na binuo ng mga magsasaka noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang mga pangunahing separatistang grupo ng mga Muslim noong panahong ito ay Moro National Liberation Front, ang Moro Islamic Liberation Front at ang grupo ng Abu Sayaff. Bago ang pamumuno ng mga Kastila, karamihan sa mga naninirahan sa mga kapuluan na ngayon ay kilala bilang Pilipinas ay mga Muslim. Sa panahon ng 300 taon ng pananakop ng Espanya, ang Luzon at Kabisayaan ay nabinyagang Kristyano at naging Katolisismo ang relihiyon ng nakararami, habang sa Mindanao ay nanatiling Muslim ang nakararami.
5. Isang akronim na tumutukoy sa National Waterworks and Sewerage Authority.
6. Isang akronim na tumutukoy sa Manila Electric Company.
7. Free Legal Assistance Group and FIDS, *Torture Philippines, Law and Practice* (FIDS, 2003), p. 17.
8. Rinatipika ng kanyang gobyerno ang International Covenant on Civil and Political Rights at Convention against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment; pinagtibay ang bagong Konstitusyon na may mas malawak na katipunan ng mga karapatan; at nagtatag ng Philippine Commission on Human Rights, na tinatalakay sa ibaba.
9. Amnesty International, *Annual Report* (1989), p. 195.
10. Amnesty International, *Annual Report* (1990), p. 197.
11. Human Rights Watch, *World Report* (1989).
12. Panayam kay Sr. Cresencia Lucero SFIC, Chair, Task Force Detainees of the Philippines, ika-4 Setyembre 2014, Lungsod ng Quezon, Luzon.
13. United States Department of State, *Country Reports on Human Rights Practices for 1992*, p. 637.
14. United States Department of State, *Country Reports on Human Rights Practices for 1992*, p. 637.
15. Amnesty International, *Annual Report* (1994), p. 242.
16. Human Rights Watch, *World Report* (1992).
17. Panayam kay Nilda Sevilla, Kapwa-Pinuno, Families of Victims of Involuntary Disappearances, 12 Enero 2015, Lungsod ng Quezon, Luzon.
18. Ulat ni UN Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary or Arbitrary Executions, Philip Alston, Addendum, Follow-up to Country Recommendations – Philippines, UN DOC A/HRC/11/2/Add.8, 29 Abril 2009, p. 7.
19. United States Department of State, *Country Reports on Human Rights Practices for 2002*.
20. Amnesty International, *Annual Report* (2002), p. 196.
21. Amnesty International, *Annual Report* (2004), p. 183.

22. Human Rights Watch, *World Reports* (2007), p. 316.
23. Amnesty International, *Annual Report* (2007), p. 210.
24. Sa ilalim ng mga panuntunan ng Writ of Amparo, sec. 1, ang petisyon para sa isang Writ of Amparo ay magagamit ng sinumang tao na ang karapatan sa buhay, kalayaan at seguridad ay nilabag o nanganib sa paglabag ng mga kasong ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala.
25. *Secretary of National Defense v Manalo*, G. R. No. 180906, 7 Oktubre 2008.
26. Human Rights Council, Report of the Working Group on the Universal Periodic Review, UN DOC A/HRC/21/12, 9 Hulyo 2012, para. 22.
27. United States Department of State, *Country Reports on Human Rights Practices for 2011*, pp. 5-8.
28. Isang rebeldeng grupo ng mga Muslim
29. United States Department of State, *Country Reports on Human Rights Practices for 2011*, pp. 5-8.
30. At: <http://newsinfo.inquirer.net/571329/torture-chamber-in-laguna-closed>.
31. At: <http://www.theguardian.com/world/2014/jan/28/philippines-police-wheel-of-torture-game>. Tignan din sa <http://www.bbc.com/news/world-asia-25923683>.
32. Panayam kay Atty. Beverly Longid, 7 Hunyo 2014, Lungsod ng Baguio, Hilagang Luzon.
33. Panayam kay Sr. Cresencia Lucero SFIC, Pinuno ng Task Force Detainees of the Philippines, 4 Setyembre 2014, Lungsod ng Quezon, Luzon.
34. Panayam kay Nixon M. Alonzo, Special Investigator III, Panrehiyong Komisyon sa Karapatang Pantao, at dating Executive Director, Kapatutan Bahran, 27 Mayo 2014, Lungsod ng Zamboanga, Mindanao.
35. Ang Human Security Act, Batas ng Republika Blg. 9372, 2007 (Pilipinas), ay nagpapahintulot ng bahagyang masmahabang panahon sa konteksto ng kontra-terorismo; Gayunpaman, ang matinding parusa ng parehong batas para sa mga pang-aabuso ay nagpahina ng loob ng mga opisyal sa paggamit ng mga ito at pinigilan ang mga ito mula sa pagiging lubos na mapatupad.
36. Binagong Kodigo Penal, 1930, binago (Pilipinas). Ang mga kriminal na mga probisyong ito ay nananatiling may bisa.
37. 1987 Saligang Batas, art. VII, sek. 21, inilahad na 'Walang kasunduan o internasyonal na kasunduan ay may bisa at epektibo maliban kung pumayag ang hindi bababa sa dalawa't-ikatlo ng lahat ng miyembro ng Senado'. Para sa aplikasyon ng probisyong ito. Tignan ang *Pharmaceutical and Health Care Association v. Health Secretary*, G.R. No. 173034, 9 Oktubre 2007.
38. 1987 Saligang Batas ng Pilipinas, art. III, sek. 12.
39. 1987 Saligang Batas nng Pilipinas, art. III, sek. 12.
40. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 2
41. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 2
42. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 2
43. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 2
44. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 4
45. Batas ng Republika Bilang 7438, 1992 (Philippines), sek. 4
46. Batas ng Republika Bilang 9745, 2009 (Pilipinas), sek. 6
47. Batas ng Republika Bilang 9745, 2009 (Pilipinas), sek. 12
48. Batas ng Republika Blg. 9745, 2009 (Pilipinas), sek. 12.
49. Mga Pagpapatupad ng mga Patakaran at Regulasyon 2010 (Pilipinas) ng Batas ng Republika Blg 9745 sek. 24.

50. Batas ng Republika Blg. 10353, 2012 (Pilipinas), sek. 6.
51. Panayam kay Lina Sarmiento, Pinuno, Human Rights Victims Claims Board, dating Heneral ng Pulisya at Pinuno ng Opisina ng Philippine National Police Human Rights Affairs, 5 Setyembre 2014, Lungsod ng Quezon, Luzon.
52. Committee against Torture, Concluding Observations on the Philippines, UN DOC CAT/C/PHL/CO/2, 29 Mayo 2009, para. 7.
53. Committee against Torture, Concluding Observations on the Philippines, UN DOC CAT/C/PHL/CO/2, 29 Mayo 2009, para. 7.
54. Committee against Torture, Concluding Observations on the Philippines, UN DOC CAT/C/PHL/CO/2, 29 Mayo 2009, para. 12.
55. Free Legal Assistance Group and Foundation for Integrative and Development Studies, University of the Philippine, *Torture Philippines, Law and Practice* (FIDS, 2003), 56-59. Ang pananaliksik na ito ng pagsasagawa ng tortyur sa Pilipinas ay batay sa mga panayam sa mga bilanggo at nangangalagang mga opisyal ng isang koponan na may 16 na mananaliksik at mga propesor ng sikolohiya.
56. Tignan ang nakaraang talababa.
57. Panayam kay Dennis Villa-Ignacio, Former Judge and Special Prosecutor, 20 Enero 2015, Manila, Luzon. Ayon kay Villa-Ignacio, ang teknolohiya ay bumubuti ngunit ito ay hindi ganap na ginamit; marami pa ring mga opisyal ang gumagamit ng kalupitan. Ang ilang teknolohiya ay nananatiling hindi magamit: ang mga serbisyo ng pulisya ng Pilipinas ay dapat pumunta sa Hong Kong kung kailangan nito ang isang makinang tinig-pangkilala, halimbawa
58. PCHR, 2011 Annual Report, p. 5. At: <http://www.chr.gov.ph/>.
59. Isang buwan at isang araw hanggang anim na buwan ng pagkabilanggo.
60. Anim na buwan at isang araw hanggang anim na taon ng pagkabilanggo.
61. Binagong Kodigo Penal, 1930, binago (Pilipinas), art. 235.
62. Binagong Kodigo Penal, 1930, binago (Pilipinas), art. 235.
63. Binagong Kodigo Penal, 1930, binago (Pilipinas), art. 90.
64. Ang pinakamataas na hukuman ng bansa at korte ng huling dulugan
65. *Mga Tao vs. Torreja*, G. R. No. 132339, 4 Pebrero 2002.
66. *Mga Tao vs. Alegarbes*, G. R. No. L-49761, 21 Setyembre 1997.
67. *Mga Tao vs. Ravelo*, G.R. No. 78781-82, 15 Oktubre 1991.
68. Isang para-militar na grupo na nasa ilalim ng hurisdiksyon ng militar.
69. *Punzalan vs. Mga Tao*, G. R. Nos. L-8820 & L-8821, 25 Mayo 1956.
70. *US vs. Pabalan*, G.R. No. L-13020, 20 Disyembre 1917.
71. *US vs. Cusi*, G.R. No. 3699, 18 Marso 1908.
72. Batas ng Republika Blg. 9745, 2009 (Pilipinas), sek. 3(a).
73. Batas ng Republika Blg. 9745, 2009 (Pilipinas), sek. 3(a).
74. Ang paggamit ng 'at' sa batas, sa halip na 'o' tulad ng sa UN Convention against Torture, ay hindi lumitaw na makabuluhan: ang batas ng Pilipinas ay nakaayon sa UN Convention.
